



جمعية الدعوة نور
الدعوة للصحة

جمعية الدعوة والارشاد وتوعية الجاليات بغرب الدمام " نور "

الكتب الألكترونية

ANG AKLAT NG
LIMAMPUNG KAGANDAHAN
NG RELIHIYONG ISLAM

كتاب خمسين محاسن دين الإسلام

باللغة الفلبينية

055826111

t3awni_noor



**ANG AKLAT NG LIMAMPUNG
KAGANDAHAN NG RELIHIYONG
ISLAM**

**TINIPON AT INIHANDA NI
Musnad Alqahtani**

**TAGAPANGARAL NG MINISTRY OF ISLAMIC
AFFAIRS IN EASTERN PROVINCE BRANCH**

**ISINALIN SA WIKANG FILIPINO NI
Idres Tomambo Negroprado**

**AT IWINASTO SA WIKANG TAGALOG NI:
Benjamin “Muhammad” Ramos**

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ

PAMBUNGAD

Ang lahat na papuri ay nauukol lamang para kay Allah (swt) na Siyang lumikha sa atin sa pinakamahusay na pagkakalikha, at ginabayan tayo sa matuwid na landas, at nagpadala sa atin ng mga Mensahero at pinagkalooban sila ng mga Aklat at nagbiyaya sa atin ng kaisipan upang matukoy ang tama at mali, ang katotohanan at ang kasinungalingan. Ang Pagpapala at Kapayapaan sa Kanyang ipinadala bilang awa sa sanlibutan, ang ating mahal na Propeta Muhammad at sa kanyang pamilya at sa lahat niyang kasamahan.

Itong Aklat ng Limampung Kahusayan ng Relihiyong Islam na aking nakikita na isa sa pinakamahalagang dapat malaman ng mga tao tungkol sa relihiyong ito, lalo na sa panahon natin ngayon na dumarami ang mga grupo na sumisira sa Islam. Dahil dito ilan na sa mga tao ang umayaw o kaya umusig sa Islam, kahit alam na nila ang katotohanan. Bakit nila ito nagawa? Marahil sila ay naniwala sa mga paninira ng mga grupo na galit sa Islam at naging isa sila sa mga nag-aanyaya.

Katulad na lamang ng isang Film maker na si **Arnold Vandro** na isang Dutch. Siya ay gumawa ng pelikula na sumisira sa Propeta Muhammad (saws), na naging sikat sa buong mundo.

At pagkatapos may umabot sa kanya na aklat tungkol sa buhay ng Propeta (saws), at kanyang binasa ito at nalaman niya ang mga pag-uugali ng Propeta (saws) at ang katotohanan sa relihiyong Islam at dahil ditto siya ay yumakap sa Islam at sumunod rin ang kanyang asawa at anak na lalaki. Ang kanilang kuwento ay mapapanuod sa You tube.

Sa katotohanan ang mga kagandahan ng Relihiyong Islam ay napakarami, lahat ng ito ay maganda at hindi na kailangan ipaanyaya dahil sa kagandahang taglay nito. maliban kung ilabas ang katotohanan na walang karagdagan. Ang mabuting mensahe ng Islam ay hindi pa nakararating sa karamihan ng mga tao pati na din ang tamang larawan nito, maaari na ang nakarating sa kanila ay mga kamalian at kasinungalingan lamang.

Ilalahad ko sa ibang mga talata mula sa aklat na ito ang ilang pagsasaksi o pagpapatunay ng ilang mga taong taga Silangan na nag-aral ng Islam at inihambing ang Islam sa ibang mga relihiyon at pagkatapos ay isinulat ang kanilang mga pagsasaksi at mga salita sa pamamagitan ng pagdagdag ng mga pagsasaksi at salita ng mga pumasok sa Islam mula sa iba't ibang relihiyon.

Gawin po sana tayo ng Allah (swt) bilang mga Tagapatnubay at Nagabayan at hindi mga Naliligaw at Nanliligaw.

MUSNAD ALQAHTANI

TAGAPANGARAL NG MINISTRY OF ISLAMIC AFFAIRS

20/11/1432 H - 03/09/2015

1. Ang Islam ay nag-aanyaya tungo sa Kaisahan ng Allah (swt), Pagdakila at Pagpapalaya sa mga Tao mula sa Pang-aalipin maliban kay Allah (swt).

Wala ng karapat-dapat na sambahin ng totoo maliban kay Allah (swt), kaya ang mga Muslim ay nananalangin lamang kay Allah (swt) na nag-iisa at hindi umaasa maliban sa Allah (swt) at hindi humahangad maliban sa Allah (swt) at hindi natatakot maliban kay Allah (swt) lamang. Nakatitiyak na si Allah (swt) ay nag-iisa lamang na Nagmamay-ari ng kapahamakan at kapakinabangan. At ang Allah (swt) ay walang katambal sa Kanyang kaharian at pamamahala kahit pa ito ay ipinadalang Propeta o malapit na Anghel o mabubuting tao, katulad sa pagbabawal ng Islam sa pagpunta sa mga Manghuhula at Salamangkero at Mangkukulam.

وَأَنَّ الْمَسَاجِدَ لِلَّهِ فَلَا تَدْعُوا مَعَ اللَّهِ أَحَدًا

Sabi ng Allah (swt): “At ang mga bahay pagsamba ay kay Allah (swt) lamang kaya huwag kayong manalangin na may kasama si Allah (swt) ng anupaman”. [72:18]

فَمَنْ كَانَ يَرْجُوا لِقَاءَ رَبِّهِ فَلْيَعْمَلْ عَمَلًا صَالِحًا وَلَا يُشْرِكْ بِعِبَادَةِ رَبِّهِ أَحَدًا

Sabi ni Allah (swt): “At ang sinumang humahangad na makita ang kanyang Panginoon ay gumawa ng mabuting gawa at huwag magtambal sa pagsamba sa kanyang Panginoon ng anupaman”. {18:110}

عن أبي ذر رضي الله عنه قال : قال رسول الله صلى الله عليه و سلم (آتاني آت من ربي فأخبرني أو قال بشري أنه من مات من أمتي لا يشرك بالله شيئاً دخل الجنة) قلت وإن زنى وإن سرق؟ قال (وإن زنى وإن سرق) متفق عليه

Inulat ni Abu Dhar (r.a.) na sinabi ng Mensahero ng Allah (saws): “May dumating sa akin mula sa aking Panginoon at saka nagbalita na ang sinumang namatay mula sa aking Nasyon na hindi nagtatambal kay Allah (swt) ng anupaman ay makakapasok sa Paraiso). Sinabi ko: Kahit pa siya ay nangalunya at nagnakaw?. Sabi ng Propeta (saws): (kahit na nangalunya at nagnakaw”. [Bukhari at Muslim]

عن عبد الله بن عباس رضي الله عنهما قال : كنت خلف النبي - صلى الله عليه وسلم - فقال : ((يا غلام
 إني أعلمك كلمات : احفظ الله يحفظك ، احفظ الله تجده تجاهك ، إذا سألت فاسأل الله ، وإذا استعنت فاستعن
 بالله ، واعلم أن الأمة لو اجتمعت على أن ينفعوك بشيء ، لم ينفعوك إلا بشيء قد كتبه الله لك ، وإن اجتمعوا
 على أن يضروك بشيء ، لم يضروك إلا بشيء قد كتبه الله عليك ، رفعت الأقلام وجفت الصحف)) . الترمذي

Inulat ni Abdullah bin Abbas (r.a.) Noon ako'y nasa bandang likuran ng Propeta (saws), at siya'y nagsabi: "Oh bata!, Tunay na tuturuan kita ng mga salita: Ingatan mo si Allah, iingatan ka rin Niya, Ingatan mo si Allah, makikita mo Siya sa iyong harapan, at kapag ikaw ay humiling, humiling ka sa Allah, at kapag ikaw ay humingi ng tulong, humingi ka ng tulong kay Allah, Dapat malaman mo na kahit pa magsama-sama ang lahat ng tao upang ikaw ay bigyan ng anumang kapakinabangan, hindi sila makapagbibigay sa iyo ng pakinabang maliban sa bagay na sinulat ng Allah para sa iyo, at kapag sila ay magsama-sama upang bigyan ka ng anumang kapahamakan, hindi ka mapapahamak maliban sa bagay na sinulat ni Allah laban sa iyo, sapagka't naiangat na ang mga panulat at natuyo na ang papel). [Isinalaysay ni Tirmidhi at Sahih Jami 7957]

Ang Kaisahan ng Allah (swt) ay relihiyon ng lahat ng mga Propeta at Mensahero.

وَمَا أَرْسَلْنَا مِنْ قَبْلِكَ مِنْ رَسُولٍ إِلَّا نُوحِي إِلَيْهِ أَنَّهُ لَا إِلَهَ إِلَّا أَنَا فَاعْبُدُونِ

Sinabi ng Allah (swt): {At hindi Kami nagpadala bago pa sa iyo mula sa sinumang mensahero maliban na ipinapahayag Namin sa kanya na talagang walang diyos maliban sa Akin, kaya't sambahin ninyo Ako.} [21:25]

Ang Muslim na naniniwala sa Kaisahan ni Allah (swt) ay nakahihigit na tao sa kaligtasan at katiwasayan at kasiyahan at katapangan at kalayaan, sapagkat ang Islam ang nagpalaya sa tao mula sa pagpapaalipin maliban kay Allah (swt), tulad sa pagpaalipin sa mga tao o rebulto o pagnanasa at kahalayan.

PAGPAPATOTOO (1)

Napatigil ako ng marami tungkol sa Sistema ng Tawheed (Kaisahan ng Allah) sa Islam, at ito ang pinakamatindi sa mga katuruan ng Islam sapagkat ang Tawheed ay ginagawa akong alipin ni Allah (swt) na nag-iisa at hindi alipin ng kahit sinuman mula sa mga tao. Ang Tahweed sa Islam ay nagpapalaya sa tao at ginagawa siya na hindi nagpapailalim sa kahit kaninupaman sa mga tao, at ito ang totoong kalayaan dahil walang pagpapaalipin maliban kay Allah (swt) lamang.

- Ibrahim Khalil Ahmad dating isang Ehiptong Pari na pumasok sa Islam pagkatapos ng malalim na masusuring pag-aaral sa Islam.

PAGPAPATOTOO (2)

Noon naniniwala ako sa Doktrina ng Trinidad (Ama, Anak at Espirito Santo) at itinuturo ko ito. Nakatagpo ako ng isang Muslim na taga-Saudi at inaanyayahan ko siya sa aking paniniwala subali't nagulat siya sa akin at ipinakita ang kanyang pagkagulat at nagsabi: Paano tatanggapin ng tao na ang Diyos ay tatlo at saka nagkwento siya sa akin tungkol sa Kaisahan ng Diyos sa Islam, natamaan ako at namangha sa oras na iyon, dahil iyon ang tunay na Kaisahan na nagpapakita sa kadakilaan ng Diyos at pagkatapos ay nakita ko siya kung paano magdasal at namangha ako sa tanawin ng pagdarasal at pagyuko at pagpatirapa at aking naramdaman na ito ang totoong pagsamba, kaya ito ang simula ng aking pagyakap sa Islam).

- Yusof Ricardo Bautista na isang Pilipino na yumakap sa Islam at naging Tagapangaral sa Jubail Islamic Center, at Tunay na maraming pumasok sa Islam dahil sa kanya mula sa sampung libong katao sa loob ng dalawampung taon, ang Pagpapasalamat ay kay Allah (swt) lamang. At siya mismo ang nagsalaysay sa akin ng kanyang kuwento.

2. Ang Islam ay naniniwala sa lahat ng mga Propeta, Mensahero at sa lahat ng mga Aklat mula sa Langit at ang Qur'an ang nagpatotoo rito.

Ang mga ito ay kasama sa mga haligi ng Pananampalataya tulad sa ipinapakita ng Islam sa mga Magagandang Katangian ng mga Propeta at

magagandang pag-uugali. At sila ay hindi nagkakasala ng mga Kalaswaan at Malalaking Kasalanan, tulad sa nabanggit ni Allah (swt) sa Qur'an tungkol sa kwento ni Maria at sa kanyang panganganak kay Hesus (a.s.) gamit ang estilong literatura na malayo sa kawalan ng kahihyan.

آَمِنَ الرَّسُولُ بِمَا أُنزِلَ إِلَيْهِ مِنْ رَبِّهِ وَالْمُؤْمِنُونَ كُلٌّ آمِنَ بِاللَّهِ وَمَلَائِكَتِهِ وَكُتُبِهِ وَرَسُولِهِ لَا يَفِرُّ بَيْنَ أَحَدٍ مِنْ رَسُولِهِ وَقَالُوا سَمِعْنَا وَأَطَعْنَا غُفْرَانَكَ رَبَّنَا وَإِلَيْكَ الْمَصِيرُ

Sabi ng Allah (swt): “Naniwala ang Mensahero sa ipinababa sa kanya mula sa kanyang Panginoon at gayundin ang mga Mananampalataya, lahat sila ay naniwala sa Allah (swt) at sa Kanyang mga Anghel at mga Aklat at mga Mensahero, At hindi namin sila inihiwalay sa pagitan ng sinuman sa kanyang mga mensahero at sila’y magsabi: Narinig namin at susundin namin ang kapatawaran Mo Oh aming Panginoon at sa Iyo rin ang patutunguhan”. {2:285}

Tunay na binanggit ng Allah (swt) sa Banal na Qur'an ang dalawampu't limang mga pangalan.

- Tulad sa pagbanggit sa pangalan ng Propeta ng Allah (swt) na si Abraham (a.s.) ng (69) na beses.
- At nabanggit din ang pangalan ng Propeta ni Allah (swt) na si Moises (a.s.) ng (136) na beses.
- Gayundin nabanggit ang pangalan ng Propeta ni Allah (swt) na si Hesus (a.s.) ng (25) na beses.
- At nabanggit din ang pangalan ni Maria Mapasakanya nawa ang Kapayapaan ng (24) na beses.
- Ngunit nabanggit ang pangalan ng ating Propeta na si Muhummad (saws) ng (4) na beses lamang.

Ang Banal na Qur'an ay nagpapatotoo sa unang kapahayagan mula sa mga Aklat na mula sa Kalangitan na ginawa ng Allah (swt) bilang Mangingibabaw, at ito ang pinakamainam na Aklat ng Allah (swt) at pinakamatindi at para sa pangkalahatan at panghuli sa lahat.

وَأَنْزَلْنَا إِلَيْكَ الْكِتَابَ بِالْحَقِّ مُصَدِّقًا لِمَا بَيْنَ يَدَيْهِ مِنَ الْكِتَابِ وَمُهَيْمِنًا عَلَيْهِ

Sabi ng Allah (swt): “At Ipinababa Namin sa iyo ang Aklat na may katotohanan bilang nagpapatunay sa sinundan nitong Kasulatan at magsisilbing pamantayan nito”. {5:48}

Katulad ng Islam na nag-aanyaya sa paggalang sa ibang mga relihiyon at pinagbawalan na murahin ang mga ito o kaya ay laitin gamit ang mga kagandahan ng Islam.

وَلَا تَسُبُّوا الَّذِينَ يَدْعُونَ مِنْ دُونِ اللَّهِ فَيَسُبُّوا اللَّهَ عَدْوًا بِغَيْرِ عِلْمٍ كَذَلِكَ زَيْنًا لِكُلِّ أُمَّةٍ عَلَيْهِمْ ثُمَّ إِلَىٰ رَبِّهِمْ مَرْجِعُهُمْ فَيُنَبِّئُهُمْ بِمَا كَانُوا يَعْمَلُونَ

Sinabi ni Allah (swt): “At huwag ninyong lalaitin ang mga yaong nananalangin bukod pa kay Allah, at saka lalaitin nila si Allah sanhi ng pagkapoot na wala namang alam. Gayundin ipinaganda Namin sa bawat pamayanan ang kanilang mga gawain, at pagkatapos ay tungo sa kanilang Panginoon ang kanilang babalikan, at saka babalitaan sila sa dati nilang pinaggagawa”. {6:108}

PAGPAPATOTOO (3)

Sa Aklat ng Torah na naging Tagapag-gabay ng mga tao, at pundasyon ng kanilang pag-uugali hanggang dumating ang Mesiah na si Hesus (a.s.), kaya sinunod ng mga tao ang katuruan ng Injil, at pagkatapos pinalitan ng Qur'an ang kanilang mga lugar. Tunay na ang Qur'an ay kumpleto at detalyado kaysa Dalawang Aklat. Katulad sa pagwasto ng Qur'an sa anumang ipinasok sa dalawang aklat mula sa pagpalit at pagbago, ngunit sakop ng Qur'an ang lahat ng bagay at sakop ang lahat ng mga batas, kaya ito ang selyo ng mga Aklat na mula sa Kalangitan.

PAGPAPATOTOO (4)

Katotohanang namangha ako ng labis sa kalagayan ng Islam kaysa ibang mga relihiyon, dahil sa natagpuan namin na ang Islam ay tumitingin sa mga Malalaking Relihiyon sa mundo na ito ay nagmula sa iisang kalangitan. Ito ay isang uri ng Pag-amin at paggalang sa ibang mga relihiyon, at ito ang pinakamalapit sa lohika at pagpaparaya kaysa

kalagayan ng Kristiyanismo na naglalarawan sa lahat ng mga relihiyon na hindi Kristiyanismo na kabilang sa mga Paganismo.

- Peggy Roderick na isang Indiano na lumaki sa ilalim ng kolonisasyon ng Britanya sa India at siya ay isang dating kristyano na kalaunan ay pumasok sa Islam.

PAGPAPATOTOO (5)

Ang tingin ko dati sukdulang Pang-aapi ang pagpasan ni Hesus (a.s.) sa lahat ng kasalanan ng mga tao at saka ipinako sa krus upang mabura lamang ang kanilang mga kasalanan. Nakabisita ako sa isang Muslim na pamilyang Palestino upang ikwento sa kanila ang pananampalatayang Kristiyanismo, at binasahan nila ako ng Kabanata mula sa Qur'an na tinatawag na Maryam na nakasalin sa aking wika, kaya narinig ko ito at nagmuni-muni ako at pagkatapos ako ay pumasok sa Islam at ako'y napaiyak ng husto at hindi ko alam kung ang aking pag-iyak ba ay pagsisi o kasiyahan).

- Vilma at siya ay babaeng tagapangaral ng relihiyon na galing sa Australia, at pinangalanan niya ang kanyang sarili sa Islam bilang Salwa.

3. Ang Islam ay Mataas na Pangrelihiyon at Panghuling Relihiyon mula sa Kalangitan.

Ang Islam ay mensahe ng Allah (swt) para sa lahat ng mga tao at hindi lamang sa mga arabo.

قُلْ يَا أَيُّهَا النَّاسُ إِنِّي رَسُولُ اللَّهِ إِلَيْكُمْ جَمِيعًا

Sabi ng Allah (swt) : “Sabihin mo Oh! sangkatauhan ako ay mensahero ni Allah (swt) para sa inyong lahat”. {7:158}

Bagkus pati sa mga Engkanto (Jinn) na kailangan silang pumasok sa Islam katulad sa sinabi ng Allah (swt):

وَمَا خَلَقْتُ الْجِنَّ وَالْإِنْسَ إِلَّا لِيَعْبُدُونِ

“At hindi Ko nilikha ang mga Engkanto at mga Tao maliban na sambahin nila Ako”. {51:56}

Hindi ito panibagong Relihiyon na para lamang sa pangkalahatan, bagkus ito ay Relihiyon ng lahat ng mga Propeta at mga naunang Mensahero.

مَا كَانَ إِبْرَاهِيمَ يَهُودِيًّا وَلَا نَصْرَانِيًّا وَلَكِنْ كَانَ حَنِيفًا مُسْلِمًا وَمَا كَانَ مِنَ الْمُشْرِكِينَ

Sabi ng Allah (swt) tungkol sa Kanyang Propeta na si Ibrahim (a.s.): “Si Ibrahim ay hindi isang Hudyo at hindi rin isang Kristiyano, bagkus siya ay isang matuwid na Muslim at hindi kaanib ng mga Pagano”. {3:67}

رَبِّ قَدْ آتَيْتَنِي مِنَ الْمُلْكِ وَعَلَّمْتَنِي مِنْ تَأْوِيلِ الْأَحَادِيثِ فَاطِرَ السَّمَاوَاتِ وَالْأَرْضِ أَنْتَ وَلِيِّ فِ
الدُّنْيَا وَالْآخِرَةِ تَوَفَّنِي مُسْلِمًا وَأَلْحَقْنِي بِالصَّالِحِينَ

Sabi ni Allah (swt): “Oh aking Panginoon, bigyan Mo po ako ng Kaharian at turuan Mo po ako ng paliwanag sa mga panaginip, dahil ikaw ang Tagapaglikha ng mga kalangitan at kalupaan at ikaw ang aking Tagapangalaga sa mundo at sa kabilang-buhay, kaya bigyan Mo ako ng wakas na bilang muslim at isama Mo ako sa mga mabubuting tao”. {12:101}

وَقَالَ مُوسَى يَا قَوْمِ إِنْ كُنْتُمْ آمَنْتُمْ بِاللَّهِ فَعَلَيْهِ تَوَكَّلُوا إِنْ كُنْتُمْ مُسْلِمِينَ

Sabi ng Allah (swt) : “At sinabi ni Musa Oh aking pamayanan kung kayo ay maniwala kay Allah (swt) samakatuwid sa Kanya kayo umasa kung kayo ay mga Muslim”. {10:84}

وَإِذْ قَالَ عِيسَى ابْنُ مَرْيَمَ يَا بَنِي إِسْرَائِيلَ إِنِّي رَسُولُ اللَّهِ إِلَيْكُمْ مُصَدِّقًا لِمَا بَيْنَ يَدَيَّ مِنَ التَّوْرَةِ
وَمُبَشِّرًا بِرَسُولٍ يَأْتِي مِنْ بَعْدِي اسْمُهُ أَحْمَدٌ فَلَمَّا جَاءَهُمْ بِالْبَيِّنَاتِ قَالُوا هَذَا سِحْرٌ مُبِينٌ

Bagkus si Hesus (a.s.) – ay nagbabalita tungkol kay Muhammad (saws) katulad sa sinabi ng Allah (swt):

“At sinabi ni Hesus (a.s.) na anak ni Maryam, (O mga angkan ng Israel tunay na ako ay Mensahero ng Allah (swt) sa inyo bilang nagpapatunay sa Torah na nauna sa akin at nagbibigay ng magandang balita tungkol sa isang Mensahero na darating pagkatapos ko na ang kanyang pangalan ay

si Ahmad, subalit sa oras na siya'y dumating sa kanila dala ang mga malinaw na katibayan, sasabihin nila na ito ay malinaw na salamangka". {61:6}

الَّذِينَ يَتَّبِعُونَ الرَّسُولَ النَّبِيَّ الْأُمِّيَّ الَّذِي يَجِدُونَهُ مَكْتُوبًا عِنْدَهُمْ فِي التَّوْرَةِ وَالْإِنْجِيلِ

Sabi ng Allah (swt): "Mga yaong sumusunod sa Mensaherong Propeta na walang pinag-aralan na makikita nila na nakasulat sa Torah at Injil". {7:157}

الَّذِينَ آتَيْنَاهُمُ الْكِتَابَ يَعْرِفُونَهُ كَمَا يَعْرِفُونَ أَبْنَاءَهُمْ وَإِنَّ فَرِيقًا مِنْهُمْ لَيَكْتُمُونَ الْحَقَّ وَهُمْ يَعْلَمُونَ

Sabi ni Allah (swt): "Mga yaong ipinagkalooban Namin ng aklat ay kanilang kilala si (Muhammad) tulad sa pagkilala nila sa kanilang mga anak na lalaki, at Tunay na may grupo mula sa kanila na tinatakpan nila ang katotohanan kahit alam na nila ito". {2:146}

PAGPAPATOTOO (6)

At Karamihan sa mga Maalam sa mga Angkan ng Kasulatan ay kanilang kilala si Muhammad (saws) at ang anumang dumating na katotohanan sa kanya. Tulad sa pagiging pagka propeta ni Muhammad (saws) na nabanggit sa Injil o Ebanghelyo ni Hesus (a.s.) ng higit sa apat na beses at nilalarawan sa katagang (Paraclete) o (Periclytos) na ang ibig sabihin ay Ahmad o Muhammad (Pinupuri) at gayundin sa ebanghelyo ayon kay Juan (15:14-30).

PAGPAPATOTOO (7)

Ang Islam ay pangkalahatang patakaran at pandaigdig na relihiyon para sa lahat ng tao sa bawat panahon. At hindi nangyari na ang Islam ay humihiwalay dahil sa lahi o lugar o sibilisasyon o baitang, sapagkat ang bawat mananampalataya sa katotohanan ay isang muslim na naging masayahin dahil sa kapatiran sa Islam na kasama ang lahat ng tao sa bawat panahon at lugar, at ito ang lihim ng lakas ng Islam.

Ang Islam ay hindi bagong relihiyon na nagmula kay Muhammad (saws), bagkus ito ay kumalat sa kalupaan pagkatapos ng anim na raang taon sa pag-akyat ni Hesus (a.s.) sa kalangitan, kumalat ulit ang rebelasyon na binuo ang lahat ng naunang mga relihiyon mula sa kalangitan at ibinalik ang dalisay na orihinal, at ang lahat na mga Propeta na ipinadala ng Allah (swt) Mapasakanila nawa ang Kapayapaan na sila nagpasakop sa Allah (swt) at kanilang mga mensahe ay laging nag-iisa).

- (1,2) Deborah Potter isang Amerikanang Mamamahayag.

PAGPAPATOTOO (8)

Noong buwan ng Oktubre 1965 pinuri ng Kapulungan ng Vatican ang mga katotohanan na dinala ng Islam tungkol sa relasyon kay Allah (swt) at Kanyang kapangyarihan at kay Hesus at Maria at mga Propeta at Mensahero – Mapasakanila ang Kapayapaan -. Tunay na namangha ang ibang mga Kristiyano sa kahalagahang espirituwal ng relihiyong Islam at laking gulat nila sa mga pang-aapi ng kanilang relihiyon sa kasaysayan sa mga lipunan ng mga Muslim).

- Maxim Rudens isang Tagasaliksik at Guro sa Mataas na Edukasyon sa Paris.

PAGPAPATOTOO (9)

Nakita ko na ang Propeta Muhammad (saws) ay hindi nagdala ng panibagong Relihiyon, bagkus ito ay kumukumpirma at gumaganap sa mga naunang mensahe, at kabilang dito ang mensahe ni Hesus (a.s.), na kung saan aking pinag-aralan sa Kristiyanismo at Bibliya na si Hesus ay nagbibigay ng magandang balita na may parating na ibang tao dala ang buong katotohanan para sa sangkatauhan, at hindi ko ito lubos na naunawaan ang balitang ito sa bibliya hanggang sa nabasa ko ang mga talata sa Qur'an sa bandang unahan ng Kabanata ng Baqarah, at naging

sapat sa akin ang mga talata at nakatulog ako ng mahimbing at katiwasayan sa unang beses ng aking buhay).

- Muhammad Sharif na isang Tagapangaral at Pastor mula sa Sri Lanka at pagkatapos dumating sa Saudi Arabia upang magtrabaho at ipalaganap ang Kristiyanismo subalit yumakap siya sa Islam at naging isa sa mga Tagapagpalaganap ng Islam at maraming pumasok sa Islam dahil sa kanya.

4. Ang Islam ay may magaan na Paniniwala, Malinaw, Sang-ayon sa Kaisipan at Dalisay na Kalikasan.

Ang Islam ay Likas na dalisay na Relihiyon at ang Paniniwala sa Islam ay napakalinaw at magaan at walang nakatagong mga lihim o misteryo o bagay na hindi kayang tanggapin ng tamang kaisipan.

Ang Islam ay nagpapatunay na si Allah (swt) ay ang Tagapaglikha at Tagapamahala sa daigdig na ito, at Siya lamang ang karapat-dapat na sambahin, wala Siyang katamba, katulad at kaparehas.

قُلْ هُوَ اللَّهُ أَحَدٌ اللَّهُ الصَّمَدُ لَمْ يَلِدْ وَلَمْ يُولَدْ وَلَمْ يَكُنْ لَهُ كُفُوًا أَحَدٌ

Sabi ng Allah (swt) : “Sabihin mo ang Allah ay nag-iisa, Ang Allah ay sandigan, Hindi nanganganak at hindi ipinanganak at wala Siyang kapantay”. {112:1-4}

At pinapatunayan ng Allah (swt) ang Kanyang mga Magagandang Pangalan at Matataas na mga Katangian at Malawak na Karunungan sa Kanyang mga pananalita at gawa at batas at patakaran -Kaluwalhatian sa Kanya ang Kataas-taasan.

Mayroong limang Haligi ang Islam at ito ang pagsasaksi na walang ibang Diyos na dapat sambahin maliban kay Allah (swt) at si Muhammad (saws) ay Mensahero ng Allah (swt) at Pagtayo ng pagdarasal at Pagbibigay ng Kawanggawa at Pag-aayuno sa buwan ng Ramadan at Pagsagawa ng Hajj sa Bahay sa sinumang mayroong kakayahan.

Mayroon namang Limang Haligi ang Pananampalataya at ito ay ang Paniniwala sa Allah (swt) at sa Kanyang mga Anghel at sa mga Aklat at sa mga Mensahero at sa Araw ng Paghuhukom at sa Tadhana Mabuti man o masama.

Alam ng mga Muslim kung bakit siya ay naririto sa Mundo at kung ano ang kanyang tungkulin at pananagutan at ano ang mangyayari sa kanya pagkatapos ng kamatayan at pagkabuhay at paghahatol at nalalaman niya ang paraiso at ang impyerno.

وَمَا خَلَقْتُ الْجِنَّ وَالْإِنْسَ إِلَّا لِيَعْبُدُونِ

Sabi ng Allah(swt): “At hindi Ko nilikha ang mga Engkanto at mga Tao maliban sa sambahin nila Ako”. {51:56}

وَلَقَدْ خَلَقْنَا الْإِنْسَانَ مِنْ سَلَالَةٍ مِنْ طِينٍ (١٢) ثُمَّ جَعَلْنَاهُ نُطْفَةً فِي قَرَارٍ مَكِينٍ (١٣) ثُمَّ خَلَقْنَا النُّطْفَةَ عَلَقَةً فَخَلَقْنَا الْعَلَقَةَ مُضْغَةً فَخَلَقْنَا الْمُضْغَةَ عِظَامًا فَكَسَوْنَا الْعِظَامَ لَحْمًا ثُمَّ أَنْشَأْنَاهُ خَلْقًا آخَرَ فَتَبَارَكَ اللَّهُ أَحْسَنُ الْخَالِقِينَ (١٤) ثُمَّ إِنَّكُمْ بَعْدَ ذَلِكَ لَمَيِّتُونَ (١٥) ثُمَّ إِنَّكُمْ يَوْمَ الْقِيَامَةِ تَبْعَثُونَ

Sabi ng Allah (swt): “At Tunay na nilikha Namin ang tao mula sa pinaghalong luwad at pagkatapos ginawa Naming likido sa matiwasay na kinalalagyan at pagkatapos nilikha Namin mula sa likido bilang kumakapit at saka nilikha Namin mula sa kumakapit bilang kapirasong laman at saka nilikha Namin ang kapirasong laman na may mga buto at saka binalutan Namin ang mga buto ng laman at pagkatapos hinubog Namin siya bilang bagong nilikha, kaya Mabiyaya si Allah (swt) ang pinakamahusay na Tagapaglikha at pagkatapos kayo ay magiging mga bangkay at saka sa Araw ng Paghuhukom ay bubuhayin ulit”. {23:12-16}

PAGPAPATOTOO (10)

Yumakap ako sa Islam dahil ang Relihiyon ay kinakailangan na magkatugma ang daan tungo sa Kalikasan at Isipan, sapagkat ang mga taong yaong pumapasok sa Islam ay nakikita nila ang tamang Relihiyon na tumutugma sa kaisipan, katulad sa sinabi ni Ibnu Rush'din: Bakit si Allah (swt) ay gusto tayong (Lahat ng tao) maging mga Muslim (Magpasakop) kung hindi Niya ginawa ang Landas tungo sa Islam bilang lohikal?... at

noong dati ako pa ay isang Kristiyano, meron akong maraming pagdududa tungkol sa buhay at sa Diyos na hindi ako sang-ayon sa mga Hudyo at Katoliko tungkol sa pang-unawa nila sa Diyos at paglalarawan nila gamit ang mga rebulto, at gayundin bago ko binasa ang Qur'an sinabi ko sa aking sarili: Gusto ko ang relihiyon ng Diyos na nag-iisa lamang, walang ibang Diyos maliban sa Kanya at Relihiyon na hindi nalihis at hindi hinaluan ng impluwesiya ng lipunan at sibilisasyon, Relihiyon na iba sa Relihiyon ng mga hudyo at Kristiyano dahil ang paniniwala ng mga Hudyo kay Hesus (a.s.) ay isang manloloko at mapanlinlang at ang paniniwala naman ng mga Kristiyano kay Hesus (a.s.) ay anak ng Diyos, at hindi naman ito totoo bagkus siya ay isang propeta lamang).

- Annie Niege- isang Tagasaliksik na Pranses na nag-aral ng Sibilisasyon ng Islam at Antropolohiy at pagkatapos siya'y pumasok sa Islam at pinangalanan ang sarili na Fatima at saka siya mismo ang sumulat ng kanyang Kuwento para sa akin.

PAGPAPATOTOO (11)

Ang mga Alintuntutin ng Islam kung saan napahinto ang aking pananaw at umakit sa aking atensyon ng husto kung kaya't ako ay pumasok sa Islam, sapagkat ang Kristiyanismo kadalasan iniwanan ang Mysteryosong aspeto sa pagpapaliwanag sa Paniniwala, kaya ito ay napuno ng mga pag-aalinlangan at pagdududa at sa punto na nanahimik na lamang ang relihiyong Kristiyanismo. At hindi ko alam kung papaano ko ito haharapin, ngunit sa Islam ang lahat ng bagay ay malinaw, walang misteryo at hiwaga, kaya wala akong naramdamang maliit na pagdududa o pag-aalinlangan at gayundin hindi ko naramdaman sa ilalim ng Islam na ako ay nawawala o kaya naliligaw, bagkus naniniwala ako mula sa kaibuturan ng aking puso na ang Islam ay ganap na pamamaraan ng pamumuhay. Katulad na lamang na ang Islam ay umaakit ng kaisipan at Puso dahil wala rito ang mga lihim na talata o alamat upang hindi mo maunawaan, bagkus lahat ng bagay ay nakahayag para ipaliwanag at itanong ang karunungan nito at dahilan kung bakit ipinagbawal o kaya ginawang batas).

- Frank Stoke – isang Amerikanong Katoliko na nag-aral ng malalim sa mga sekta ng Kristiyanismo at yumakap sa Islam pagkatapos ng pakipag-ugnayan niya sa Komunidad ng mga Muslim.

5. Ang Relihiyon ng Islam ay pinangakuan ng Allah (swt) ng Kanyang pangangalaga at ang Kanyang Aklat na Qur'an.

Tunay na pinangakuan ng Allah (swt) na Kanyang iingatan ang Relihiyong ito at pananatili nito hanggang sa Araw ng Paghuhukom at iingatan sa mga pagbabago at pagkalahis.

الْيَوْمَ أَكْمَلْتُ لَكُمْ دِينَكُمْ وَأَتَمَمْتُ عَلَيْكُمْ نِعْمَتِي وَرَضِيتُ لَكُمُ الْإِسْلَامَ دِينًا

Sabi ng Allah (swt) : “Sa araw na ito ay ginawa Kong ganap ang Relihiyon para sa inyo at ginawang lubos ang Aking pagpapala sa inyo at kinalugod Ko ang Islam bilang inyong Relihiyon”. {5:3}

هُوَ الَّذِي أَرْسَلَ رَسُولَهُ بِالْهُدَىٰ وَدِينِ الْحَقِّ لِيُظْهِرَهُ عَلَى الدِّينِ كُلِّهِ وَلَوْ كَرِهَ الْمُشْرِكُونَ

Sabi ni Allah (swt): “Siya ang yaong nagpadala ng Kanyang Mensahero ng may gabay at tamang relihiyon upang ito’y mangingibabaw sa lahat ng mga relihiyon kahit kinamumuhian ito ng mga Pagano”. {9:33}

At naghahamon ang Allah (swt) sa mga tao at engkanto na gumawa ng kasing-tulad ng Qur'an o kaya talata nito katulad na Kanyang sinabi:

إِنَّا نَحْنُ نَزَّلْنَا الذِّكْرَ وَإِنَّا لَهُ لَحَافِظُونَ

Sabi ni Allah (swt): “Katotohanan Kami ang nagpababa ng Paalala (Qur'an) at Katotohanan Kami rin ang Tagapag-ingat nito”. {15:9}

قُلْ لئن اجتمعت الإنسُ والجنُّ على أن يأتوا بمثل هذا القرآن لا يأتون بمثله ولو كان بعضهم لبعض ظهيرا

Sabi ng Allah (swt): “Sabihin mo kung magtipon-tipon ang mga tao at engkanto para gumawa ng kasing-tulad ng Qur'an na ito, ay hindi nila magagawa ang katulad nito kahit pa sila’y magtulungan sa isa’t isa”. {17:88}

At isa sa mga kadakilaan ng Qur'an ay binabasa ito ng lahat ng mga Muslim matanda man o bata at saka sinasaulo at binabasa sa mga Radyo, at ang Qur'an ay mayroong malakas na epekto at kaakit-akit sa sinumang nakikinig dito pati na ang mga hindi Muslim. At walang aklat na katulad nito maliban sa Qur'an.

At ito ang isa sa mga nanatiling himala ng Propeta (saws) hanggang sa Araw ng Paghuhukom dahil sa kahusayan ng Qur'an at mga ibinalita ng Allah (swt) tungkol sa kaalaman sa tao tulad sa pagkalikha ng tao sa loob ng sinapupunan ng ina at kaalaman sa kalawakan at daigdig kung paano nilikha ang mga kalangitan, kalupaan, araw, buwan at iba pang mga malalaking nilikha.

PAGPAPATOTOO (12)

(Walang Tagasulat ng aklat sa buong mundo na may lakas ng loob na sumulat ng aklat at saka sasabihin na itong aklat na ito ay walang mali, ngunit ang Qur'an ay iba talaga sapagka't sasabihin sa iyo ito ay walang mga kamalian at inilalahad sa iyo kung may makita kang mali at hindi mo talaga makikita).

- Doktor Gary Miller na isang Orientalista at Guro ng Matematika at Lohikal sa Unibersidad ng Toronto sa Canada, at siya ay isa ring Masipag na Tagapangaral ng Kristiyanismo at mayroon siyang malawak na kaalaman sa Bibliya.

Tunay na binasa niya ang Qur'an upang magsaliksik ng mga kamalian subali't namangha siya sa Qur'an at sa pamamaraan nito at kahusayan sa pananalita, lakas at salita ng mga Naunang Propeta at Kaalaman sa Kalawakan. Pagkatapos nito ay yumakap siya sa Islam, Lahat ng pagpapasalamat ay kay Allah (swt) lamang.

6. Pagiging ganap ng Pagkatao ng Propeta (saws).

Katotohanan iniangat ng Allah (swt) ang Mensahero na si Muhammad (saws) at ginawang ganap at binigyan ng mga katangian at pag-aari na wala sa ibang mga Propeta at Mensahero, kaya ang kanyang buhay at kasaysayan ay naging huwaran at buo sa lahat ng kalagayan ng buhay.

Tulad sa nabanggit ng marami sa Batas ng Islam tungkol sa Pag-uugali at batas na hindi nabanggit sa ibang mga Naunang Propeta o Mensahero hanggang sa panahon ng mga Hudyo na kanilang ikinagulat.

At sinabi nila: Walang iniwan si Muhammad (saws) ng anuman maliban na binatikos nila hanggang sa pagpasok sa palikuran. Tunay na ginawang malinis ni Allah (swt) ang Kanyang Propeta Muhammad (saws) sa kanyang pag-iisip at kaisapan tulad sa sinabi ng Allah:

مَا كَذَبَ الْفُؤَادُ مَا رَأَى

“Hindi nagsinungaling ang puso sa kanyang nakita”. {53:11}

مَا زَاغَ الْبَصَرُ وَمَا طَغَى

At nilinisan ang kanyang mata tulad sa sinabi ng Allah (swt): “Hindi naglihis ang mata at hindi lumabis”. {53:17}

وَمَا يَنْطِقُ عَنِ الْهَوَىٰ إِنْ هُوَ إِلَّا وَحْيٌ يُوحَىٰ

At nilinisan ang kanyang dila tulad sa sinabi ng Allah (swt): “At hindi siya nagsasalita mula sa pagnanasa, bagkus hindi ito maliban sa ipinababa na rebelasyon”. {53:3-4}

وَإِنَّكَ لَعَلَىٰ خُلُقٍ عَظِيمٍ

At pagkatapos nilinisan ang kanyang buong pag-uugali : “at tunay na ikaw ay mayroong napakagandang pag-uugali”. {68:4}

Gayundin ginawa ng Allah (swt) ang buhay ng Propeta (saws) at ang kanyang kasaysayan bilang pangalawang basehan ng Batas ng Islam at ginawang obligasyon sa Nasyon upang tularan.

لَقَدْ كَانَ لَكُمْ فِي رَسُولِ اللَّهِ أُسْوَةٌ حَسَنَةٌ لِّمَن كَانَ يَرْجُو اللَّهَ وَالْيَوْمَ الْآخِرَ وَذَكَرَ اللَّهَ كَثِيرًا

Sabi ng Allah (swt): “Talagang mayroon kayo sa Mensahero ng Allah ng isang mabuting huwaran para sa sinumang naghahangad kay Allah at sa Huling Araw, at umaalala kay Allah ng maramihan”. {33:21}

وما آتاكم الرسول فخذوه وما نهاكم عنه فانتهوا

Sabi ni Allah (swt): “At anumang ibinigay ng Mensahero ay tanggapin ninyo at anumang ipinagbawal sa inyo ay layuan ninyo”. {59:7}

Ang pag-uugali ng Propeta (saws) ay mahusay hanggang bago pa dumating ang rebelasyon dahil tinawag siyang Taong Tapat at Mapagkakatiwalaan, at ipinagkatiwala ng mga tao sa kanya ang kanilang mga yaman upang kanyang ingatan at nagpapahatol sila sa pagitan ng kanilang alitan, at hindi siya gumagawa ng anumang gawain na katulad ng ginagawa sa panahon ng kamangmangan tulad ng pagsamba sa mga rebulto, pangangalunya at pag-inom ng alak.

At kung magmumuni-muni ka sa Aklat na ito, tiyak na marami kang makikita mula sa kanyang magagandang katangian at pag-uugali (saws), na itinuturing bilang pamamaraan at kumpletong aral sa lahat ng mga tao at sa lahat ng kalagayan ng buhay sa relihiyon, lipunan, ekonomiya, pamahalaan, kaisipan at iba pa.

PAGPAPATOTOO (13)

(Si Muhammad (saws) ay selyo ng mga Propeta at pinakadakila sa lahat ng Mensahero na ipinadala ng Allah (swt) upang mag-anyaya sa mga tao para sambahin si Allah (swt).

- Washington Irving isang Amerikanong Orientalista, na naglaan ng malaking pagpapahalaga sa kasaysayan ng mga Muslim sa Andalus.

PAGPAPATOTOO (14)

Ang aking pagpili kay Muhammad na manguna sa talaan ng mga pinaka-maimpluwensiyang tao sa mundo ay maaring pinagtatakahan ng ibang mambabasa at maaring tinututulan pa ng iba, nguni't siya ang tanging tao sa kasaysayan na may matinding tagumpay sa parehong relihiyon at sa makamundo.

- Doktor Michael Hart na isang Amerikanong Tagasaliksik at sumulat ng Ang Isang daan na Talaan ng Pinaka-maimpluwensiyang Tao sa Kasaysayan.

7. Ang Islam ay nag-iingat sa Limang Mahahalaga sa Buhay ng Tao.

At ito ang lima: Ang Sarili, ang Relihiyon, ang Pag-iisip, ang Kayamanan, at Dangal o Lahi. Kaya bawal sa sinuman ang manira sa kanyang kaisipan o kaisipan ng iba at gayundin ipinagbawal ng Allah (swt) ang alak, ang lahat ng nakakalasing at nakakaapekto sa pag-iisip.

عن ابن عمر قال قال رسول الله -صلى الله عليه وسلم- « كل مسكر خمر وكل مسكر حرام

ومن شرب الخمر في الدنيا فمات وهو يدمنها لم يتب لم يشربها في الآخرة ». متفق عليه

Inulat ni Ibnu Umar (r.a.) na sinabi ng Mensahero ng Allah (saws): “Lahat ng nakakalasing ay alak at lahat ng nakakalasing ay (haram) bawal at ang sinumang uminom ng alak sa mundo at saka namatay na siya’y lasing at hindi nagbalik-loob sa Allah (swt), ay hindi siya makakainom nito sa Kabilang-buhay”. [Bukhari at Muslim]

At bawal sa sinuman na kumain sa mga yaman ng iba maliban kung may karapatan siya, tulad ng ipinagbawal na galawin ang kanyang yaman maliban sa ipinahintulot ng Allah (swt), at gayundin ipinagbawal ng Allah ang pagnanakaw, pagpapatubo at panloloko.

وَلَا تَأْكُلُوا أَمْوَالَكُمْ بَيْنَكُمْ بِالْبَاطِلِ وَتَدْلُوا بِهَا إِلَى الْحُكَّامِ لِتَأْكُلُوا فَرِيقًا مِنْ أَمْوَالِ النَّاسِ بِالْإِثْمِ وَأَنْتُمْ تَعْلَمُونَ

Sabi ni Allah (swt): “At huwag ninyong kainin ang mga yaman ng iba sa kasamaan, at huwag kayong magbigay ng suhol sa mga Tagahatol

upang inyong makain ang ilang bahagi ng yaman ng ibang tao sa kamalian na inyong nalalaman”. {2:188}

At Iniutos ng Allah (swt) na ingatan ang mga kayamanan at bawal aksayahin sa mga kamay ng mga Mangmang.

وَلَا تُؤْتُوا السُّفَهَاءَ أَمْوَالَكُمُ الَّتِي جَعَلَ اللَّهُ لَكُمْ قِيَامًا وَارْزُقُوهُمْ فِيهَا وَاكْسُوهُمْ وَقُولُوا لَهُمْ قَوْلًا مَعْرُوفًا

Sabi ng Allah (swt): “At huwag ninyong ipagkaloob sa may mga mahihinang pag-iisip ang inyong ari-arian na ginawa ng Allah para kayo’y makatayo, subali’t sila ay inyong tustusan at damitan at kausapin ng may mabuting pananalita”. {4:5}

At ipinagbawal ng Allah (swt) ang pagpatay sa kapwa na hindi makatarungan, at ipinagbawal rin sa tao na patayin niya ang kanyang sarili at pumatay ng iba, bagkus ipinagbabawal rin na saktan niya ang kanyang sarili o kaya sirain ang ilang parte ng kanyang katawan.

يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا لَا تَأْكُلُوا أَمْوَالَكُمْ بَيْنَكُمْ بِالْبَاطِلِ إِلَّا أَنْ تَكُونَ تِجَارَةً عَنْ تَرَاضٍ مِنْكُمْ وَلَا تَقْتُلُوا أَنْفُسَكُمْ إِنَّ اللَّهَ كَانَ بِكُمْ رَحِيمًا

Sabi ng Allah (swt): “Oh mga yaong sumasampalataya huwag ninyong kainin ang yaman ng iba mula sa kasamaan maliban kung mayroong kalakal na inyong pinagkasunduan at huwag ninyong patayin ang inyong mga sarili, Tunay na si Allah ay maunawain sa inyo”. {4:29}

At gayundin ipinagbawal ng Allah (swt) ang Pangangalunya at ang lahat ng mga daan na hahantong sa ganitong kalaswaan na sumisira sa katiwasayan, kapayapaan sa lipunan, pagkakalat ng kahirapan at mga sakit at paghalo ng mga lahi.

وَلَا تَقْرَبُوا الزُّنَىٰ إِنَّهُ كَانَ فَاحِشَةً وَسَاءَ سَبِيلًا

Sabi ni Allah (swt): “At huwag kayong lumapit sa Pangangalunya sapagkat ito ay malaswa at masamang gawain”. {17:32}

Katulad na ipinagbawal sa sinuman na manira ang tao sa kanilang relihiyon at paniniwala, Ang relihiyon ay para kay Allah (swt) lamang at

kailangang mangyari katulad sa ipinag-utos ng Allah (swt), at wala sa ating mga pagnanasa at opinyon at karanasan.

إِنَّ الَّذِينَ كَفَرُوا وَصَدُّوا عَنْ سَبِيلِ اللَّهِ قَدْ ضَلُّوا ضَلَالًا بَعِيدًا

Sabi ng Allah (swt): “Katotohanan ang mga yaong nagtakwil at humadlang sa landas ni Allah tunay na sila’y naligaw ng malayong pagkaligaw”. {4:167}

Katotohanang napatunayan sa mga Pag-aaral at Istatistika na ang lipunan ng mga bansang Muslim sa buong mundo sa panahon natin ngayon ay mas mababa sa paggawa ng mga krimen, patayan, pangangalunya, panggagahasa at pagnanakaw.

PAGPAPATOTOO (15)

Tunay na ang Islam ay napakagandang relihiyon ngunit ang mga tao ay walang kaalaman hinggil dito.

- Abdul Aziz Kanjula na isang Taga timog na Koreano na pumasok sa Islam pagkatapos ng kanyang pagdalo sa pagtuturo tungkol sa Islam sa Unibersidad ng Seoul at ibinoto bilang pinuno sa Pagkakaisa ng mga Estudyante.

8. Ang mga Batas ng Islam (Shariah) ay may mga dahilan at kapakinabangan at binuo ito para maging magaan at maalís ang mga sakuna.

Walang batas sa Islam maliban na lamang na mayroong kapakinabangan at dahilan dahil ang Tagahatol ay si Allah (swt) ang Maalam at Marunong. Ipinapakita sa atin ang mga kapakinabangan, dahilan at karunungan ngunit mayroon ding nakatago para sa atin. Ang Batas ng Islam ay dumating upang tuparin ang mga kaayusan at tanggalin ang mga kasiraan at pasayahin ang mga tao at naglagay ng mga alintuntutin at pamamaraan para rito.

أَلَا يَعْلَمُ مَنْ خَلَقَ وَهُوَ اللَّطِيفُ الْخَبِيرُ

Sabi ni Allah (swt): “Hindi ba nalalaman ng Naglikha habang Siya ang Mabait at ang Marunong”. {67:14}

Katulad na lamang kung paano nabuo ang mga batas ng Islam bilang magaan at pangtanggap ng sakuna at hindi pagpapahirap sa mga tao.

لَا يَكْفُلُ اللَّهُ نَفْسًا إِلَّا وَسْعَهَا هَا مَا كَسَبَتْ وَعَلَيْهَا مَا اكْتَسَبَتْ

Sabi ng Allah (swt): "Hindi nagtatalaga ang Allah sa sarili maliban sa kanyang kakayanan sapagkat mapapasakanya ang anumang mabuti niyang nagawa at ang anumang masamang nagawa". {2:286}

مَا جَعَلَ عَلَيْكُمْ فِي الدِّينِ مِنْ حَرَجٍ

Sabi ng Allah (swt): “at wala Siyang ginawa na anumang kahirapan sa inyong relihiyon”. {22:78}

يُرِيدُ اللَّهُ بِكُمُ الْيُسْرَ وَلَا يُرِيدُ بِكُمُ الْعُسْرَ

Sabi ni Allah (swt): “Hangad ng Allah na maging madali sa inyo at hindi Niya hangad na maging mahirap sa inyo”. {2:185}

Katulad sa ipinahintulot ng Batas sa Islam ang Tayyammum kung walang tubig o kaya walang kakayahan sa paggamit ng tubig, at gayundin sa pagdarasal ng Muslim na nakatayo, kung hindi niya kaya ay umupo siya, at kung hindi niya kaya ay humiga, at magdasal siya sa kahit anong lugar na malinis at paigsiin ang Dasal at ipagsama kung ikaw ay manlalakbay.

At ipinahintulot sa Batas ng Islam para sa may karamdaman ang kumain sa panahon ng Ramadan at ginawang obligasyon ang pagsasagawa ng Hajj ng isang beses lamang sa kanyang buhay sa sinumang may kakayahan, at gayundin sa karamihan sa mga batas ng Islam.

Katulad na ipinahintulot sa Batas ng Islam sa oras ng kagipitan na kumain ng mga ipinagbabawal upang mailigtas lamang ang buhay ng tao sa kapahamakan.

إِثْمًا حَرَّمَ عَلَيْكُمُ الْمَيْتَةَ وَالدَّمَ وَلَحْمَ الْخَنزِيرِ وَمَا أُهْلَ بِهِ لِغَيْرِ اللَّهِ فَمَنْ اضْطُرَّ غَيْرَ بَاغٍ وَلَا عَادٍ فَلَا إِثْمَ عَلَيْهِ إِنَّ اللَّهَ غَفُورٌ رَحِيمٌ

“Katotohanang ipinagbawal sa inyo ang patay na hayop at dugo at laman ng baboy at anumang inalay maliban kay Allah, subali’t sinumang napilitan na hindi naman lumalabis o lumalabag ay wala siyang kasalanan, sapagkat Tunay na ang Allah ay ang Mapagpatawad at ang Maunawain”.
{2:173}

PAGPAPATOTOO (16)

Ang Islam ay may parehong pamamalakad, batas at pang relihiyong ritwal na kailangang gawain ng mga tao na mayroong layuning moral. Ito ay upang ayusin ang tao sa kanyang pag-uugali at kaluluwa sa pamamagitan ng makatwirang paraan, at layunin upang linisan ang kanyang kaisipan at dalisayin, at gayundin upang palakasing maisagawa ang mga obligasyon sa ibang tao na naninirahang kasama niya.

Ang Islam ay ang nag-iisang relihiyon na kung saan ang teorya at praktika na hindi na kailangan pa ng tao na maniwala sa mga maling prinsipyo at sa malabong misteryo tulad sa relihiyong Kristiyanismo, dahil ang Islam ay tumatanggap sa aspeto ng buhay ispiritwal at materyal na magkasingtulad nito, at parehong naglagay sa kanyang tamang lugar at itinaguyod ang kanyang pilosopiya na may batayan upang matakpan ang lahat ng aspeto ng pag-uugali ng mga tao.

- Mj Darwani isang Briton na ang pinagmulan ay pamilyang muslim subali’t pumasok sa Kristiyanismo at naging pari sa simbahan sa England at pagkatapos pumasok sa Islam.

9. Pananampalataya sa Tadhana at Kapalaran.

Ito ay isa sa mga Anim na Haligi ng Pananampalataya na dapat paniwalaan, at ang lahat ng bagay sa mundong ito ay nasa kamay ng Allah

(swt) at Siya ang nagpapasya kung ano ang Kanyang nais at kung ano ang hindi pwede kahit pa na anong umabot na lakas para baguhin ang anumang sa mundong ito na baliktad sa itinadhana ng Allah (swt) at itinakda. At ang mga tao ay mayoong kalayaang pumili at kagustuhan nguni't huhusgahan siya sa kanyang mga nagawa, at sa panghuli hindi pa rin siya lumabas sa itinakda ng Allah (swt) sa isinulat para sa kanya.

مَا أَصَابَ مِنْ مُصِيبَةٍ فِي الْأَرْضِ وَلَا فِي أَنْفُسِكُمْ إِلَّا فِي كِتَابٍ مِنْ قَبْلِ أَنْ نَبْرَأَهَا إِنَّ ذَلِكَ عَلَى اللَّهِ يَسِيرٌ

Sabi ni Allah (swt): “Walang mangyayaring kalamidad sa kalupaan at sa inyong mga sarili maliban sa talaan bago pa man Naming ipatupad, Tunay iyan ay napakadali para kay Allah”. {57:22}

وَلَا يَظْلِمُ رَبُّكَ أَحَدًا

Sabi ni Allah (swt): “Hindi nang-aapi ang iyong Panginoon sa kaninuman”. {18:49}

عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ قَالَ قَالَ رَسُولُ اللَّهِ -صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ- « الْمُؤْمِنُ الْقَوِيُّ خَيْرٌ وَأَحَبُّ إِلَى اللَّهِ مِنَ الْمُؤْمِنِ الضَّعِيفِ وَفِي كُلِّ خَيْرٍ احْرُصْ عَلَيَّ مَا يَنْفَعُكَ وَاسْتَعْنِ بِاللَّهِ وَلَا تَعْجِزْ وَإِنْ أَصَابَكَ شَيْءٌ فَلَا تَقُلْ لَوْ أَنِّي فَعَلْتُ كَذَا كَانَ كَذَا وَكَذَا. وَلَكِنْ قُلْ قَدَرُ اللَّهِ وَمَا شَاءَ فَعَلَ فَإِنَّ لَوْ تَفْتَحُ عَمَلَ الشَّيْطَانِ ». مُسْلِمٌ

Iniulat ni Abu Huraira (r.a) na sinabi ng Mensahero ni Allah (s.a.w):
“Ang malakas na mananampalataya ay higit pa na mainam at kamahal-mahal kay Allah kaysa mahinang mananampalataya, subalit silang dalawa ay mabuti. At maging matiyaga sa anumang mapapakinabangan mo, at humingi ng tulong kay Allah, at huwag maghina! At kapag dinatnan ka ng isang pangyayari ay huwag mong sasabihin: “Kung ginawa ko iyon ay marahil naging ganito!” Subalit sabihin mo: “Pagtatakda ng Allah, at ang anumang Kanyang naisin ay gawin Niya, dahil ang salitang [Kung] ay talagang nagbubukas ng gawain ni Satanas.”
[Isinalaysay ni Muslim]

"Naniniwala ako na ang Islam ay isang relihiyon na nagdudulot ng kapayapaan, katahimikan sa kaluluwa, inspirasyon sa mga tao na may ligaya, kapayapaan sa pag-iisip at kaginhawaan sa buhay na ito. Ang diwa ng Islam ay tumagos sa aking kaluluwa at Pinapahalagahan ko ang biyaya ng pagkakaroon ng pananampalataya sa itinakda ng Diyos, at nawawalang bahala sa mga pisikal na mga epekto ng kasiyahan at sakit. "

- Rex Ingram na ipinanganak sa Scotland at nakasali sa Unang Digmaang Pandaigdig at pagkatapos laging naglalakbay sa mga lugar sa Silangan at yumakap sa Islam pagkatapos ng kanyang pagkaligaw.

10. Ang Islam ay iniingatan ang mga Karapatan ng mga hindi Muslim.

Ipinagbawal ng Islam ang paglabag sa kanila at sa kanilang mga kayamanan at dangal katulad sa pagbabawal ng pang-aapi sa kanila, bagkus inaalagaan ng Islam ang sinumang nakatira sa lugar ng mga Muslim ang kalayaan nila sa pagsamba at pagsasagawa nito ayon sa kanilang mga relihiyon, tulad sa iniutos ng Islam sa mga Muslim na bigyan ng proteksyon sila at bigyan ng lunas at suporta ang mga mahihirap mula sa kanila.

لَا يَنْهَاكُمْ اللَّهُ عَنِ الَّذِينَ لَمْ يُقَاتِلُوكُمْ فِي الدِّينِ وَلَمْ يُخْرِجُوكُمْ مِنْ دِيَارِكُمْ أَنْ تَبَرُّوهُمْ وَتُقْسِطُوا إِلَيْهِمْ إِنَّ اللَّهَ يُحِبُّ الْمُقْسِطِينَ

Sabi ng Allah (swt): "Hindi ipinagbawal ng Allah sa inyo ang yaong mga hindi nakikipagdigma sa inyo sa relihiyon at hindi kayo itinataboy sa inyong mga tirahan kaya maging mabait sa kanila at maging makatarungan sa kanila, Tunay na ang Allah ay minamahal ang mga makatarungan". {60:8}

عن عبد الله بن عمرو رضي الله عنهما : عن النبي صلى الله عليه و سلم قال (من قتل معاهدا لم يرح رائحة الجنة وإن ريحها توجد من مسيرة أربعين عاما) رواه البخاري

Iniulat ni Abdullah bin Amru (r.a.) na sinabi ng Propeta (saws): “Ang sinumang pumatay ng Mua’hid (nakipagkasundo sa pamahalaang Islam) ay hindi maaamoy ang halimuyak ng Paraiso dahil sa katotohanan na ang amoy nito ay matatagpuan sa layo na apatnapung taon”. [Bukhari]

Ang Mua’hid ay yaong nakatira sa pagitan ng mga Muslim at sa kanilang pangangalaga.

At walang nabanggit sa Kasaysayan na ang mga Muslim na nang-api dahil sa kanilang lahi at Relihiyon sa mga hindi Muslim sa anumang bansa ng mga Muslim.

PAGPAPATOTOO (18)

Ang mga Kristiyano na nagpapasakop sa Batas ng Islam at mga Zardashi, Hudyo at Sabian ay nagtatamasa sa panahon ng pamumuno ng mga Umawiyah sa mataas na antas ng pahintulot na walang kasingtulad sa kapanahunan ng Kristiyanismo, Tunay na sila ay mga malaya sa pagsasagawa ng ritwal sa kanilang relihiyon, at iniingatan ang kanilang mga simbahan at kapilya, at sila ay nagtatamasa ng maayos lalo na sa batas na kanilang sinasakupan mula sa mga namumuno at batas at mga patakaran.

- Will Durant na isang Amerikanong Manunulat sa pahanon natin.

PAGPAPATOTOO (19)

Ang pag-uugali ng mga Krusada noong pinasok nila ang Herusalem ay magkaiba sa pag-uugali ng Dakilang Pinuno na si Umar bin Khattab (r.a.) nang makaharap sa mga Kristiyano noong pagpasok niya rito noong ilang mga siglo. Tunay na nagkasundo ang lahat ng Krusada sa pagpupulong na itaboy ang lahat ng nakatira sa Herusalem mula sa mga Muslim at hudyo at Kristiyano na hindi sumasang-ayon sa kanila na higit kumulang sa animnapung katao. Pinagpapatay sila sa loob ng walong araw at wala silang pinipili kahit ito pa ay babae o bata o matanda, May mga pinugutan

ng ulo at hiniwa ang mga tiyan ng mga kababaihan at sinunog ang iba sa apoy.

- Gustave Le Bon na isang Orientalista at Pranses na Mananalaysay.

PAGPAPATOTOO (20)

Wala tayong narinig ng anumang pagtatangka sa mga grupo upang pilitin ang komunidad ng mga hindi Muslim para tanggapin nila ang Islam, o anumang sistemang pagpapahirap upang matanggal ang relihiyong Kristiyanismo, at kung namili lamang sana ang mga Pinuno ng mga Muslim sa dalawa para mawala ang mga Kristiyano ay madali lamang sana katulad sa ginawa nina Fernandez at Isabela sa relihiyong Islam sa Espanya.

Kaya nanatili ang mga simbahan hanggang sa ngayon upang dalhin ang matibay na katibayan sa ginawang patakaran ng Pamahalaang Islamiko sa kanila na may kabuuang pagpaparaya at iba pa.

- Sir Thomas Arnold isa sa pinakamalaking Orientalista na taga Britanya at meron siyang maraming naisulat na mga Aklat tungkol sa Islam. At sabi ng isang Orientalistang Britanya (Jeff): Siya ay masigasig na dalubhasa na may mataas na antas na pinag-aralan.

11. Ang gantimpala ni Allah (swt) ay ginawang dalawang beses sa sinumang naniwala sa Islam mula sa Angkan ng Kasulatan na mula sa mga Hudyo at mga Kristiyano.

Katulad sa nabanggit sa matibay na Hadith.

عن أبي بردة أنه سمع أباہ : عن النبي صلى الله عليه و سلم قال (ثلاثة يؤتون أجرهم مرتين الرجل تكون له الأمة فيعلمها فيحسن تعليمها ويؤدبها فيحسن أدبها ثم يعتقها فيتزوجها فله أجران ومؤمن أهل الكتاب الذي كان مؤمنا ثم آمن بالنبي صلى الله عليه و سلم فله أجران والعبد الذي يؤدي حق الله وينصح لسيدہ) رواه البخاري

Ayon kay Abu Burda narinig niya (r.a.) ang kanyang ama na sinabi ng Propeta (saws): “Tatlong katao ang bibigyan ng gantimpala ng dalawang beses: Una, ang lalaki na mayroong aliping babae na kanyang tinuturuan at saka inaayos ang pagtuturo at ang pag-didisiplina at pagkatapos pinapalaya at pinakasalan ay mapapasakanya ang dalawang gantimpala, At ikalawa, ang Mananampalataya mula sa Angkan ng Kasulatan na naniwala at saka naniwala rin sa Propeta (saws) ay mapapasakanya ang dalawang gantimpala, At ang alipin na nagsasagawa ng katapatan sa Allah at pinapayuhan ang kanyang amo”. [Isinalaysay ni Bukhari].

At ang lahat ng pumasok sa Islam ay isusulat ng Allah (swt) ang gantimpala sa anumang kanyang mabuting nagawa bago siya pumasok sa Islam. Katulad sa nabanggit sa Hadith.

عن حكيم بن حزام أخبره أنه قال لرسول الله -صلى الله عليه وسلم- أي رسول الله رأيت أمورا كنت أتحنت بها في الجاهلية من صدقة أو عتاقة أو صلة رحم أفيها أجر فقال رسول الله -صلى الله عليه وسلم- «أسلمت على ما أسلفت من خير».

Ayon kay Hakim bin Hizam na kanyang sinabi sa Mensahero ng Allah (saws): Oh Mensahero ng Allah ano po ang tingin ninyo sa mga pagsamba na aking nagawa sa panahon ng Kamangmangan mula sa Kawanggawa, Pagpapalaya at pag-ugnay sa Kamag-anak, meron po ba akong gantimpala? Sabi ng Mensahero ni Allah (saws): “Ang pagpasok mo sa Islam at kung anuman ang nakaraan mo ay kabutihan”. [Isinalaysay ni Muslim].

Katotohanang pinuri ng Allah (swt) ang ibang mga Angkan ng Kasulatan na kanilang alam ang katotohanan at naniniwala sila kay Allah (swt) at malapit na tao sa pagmamahal sa mga Muslim at ipinagbawal ang pakiki-pagtalakayan sa kanila maliban kung ano ang mas Mabuti.

لَتَجِدَنَّ أَشَدَّ النَّاسِ عَدَاوَةً لِلَّذِينَ آمَنُوا الْيَهُودَ وَالَّذِينَ أَشْرَكُوا وَلَتَجِدَنَّ أَقْرَبَهُم مَّوَدَّةً لِلَّذِينَ آمَنُوا الَّذِينَ قَالُوا إِنَّا نَصَارَى ذَلِكَ بِأَنَّ مِنْهُمْ قسيسين و رهبانا و أنهم لا يستكبرون و إذا سمعوا ما أنزل إلى الرسول ترى أعينهم تفيض من الدمع مما عرفوا من الحق يقولون ربنا آمنا فآكتبنا مع الشاهدين

Sabi ng Allah (swt): “Katotohanang makikita mo na ang taong may pinakamatinding kapootan sa mga Mananampalataya ay ang mga Hudyo

at mga Pagano. At makikita mo naman ang pinakamalapit sa mga mananampalataya sa pagmamahal ay ang mga yaong nagsasabi: “Kami ay mga Kristiyano,” dahil mayroon sa kanilang mga pari at palasamba na hindi nagmamataas at kapag makarinig sila ng anumang ipinababa sa Mensahero, makikita mo ang kanilang mga mata na tumutulo ang luha dahil sa kanilang nalalaman na katotohanan, at sila’y magsabi: Oh aming Panginoon naniwala kami kaya isulat Mo po kami kasama sa mga nakasaksi”. {5:82}

لَيْسُوا سِوَاءَ مَنْ أَهْلَ الْكِتَابِ أُمَّةٌ قَائِمَةٌ يَتْلُونَ آيَاتِ اللَّهِ آنَاءَ اللَّيْلِ وَهُمْ يَسْجُدُونَ يُؤْمِنُونَ بِاللَّهِ
وَالْيَوْمِ الْآخِرِ وَيَأْمُرُونَ بِالْمَعْرُوفِ وَيَنْهَوْنَ عَنِ الْمُنْكَرِ وَيُسَارِعُونَ فِي الْخَيْرَاتِ وَأُولَئِكَ مِنَ الصَّالِحِينَ وَمَا
يَفْعَلُوا مِنْ خَيْرٍ فَلَنْ يُكْفَرُوهُ وَاللَّهُ عَلِيمٌ بِالْمُتَّقِينَ

Sabi ng Allah (swt): “Hindi lahat sila ay magkakatulad, may pangka’t ng Angkan ng Kasulatan na naninindigan, kanilang binabasa ang mga Talata ng Allah sa mga oras ng gabi na nagpapatirapa.

Sila ay nananampalataya kay Allah (swt) at sa Huling Araw, at sila ay nag-uutos ng kabutihan at nagbabawal ng kasamaan, at nagmamadali sa paggawa ng mga mabubuti, at sila ay nasa lipon ng matutuwid.

At anumang kabutihang kanilang nagawa ay walang anumang itatakwil sa kanila; sapagkat ang Allah (swt) ang Maalam sa mga matatakutin”. {3:113-115}

وَلَا تُجَادِلُوا أَهْلَ الْكِتَابِ إِلَّا بِالَّتِي هِيَ أَحْسَنُ إِلَّا الَّذِينَ ظَلَمُوا مِنْهُمْ وَقُولُوا آمَنَّا بِالَّذِي أُنزِلَ إِلَيْنَا
وَأُنزِلَ إِلَيْكُمْ وَإِلَهُنَا وَإِلَهُكُمْ وَاحِدٌ وَنَحْنُ لَهُ مُسْلِمُونَ

Sabi ni Allah (swt): “at huwag kayong makipagtalo sa mga Angkan ng Kasulatan maliban sa paraang pinakamainam, maliban sa mga yaong nang-aapi sa kanila at inyong sabihin: Kami ay nananiwala sa anumang ipinababa sa amin at ipinababa sa inyo at ang aming Diyos at inyong Diyos ay iisa at kami ay nagpapasakop sa Kanya”. {29:46}

Sa katotohanan ang unang nakaalam sa pagka propeta ni Muhammad (saws) at nasiyahan ay si Waraqah bin Nawfal na nakatira sa Makkah, na isang Kristiyano at sumusulat ng Ebanghelyo sa wikang Hebreo, at nang sa oras na ibinalita ng Propeta (saws) ang kanyang nakita sa kuweba ng Hira

sa unang rebelasyon na ipinababa sa kanya, sabi ni Waraqah: (Iyon ang Namus (batas) na ipinababa ng Allah (swt) kay Musa).

Sa panahon kung saan nadagdagan ang pagtutuligsa ng mga Quraish sa mga Muslim sa Makkah bago ang kanilang paglikas, ay nag-utos ang Propeta (saws) sa kanyang mga kasamahan na lumikas sa Habasha (Etyopya) at sinabi sa kanila: Tunay na mayroon doong isang hari na makatarungan at hindi siya nang-aapi kaninuman. Sa panahon na iyon lumikas ang mga Muslim at hinarap sila ni Najasi ang hari ng Etyopya na isang Kristiyano, kaya binasa ng isa sa mga Kasamahan ng Propeta (saws) ang Kabanata ng Maryam, napaiyak siya at napaiyak ang mga pari na nandoon sa pagpupulong at pagkatapos yumakap siya sa Islam. At sa panahon nang siya (Najasi) ay yumaon (nawa ay kaawan siya ng Allah) ay binanggit ang kamatayan niya ng Propeta (saws) sa kanyang mga Kasamahan at saka nagdasal ng Dasal sa namatay.

At gayundin ang mga naunang pumasok sa Islam pagkatapos ng Hijrah (Paglikas) patungo sa Madinah na si Abdullah bin Salam (r.a.) na isang Eskriba ng mga Hudyo at pagkatapos ay naging isa sa mga partikular na kasama ng Propeta (saws) at isa sa mga Maalam sa Islam at sinaksihan na makapasok sa Paraiso.

12. Pag-ingat ng Islam sa mga karapatan ng Tao at Pagpaparangal sa kanya.

Katotohanang pinarangalan ng Allah (swt) ang mga angkan ni Adam (a.s.) at mula noong nilikha si Adam (a.s.) ay pinili siya ng Allah (swt) bilang magiging Kanyang alipin at nilikha siya gamit ang Kanyang kamay at hinipan ng kaluluwa at pinagpatirapa sa kanya ang mga Anghel at tinuruan ng lahat ng mga pangalan at pinatira sa Paraiso at pagkatapos ipinagkatiwala sa kanya ang kalupaan.

At nilikha ni Allah (swt) ang mga angkan ni Adam (a.s.) sa pinakamagandang pagkakalikha at binigyan sila ng mga Pag-iisip upang mamili ng maayos, mga dila upang magsalita at inutusang magsuot ng damit upang takpan ang kanilang katawan at ipinagkaloob sa kanila ang

lahat ng anumang nasa kalawakan gayundin naman hanggang sa mga Anghel upang sila ay pagsilbihan , alagaan at ingatan.

At ang Islam ay nag-uutos na alagaan ang tao mula noong nilikha siya bilang semilya, hindi pwedeng saktan ito at ipalaglag kaya ipinagbawal ang Aborsiyon, at gayundin dumating ang mga batas ng Islam para sa mga Sanggol sa pamamaraang pagdedesiplina, pagpapangalan, pagturo, pagpapagamot at pag-alaga hanggang sa ito ay lumaki.

At pagkatapos dumating ang batas ng Islam para sa karapatan ng mga Magulang at matatanda sa pamamaraang pag-aalaga sa kanila at pagbibigay ng proteksiyon. At pagkatapos dumating ang batas ng Islam para sa mga taong yumao o namatay kung paano sila papaliguan, babalutan ng tela, dadasalan at saka ililibing.

وَلَقَدْ كَرَّمْنَا بَنِي آدَمَ وَحَمَلْنَاهُمْ فِي الْبَرِّ وَالْبَحْرِ وَرَزَقْنَاهُمْ مِنَ الطَّيِّبَاتِ وَفَضَّلْنَاهُمْ عَلَى كَثِيرٍ مِمَّنْ خَلَقْنَا تَفْضِيلًا

Sabi ng Allah (swt): “At katiyakan, pinarangalan Namin ang mga angkan ni Âdam at dinala Namin sila sa kalupaan at sa karagatan at pinagkalooban Namin sila ng mga mabubuting bagay, at sila ay Aming itinangi ng higit sa Aming mga nilikha nang lubos na pagtatangi”. {17:70}

Katotohanang tumatayo ang Propeta (saws) kapag may dumadaan na patay at inuutusan niya ang kanyang mga kasamahan na tumayo rin bilang paggalang sa patay, minsan may dumaan na bangkay ng isang hudyo at tumayo ang Propeta (saws) at may nagsabi sa kanya: Tunay iyon ay bangkay ng isang Hudyo? Sabi niya (saws): Hindi ba tao rin iyon? [Isinalaysay ni Bukhari]

عن جابر بن عبد الله رضي الله عنهما قال : مرت بنا جنازة فقام لها النبي صلى الله عليه و سلم وقمنا له فقلنا يا رسول الله إنها جنازة يهودي ؟ قال (إذا رأيتم الجنازة فقوموا) رواه البخاري

Iniulat ni Jabir bin Abdullah (r.a.) na minsan may dumaan sa amin na ililibing, at tumayo ang Propeta (saws) at tumayo rin kami at saka sinabi namin: Oh Mensahero ng Allah tunay na iyon ay libing ng isang Hudyo?

Sabi (saws): “Kapag may nakita kayong ililibing kayo ay tumayo”.
[Isinalaysay ni Bukhari]

Ang Shari’ah (Batas ng Islam) ay iniangat ang katayuan ng tao at iningatan ang kanyang buong mga karapatan mula noong dalawampu’t apat na dekada.

(Itinaguyod ng doktrina ng Islam ang prinsipyo na ang pinagmulan ng mga tao ay iisa lamang, ang kaibahan sa pagitan ng mga tao sa kanilang mga biyaya, sa kinikita, sa edad, sa kulay o kaalaman ay isang layunin upang manirahan sa daigdig ng may balangkas ng pamumuhay, pagtutulungan at pagkabuo ng bawat isa. At ang ganitong mga reyalidad ay naging malinaw na walang halong panlilinlang o pagdududa kapag ikaw ay tumingin sa ilang mga talata sa Qur’an, at isa sa mga malinaw ay ang batayan ng pilosopiya sa pagpapaliwanag sa kahulungan ng mga karapatang pantao. Ang pagpaparangal sa tao sa anumang kanyang tinindigang posisyon sa lipunan at pagsama sa pag-unlad ng lipunan habang umuunlad ang indibidwal, at ito ang batayan na itinuturo ng Islam sa napakaraming sitwasyon. (1).

At ang mga karapatan sa mga aklat ng Fiqh Islami ay detalyado, kumpleto, pangkalahatan sa anumang saklaw ng buhay ng tao sa pagiging marangal, ligtas, matiwasay at masaya, kahit ano pa ang kanyang kulay, lahi, kasarian o relihiyon. Ang Islam ay iniingatan ang kanyang mga karapatang panrelihiyon, pampulitika, panlipunan, kayamanan, kaisipan at iba pang mga karapatan.

At anumang bagay ay ginagawa ng tao dahil sa kanyang pagnanasa kahit na ito ay makakasira pa sa kanyang sarili o kaya makakasakit ng iba o kaya paglabag sa mga katuruan ng kanyang Panginoong Tagapaglikha, na katulad sa ating nakikita sa ibang mga bansa na mayroong naghuhubad at homosekswal na umabot sa pag-aamin at pagpapakasal ng dalawang magkasing-tulad na kasarian, ang lahat ng ito ay kabuktutan at panganib sa buhay ng mga tao.

Dati sumusunod ako sa relihiyon na parang bulag nguni't sa ngayon ay nakita ko ang ganap na katotohanan na ang Islam ay ang pinakamainaman na paraan at ganap para sa idinisenyong pamumuhay ng bawat sangkatauhan. Lahat na papuri ay kay Allah (swt) lamang.

Marco Korpus na isang Pilipino at dating opisyal na pare sa simbahan. At pagkatapos ng pagsaliksik ng matagal at pakikinig sa mga debate ni Sheikh Ahmed Deedat Kaawaan nawa siya ng Allah ay pumasok siya sa Islam at pinangalanan ang kanyang sarili na Ahmad Kurpos

13. Ang Digmaan at Pakikipaglaban sa Islam ay hindi isang mithiin at hangarin.

Katotohanan ito ay ang paraan upang puntahan ng mga Muslim kung mayroon mang umuusig sa kanila o kaya nagbabawal sa pag-anyaya tungo sa Allah (swt) at pagpigil sa mga tao upang malaman ang relihiyon ng Allah (swt) na pinili para sa Kanyang alipin. Naglagay ang Islam ng mga kondisyon at magagandang pag-uugali sa pakikipaglaban tulad na lamang na bawal ang pagpatay sa mga kababaihan, sa mga bata, sa mga sumasamba sa loob ng simbahan at ipinagbawal ang pagputol ng mga puno at manira sa may buhay katulad ng pagbawal ng Islam sa paghiwa sa mga bangkay at pagputol sa mga parte nito, bagkus iniingatan ng Islam ang pagdanak ng dugo at kasiraan sa buhay.

وَإِنْ جَنَحُوا لِلسَّلْمِ فَاجْنَحْ لَهَا وَتَوَكَّلْ عَلَى اللَّهِ إِنَّهُ هُوَ السَّمِيعُ الْعَلِيمُ

Sabi ng Allah: “At kung sumandal sila sa kapayapaan ay sumandal ka din kayo dito at umasa kay Allah, Sa katunayan, Siya ay ang Nakakarinig at ang Maalam”. {8:61}

Ang Islam ay nag-aanyaya sa Kapayapaan at Nagsusumikap at ito ang pinakamatinding layunin at mithiin nito.

وَقَاتِلُوا فِي سَبِيلِ اللَّهِ الَّذِينَ يُقَاتِلُونَكُمْ وَلَا تَعْتَدُوا إِنَّ اللَّهَ لَا يُحِبُّ الْمُعْتَدِينَ

Sabi ni Allah (swt): “At makipaglaban kayo sa landas ni Allah sa mga yaong nakikipaglaban sa inyo at huwag kayong lumabag, Katotohanan ang Allah ay hindi minamahal ang mga lumalabag”. {2:190}

Tunay pinayuhan ni Abu Bakr As Siddiq (r.a.) ang hukbo ni Usama bin Zaid (r.a.):

أوصى أبو بكر جيش أسامة فقال: يا أيها الناس قفوا أوصيكم بعشر فاحفظوها عني: لا تخونوا، ولا تغلوا، ولا تغدروا، ولا تمثلوا، ولا تقتلوا طفلا صغيرا أو شيخا كبيرا ولا امرأة، ولا تعقروا نحلا ولا تحرقوه، ولا تقطعوا شجرة مثمرة، ولا تذبحوا شاة ولا بقرة ولا بعيرا إلا لمأكلة، وسوف تمرون بأقوام قد فرغوا أنفسهم في الصوامع فدعوهم وما فرغوا أنفسهم له، وسوف تقدمون على قوم يأتونكم بآنية فيها ألوان الطعام فإذا أكلتم منها شيئا فاذكروا اسم الله عليها، وتلقون أقواما قد فحصوا أوساط رؤوسهم وتركوا حولها مثل العصائب فأخفقوهم بالسيف خفقا، اندفعوا باسم الله. الطبري

Pinayuhan ni Abu Bakr ang hukbo ni Usama at siya’y nagsabi: (Oh mga tao tumigil kayo sapagka’t aking ipapayo sa inyo ang sampu at ingatan ninyo ito mula sa akin. Huwag kayong magtaksil, magnakaw, mangdaya. manghiwa ng bangkay, pumatay ng bata o matanda o babae, huwag ibagsak ang mga palmeras at huwag sunugin ito at huwag magputol ng bungang-kahoy at huwag pumatay ng tupa at baka at kamelyo maliban kung kakainin. At dadaan kayo sa mga grupo na binuwis nila ang kanilang buhay sa mga kapilya, kaya hayaan ninyo sila at anumang bagay na iniwan nila para sa kanilang mga sarili. At darating kayo sa mga tao na magbibigay sa inyo ng mga kasangkapan na puno ng mga makukulay na pagkain, at kapag kumain kayo ng kahit anumang pagkain mula sa mga pagkaing dala nila ay bigkasin ninyo ang pangalan ng Allah, at haharap kayo sa mga taong naka ahit ang gitna ng kanilang mga ulo at iniwan nila ang gilid na parang mga tali ay tagpasin/hampasin ninyo sila ng mga espada at lusubin sa pangalan ng Allah (swt). [Tabari]

Isa sa mga digmaan na ang isa sa mga kasamahan ng propeta (saws) ay nakipaglaban sa mga pagano hanggang humantong na sinabi ng tao (Walang ibang Diyos maliban kay Allah) dahil sa takot sa espada nguni’t pinatay pa rin siya, at nalaman ito ng Propeta (saws) at nagalit sa kanyang kasamahan.

عن أسامة بن زيد قال بعثنا رسول الله -صلى الله عليه وسلم- في سرية فصبحنا الحرقات من جهينة فأدركت رجلا فقال لا إله إلا الله. فطعنته فوق في نفسي من ذلك فذكرته للنبي -صلى الله عليه وسلم- فقال رسول الله -صلى الله عليه وسلم- « أقال لا إله إلا الله وقتلته ». قال قلت يا رسول الله إنما قالها خوفا من السلاح. قال « أفلا شققت عن قلبه حتى تعلم أقالها أم لا ». فمازال يكررها على حتى تميت أني أسلمت يومئذ. رواه مسلم

Inulat ni Usama bin Zaid na ipinadala kami ng Mensahero ng Allah (saws) sa mga hukbo, nakarating kami sa bandang Huraqat ng Juhainah at may naabutan akong tao at nagsabi: “Walang ibang Diyos maliban kay Allah” subali’t sinaksak ko pa rin ito. Kaya nagkabahid ito sa aking sarili at binanggit ko ito sa Propeta (saws) , sabi ng Propeta (saws) : (Nagsabi ng Walang ibang Diyos maliban kay Allah tapos pinatay mo), sinabi ko: Oh Mensahero ng Allah tunay na sinabi lamang niya iyon dahil sa takot sa aking sandata. Sabin ng Rasul (saws) : (Hiniwa mo ba ang kanyang puso upang malaman mo kung tunay ba ang sinabi niya o hindi), Inulit niya ito ng paulit-ulit hanggang hinangad ko na pumasok sana ako ng Islam sa araw na yaon. [Isinalaysay ni Muslim]

Ang Islam ay hindi humahangad ng pagdanak ng dugo, bagkus tinatanggal ang alinmang pag-aalinlangan katulad ng kuwento sa itaas.

Tunay na sumang-ayon ang Propeta (saws) sa kasunduan sa Hudai’biyah kahit mayroong mga kondisyon na pwede at pang-aapi sa mga muslim upang kumalat ang kapayapaan at kaligtasan sa buhay ng mga tao.

Katotohanan umabot ang mga bilang ng mga namatay sa mga digmaan ng Propeta (saws) sa apat na daang katao sa loob ng sampung taon sa mga Muslim at hindi Muslim. Nguni’t sa Unang Digmaang Pandaigdig at Pangalawa at Digmaang Sibil sa Europa at Amerika at Tsina at Russiya sa ikadalawampung siglo ang bilang ng namatay ay higit kumulang sa isang daang milyong katao ayon sa mga istatistika ng American Journal of Michigan.

Walang nakakaaalam sa pinakamakatarungang Tagahatol sa kasaysayan at pinakamahabagin kaysa sa mga Arabo.

- Gustav Le Bon na isang Orientalista at Mananaysay na Pranses.

PAGPAPATOTOO (23)

Simula sa pananakop ng mga Arabong Muslim, ang mga Mandirigmang mga Muslim ay ginawang tungkulin sa kanilang mga sarili ang pagpaparaya sa mga hindi Muslim at sa mga natalong Nasyon at sa panahon kung saan walang sinumang nasa karahasan na naayon sa batas at naapektuhan. Naglabas si Abu Bakr (r.a.) ang unang pinuno ng mga Muslim ng mga katuruan na umaayon sa karamihan at nagdadala sa Espiritwal na Pag-uugali sa mga batas ng Islam.

- Marcel Boisard na isang Palaisip at Intelektuwal sa Batas ng Pranses at Diplomatiko sa mga bansa at Karapatang pantao.

14. Ang Relihiyong Islam ay kumakausap sa Pag-iisip at nag-aanyaya sa Pakikipagtalakayan at Debate sa magandang pamamaraan.

Iginagalang ng Islam ang mga katunggali tulad sa paggalang sa kaisipan ng mga tao, at inuutusan sila sa pag sasaalang-alang at pag-iisip sa daigdig at pagpapalaya sa kanilang mga kaisipan, at gayundin nagpadala ang Allah (swt) ng mga Mensahero at nagpababa ng mga Kasulatan at nagbigay ng mga himala at milagro, katulad sa pagtugon ng Allah (swt) sa mga pag-aalinlangan at pagtutol at mga katanungan ng ibang mga tao sa Qur'an.

ادْعُ إِلَى سَبِيلِ رَبِّكَ بِالْحُكْمَةِ وَالْمَوْعِظَةِ الْحَسَنَةِ وَجَادِلْهُمْ بَأْتِي هِيَ أَحْسَنُ إِنَّ رَبَّكَ هُوَ أَعْلَمُ بِمَنْ ضَلَّ عَنْ سَبِيلِهِ وَهُوَ أَعْلَمُ بِالْمُهْتَدِينَ

Sabi ng Allah (swt) : “Mag-anyaya kayo sa landas ng iyong Panginoon nang may karunungan at mahusay na pangangaral at makipagtalakayan sa kanila sa paraang pinakamahusay, Katotohanan ang iyong Panginoon

ay higit na maalam sa sinumang naligaw sa Kanyang landas at Siya rin ang higit na mas maalam sa mga napatnubayan”. {16:125}

لَا إِكْرَاهَ فِي الدِّينِ قَدْ تَبَيَّنَ الرُّشْدُ مِنَ الْغَيِّ فَمَنْ يَكْفُرْ بِالطَّاغُوتِ وَيُؤْمِنَ بِاللَّهِ فَقَدِ اسْتَمْسَكَ بِالْعُرْوَةِ الْوُثْقَىٰ لَا انْفِصَامَ لَهَا وَاللَّهُ سَمِيعٌ عَلِيمٌ

Sabi ng Allah (swt): “Walang sapilitan sa relihiyon, Katotohanan naging malinaw ang gabay kaysa kaligawan, kaya ang sinumang tumakwil sa mga Diyos-diyusan at naniwala kay Allah ay tunay na kumapit sa matibay na tali na hindi napuputol, at si Allah ang Nakakarining at ang Maalam”. {2:256}

Katotohanan ang Propeta (saws) ay nakipagtalakayan sa kanyang mga kasamahan, sa mga asawa at tinanggap ang kanilang mga katanungan at saka tinalakay at nakipag debate hanggang sa mga hindi muslim, bagkus pati sa mga kabataan.

PAGPAPATOTOO (24)

Katotohanan ako ay nakakatiyak na ang Islam ay pinapalakas ang mga prinsinyo nito at mga katuruan gamit ang mga katibayang lohikal upang hindi sumang-ayon sa ibang mga relihiyon, Kay sa kabila ng malaking pagsisikap ng ibang mga relihiyon ay ganap silang nabigo sa pakipagtalakayan sa Islam hindi upang mailakip ang nakaraan sa kanilang mga puso. Mapapansin na ang lahat ng ibang mga talakayan ay kadalasang natatalo sa harap ng kadakilaan ng Islam.

- Nagimo Ramoni na isang taga Ghana sa Timog Kanluran ng Aprika at ipinanganak ng Kristiyanong pamilya na miyembro ng Baptist na pinadala ng simbahan. Sa panahon nang nagka edad siya ng dalawampung taon ay nagkaroon siya ng katungkulan tulad ng Masigasig na Mangangaral, subali't nakabasa siya ng aklat patungkol sa Islam at nayanig ang kanyang pananampalataya sa Kristiyanismo at nagpatuloy siya sa pagsaliksik sa katotohanan hanggang pumasok siya sa Islam.

PAGPAPATOTOO (25)

Ang pagsasagawa sa mga katuruan ng Relihiyong Islam ay matutuklasan ng tao ang kanyang kalikasan at kanyang totoong pagkatao at malalaman rin niya ang kanyang sarili.

Katotohanan ang Islam lamang ang nag-iisang relihiyon na nagpa-abot ng nakakakumbinsing sagot sa aking mga nakakalitong katanungan.

- Rose Mary Hao na isang Tagasaliksik at Manunulat ng Ingles, at natapos ang kanyang pagsaliksik sa pagyakap sa Islam.

15. Ang Islam ay nag-aanyaya tungo sa Kaalaman, sa Pag-aaral at sa Pang-unawa.

Ang unang talata na ibinaba mula sa Qur'an:

اقْرَأْ بِاسْمِ رَبِّكَ الَّذِي خَلَقَ

Sabi ng Allah (swt): “Basahin mo, sa ngalan ng iyong Panginoon na lumikha”. {73:1}

Katulad sa ginawa ng Islam sa mga maaalam sa pagkakaroon ng kahalagahan at mataas na parangal sa mundo at sa kabilang-buhay, at inaanyayahan ang mga tao sa paggalang sa kanila at pagrespeto at gawing sanggunian at serbisyo sa kanila at tulong sa pagsagawa ng kanilang katayuan sa pagserbisyo sa lahat ng sangkatauhan.

Katotohanan na naging magaling ang mga Dalubhasang Muslim mula pa noong unang siglo ng Hijri sa lahat ng larangan ng Kaalaman tulad sa medisina, pilosopiya, heograpiya, kasaysayan, panggagamot, kimika, parmasya, astronomiya at iba pang mga kaalaman na nakakatulong sa mga tao.

Sa katotohanan, napakaraming nabanggit sa Banal na Qur'an at sa Tradisyon ng Propeta (saws) ang ibang mga katotohanan sa Agham patungkol sa pagkalikha ng tao at kanyang mga pag-uugali at gayundin sa

pagkalikha ng mundong ito at anumang bagay na nasa loob nito, katulad ng mga bundok, karagatan, araw, buwan, bituin at iba pang mga katotohanan sa Agham na hindi pa natuklasan ng mga Dalubhasa maliban sa ating panahon at nagtakda sila ng napakaraming mga aklat na ang pamagat: Mga Himala sa Agham na nasa loob ng Qur'an at Sunnah.

Katulad ng mga batas na kung saan sa Shari'ah na nakabase sa mga katibayan mula sa Qur'an at Sunnah at hindi sa bulag na tradisyon, at ang pagsusumikap rito ay bukas hanggang sa araw ng Paghuhukom.

Katulad din sa pagtingin ng mga Muslim sa mga nakasaling aklat ng mga naunang mga Nasyon na ikinalat nila sa mundo. At sa katotohanan ito ay masyadong binigyan ng halaga ng mga Muslim na katulad na lamang ni Khalifa Abbasi Mamun na yumao noong 218 hijri, na tumatanggap ng mga aklat bilang buwis at binabayaran ang timbang ng isinaling aklat na katumbas ng ginto. Tunay na ang mga lugar ng Islam ay mayroong napakaraming bilang ng mga mapalasyong paaralan ng mga kaalaman at kolehiyo na maraming nakapagtapos na mga dalubhasa sa iba't ibang larangan ng kaalaman.

Ang Espanya na dating lugar ng Andalus ay isang tore ng kaalaman at sentro ng sibilisasyon ng lahat ng Europa hanggang sa itinaboy ang mga Muslim noong 711 Hijri (1492 AD).

Mayroong isang Pranses na Mananalaysay na sumulat ng aklat na si Avarist Lever Provencal na yumao noong 1894 sa pamagat na (Sibilisasyon ng mga Arabo sa Andalus) at binanggit ang mga magagandang aspeto sa sibilisasyon na iyon.

Nagpadala ng liham ang isa sa mga hari ng Europa noong ika-labindalawang siglo na si George II ang hari ng Inglatera, Sweden at Norway kay Khalifah Hisham III ang isa sa mga Hari ng Andalus bilang patunay na ang mga taga Europa ay nagpapadala ng mga tao para mag-aral at matuto sa Andalus.

(Mula kay George II ang hari ng Inglatera, Sweden at Norway na Khalifah at Hari ng mga Muslim sa Kaharian ng Andalus at ang kanyang kamahalan na si Hisham III.

Pagkatapos ng papuri at pagrespeto, Kami ay sinabihan na tinatamasa ninyo ang masaganang mga paaralan sa agham, kaalaman, teknolohiya at industriya sa inyong mga lugar at ito ay ang kauna-unahan, Samakatuwid nais natin ito para sa mga kabataan upang sila ay makinabang mula sa inyong mga nagawa upang ipalaganap ang mga liwanag ng kaalaman sa aming lugar na napuno ng kadiliman ng kamangmangan.

Ipinadala ko ang aking pamangkin na si Prinsesa Dobant bilang pinuno sa grupo ng mga mangangaral na babae mula sa Ingles at upang magalak sa iyong pamamahala at kagandahang loob kasama ng kanyang mga kasamahan sa inyong pangangalaga dahil sa iyong kadakilaan, at nagpadala rin ako sa maliit na prinsesa ng simpleng regalo para sa iyong kamahalan.

Sana tanggapin ninyo ito ng may karangalan at totoong pagmamahal.

Ang iyong masunuring lingkod, George II.

Society Magazine in Kuwait numero 1707 pahina 49.

PAGPAPATOTOO (26)

Katotohanang lumaganap ang mga pagpapaliwanag at katanungang Islamiko sa Europa at ang Espanya ang naging sentro ng mga kaalaman sa lahat ng Europa at nagkaloob o nagbigay sa mundo ng pinakamahusay na mga guro at marurunong.

- Deborah Potter isang Amerikanang Manunulat.

PAGPAPATOTOO (27)

Katotohanan na ang Islam ay laging nagsasabi na ang Relihiyon at ang Kaalaman ay magkatambal na laging magkasama mula pa noong nagsimula ang pag-aalaga sa agham na ito ay bahagi na hindi bumubukod

sa obligasyon na inuutos ng Islam, at ang pagsagawa sa ganitong utos ay nagdadala sa matinding pag-unlad sa mga Kaalaman sa kapanahunan ng Sibilisasyong Islam at pagbagsak ng mga silanganan bago ang panahon ng pagbangon ng Europa.

- Maurice Bucaillena isang French Surgeon at Siyentipiko.

PAGPAPATOTOO (28)

"Sa tuwing pinag-aaralan natin ang sibilisasyon ng mga Arabo, sa kanilang mga aklat na agham, sa mga imbensyon, sa mga sining, at sa mga bagong mga katotohanan mayroong malawak na aspeto ang lumalabas sa atin. Natutunan natin na ang mga Arabo ang kumuha ng parangal hinggil sa kanilang mga kaalaman sa mga sinaunang agham, at ang mga unibersidad sa Silangan ay walang alam sa loob ng limang siglo sa mapagkukunang agham maliban sa kanilang mga libro. At ang mga Arabo ay ang nagdala ng sibilisasyon sa Europa gamit ang materyal, intelektuwal at sa kagandahang-asal. Ang kasaysayan ay walang alam na isang bansa kung paano ginawa ang naayon sa bansa sa maikling panahon, at walang tao sa mundo na nakalampas sa kanila sa mga teknikal na makabagong ideya.

- Gustave Le Bon na isang Mananalaysay na Pranses at Orientalista.

PAGPAPATOTOO (29)

Ito ay isang karangalan para sa akin para makatulong na linawin ang mga pahayag sa Qur'an tungkol sa pagbuo ng sanggol. Ito ay naging malinaw sa akin na ang mga salitang ito ay nanggaling kay Muhammad (saws) na mula sa Diyos, o 'Allah', dahil halos lahat ng kaalamang ito ay hindi natuklasan hanggang dumaan ang maraming siglo. Kaya ito ay nagpapatunay sa akin na si Muhammad (saws) ay Sugo ng Diyos.

- Professor Keith Moore, na isang mga kilalang siyentipiko sa mundo ng anatomiya at embrayolohiya sa Unibersidad ng Toronto sa Canada at nakasali sa pagpupulong sa Himala sa Kaalaman sa loob ng Qur'an na

naganap sa Moscow at siya ay pumasok sa Islam doon na kasama ang 38 na mga Sikat na Dalubhasa ng Rusiya, at pagkatapos pinalabas sa telebisyon sa Rusiya.

16. Nag-uutos ang Islam ng hustisya at nagbabawal ng Pag-aapi.

Kasama ang kaibigan, kalaban, ang sinumang ating nalalaman at hindi nalalaman, ang bata at ang matanda, bagkus hanggang ang hindi muslim at ang buong sitwasyon ng buhay.

إِنَّ اللَّهَ يَأْمُرُ بِالْعَدْلِ وَالْإِحْسَانِ وَإِيتَاءِ ذِي الْقُرْبَىٰ وَيَنْهَىٰ عَنِ الْفَحْشَاءِ وَالْمُنْكَرِ وَالْبَغْيِ يَعِظُكُمْ لَعَلَّكُمْ تَذَكَّرُونَ

Sabi ng Allah (swt) : “Katotohanan si Allah ay nag-uutos ng katarungan at kabutihan at pagbibigay sa kamag-anak at nagbabawal ng kalaswaan at kasalanan at pang-aapi, pinapayuhan Niya kayo upang kayo’y mapaalalahanan”. {16:90}

يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا كُونُوا قَوَّامِينَ لِلَّهِ شُهَدَاءَ بِالْقِسْطِ وَلَا يَجْرِمَنَّكُمْ شَنَاٰنُ قَوْمٍ عَلَىٰ أَلَّا تَعْدِلُوا اعْدِلُوا هُوَ أَقْرَبُ لِلتَّقْوَىٰ وَاتَّقُوا اللَّهَ إِنَّ اللَّهَ خَبِيرٌ بِمَا تَعْمَلُونَ

Sabi ng Allah (swt) : “Oh mga yaong sumasampalataya manindigan sa Allah bilang mga saksi sa katuwiran at huwag ninyong pabayaang ang pagkamuhi sa tao na pigilan kayo mula sa pagiging makatarungan. Maging makatarungan dahil iyon ang higit na malapit sa pagkatakot, at matakot kay Allah, Tunay si Allah ang Nakababatid sa iyong mga ginagawa”. { 5:8}

عن أنس بن مالك يقول قال رسول الله صلى الله عليه وسلم اتقوا دعوة المظلوم وإن كان كافرا فإنه ليس دونها حجاب

Inulat ni Anas bin Malik (r.a.) na sinabi ng Mensahero ng Allah (saws) : “Katakutan mo ang panalangin ng isang inaapi kahit siya ay hindi muslim sapagkat wala itong harang”. [Ahmad at sa Saheh Jami 119]

عن عائشة رضي الله عنها: أن قريشا أهمهم شأن المرأة المخزومية التي سرقت فقالوا ومن يكلم فيها رسول الله صلى الله عليه و سلم ؟ فقالوا ومن يجترئ عليه إلا أسامة ابن زيد حب رسول الله صلى الله

عليه و سلم فكلمه أسامة فقال رسول الله صلى الله عليه و سلم (أتشفع في حد من حدود الله) . ثم قام فاخطب ثم قال (إنما أهلك الذين قبلكم أنهم كانوا إذا سرق فيهم الشريف تركوه وإذا سرق فيهم الضعيف أقاموا عليه الحد وAIM الله لو أن فاطمة بنت محمد سرقت لقطعت يدها)

Inulat ni Aisha (r.a.) na nagkaroon ng problema ang mga Quraish sa kalagayan ng babaeng Makhzumiyah na nagnakaw, sinabi nila: Sino ang makikipag-usap sa Mensahero ng Allah (saws)? At Kanilang sinabi: Walang may malakas ng loob maliban kay Usama bin Zaid, kaya kinausap siya ni Usama at sinabi ng Mensahero ng Allah (saws) : (Bakit ka mamamagitan sa isa sa mga hangganan ng Allah) at pagkatapos siya ay tumayo at nagbigay ng sermon at nagsabi: (Tunay na nawasak ang yaong mga nauna sa inyo dahil kung may nagnakaw na marangal na tao mula sa kanila ay iniwanan lang nila at kapag may nagnakaw mula sa kanila na mahina ay itinatayo nila ang kaparusahan. Sinusumpa ko sa Allah (swt) kung magnakaw si Fatimah na anak ni Muhammad ay aking puputulin ang kanyang kamay). [Bukhari at Muslim]

عن أبي هريرة، عن النبي - صلى الله عليه وسلم - قال: "سبعة يظلهم الله في ظله يوم لا ظل إلا ظله، الإمام العادل، وشاب نشأ في عبادة الله، ورجل قلبه معلق في المساجد، ورجلان تحابا في الله اجتمعا عليه وتفرقا عليه، ورجل طلبته امرأة ذات منصب وجمال، فقال: إني أخاف الله. ورجل تصدق بصدقة أخفاها، لا تعلم يمينه ما تنفق شماله، ورجل ذكر الله خاليا ففاضت عيناه". متفق عليه

Inulat ni Abu Hurairah RA na sinabi ng Propeta (saws) : "Mayroong pitong katao na kung saan bibigyan ng Allah (swt) ng Kanyang lilim sa araw na walang lilim maliban sa Kanyang lilim: Ang Makatarungang Pinuno, Ang bata na lumaki sa pagsamba sa Allah (swt) , Ang lalaki na ang kanyang puso ay nakakabit sa mga Masjid, Ang dalawang lalaki na nagmahalan para kay Allah (swt) at nagsama sila para sa Allah (swt) at naghiwalay para sa Allah (swt), ang lalaki na inakit ng isang babae na may posisyon at kagandahan ngunit sinabi niya: "Tunay ako ay natatakot kay Allah (swt)", ang isang tao na nagbibigay ng kawanggawa at kanyang itinago ng hindi alam ng kanyang kanang kamay kung ano ang binibigay ng kanyang kaliwa, At ang

isang tao na naalala niya si Allah (swt) na palihim at saka tumulo ang kanyang luha”. [Sahih Bukhari at Muslim]

PAGPAPATOTOO (30)

Katotohanan ang pagpigil sa pang-aapi sa mga tao at pagtayo ng katarungan sa kalupaan ay ang huling hangarin na hinangad ng mensahe ng Islam sa lipunan, at ang pinakamataas na huwaran ng katarungan ay para sa mga Muslim at sa mga hindi Muslim na magkahalintulad, subali't nawala ang pagtayo sa Estado ng Islam at ito ay bumagsak.

Leopold Weissna isang Austrian na Tagapag-isip at Manunulat na yumakap sa Islam pagkatapos ng matagal niyang pagsusuri at pinangalanan niya ang kanyang sarili na Muhammad Asad.

17. Nag-uutos ang Islam sa Pag-aanyaya tungo sa Allah (swt) at Pagpapaabot ng Relihiyong ito.

Sa lahat ng lugar ay karapat-dapat ang bawat isa at hindi pwedeng ipagbawal ang sinuman na katulad na lamang sa ipinag-uutos ng Islam ang Pag-uutos ng Kabutihan at Pagbabawal ng Kasamaan, pagtutulungan sa pagitan ng mga Muslim sa kabutihan at pagkatakot at mahal in ng Muslim ang kanyang mga kapatid katulad sa pagmamahal ng kanyang sarili. At ang Pag-aanyaya tungo sa Allah ay obligasyon sa bawat Muslim ayon sa kanyang kakayahan.

عن أنس بن مالك - رضي الله عنه - عن النبي - صلى الله عليه وسلم - قال : ((لا يؤمن أحدكم حتى يحب لأخيه ما يحب لنفسه)) . رواه البخاري ومسلم

Inulat ni Anas bin Malik (r.a) na sinabi ng Propeta (saws) : “Hindi nananampalataya ang isa sa inyo hanggang mahal in niya ang kanyang kapatid tulad sa pagmamahal niya sa kanyang sarili”. [Isinilaysay ni Bukhari at Muslim]

عن عبد الله بن عمرو: أن النبي صلى الله عليه و سلم قال (بلغوا عني ولو آية وحدثوا عن بني إسرائيل ولا حرج ومن كذب علي متعمدا فليتبوأ مقعده من النار) البخاري

Iniulat ni Abdullah bin Amru na sinabi ng Propeta (saws) :
 “Magpaabot kayo tungkol sa akin kahit isang talata at magkuwento kayo tungkol sa Bani Israel dahil walang problema dito at ang sinumang nagsinungaling patungkol sa akin ng sadya ay kumuha ng kanyang lugar sa Impiyerno”. [Isinalaysay ni Bukhari]

وَلَتَكُنَّ مِنْكُمْ أُمَّةٌ يَدْعُونَ إِلَى الْخَيْرِ وَيَأْمُرُونَ بِالْمَعْرُوفِ وَيَنْهَوْنَ عَنِ الْمُنْكَرِ وَأُولَئِكَ هُمُ الْمُفْلِحُونَ

Sabi ng Allah (swt): “At maging isang bansa kayo na nag-aanyaya sa kabutihan, at nag-uutos ng tama at nagbabawal ng mali, at sila yaong mga magtatagumpay”. {3:104}

إِنَّ الَّذِينَ يَكْتُمُونَ مَا أَنْزَلْنَا مِنَ الْبَيِّنَاتِ وَالْهُدَىٰ مِنْ بَعْدِ مَا بَيَّنَّاهُ لِلنَّاسِ فِي الْكِتَابِ أُولَئِكَ يَلْعَنُهُمُ اللَّهُ وَيَلْعَنُهُمُ اللَّاعِنُونَ

Sabi ni Allah (swt): “Katotohanan na ang yaong mga nagtatakip ng anumang ipinababa Namin mula sa mga paliwanag at gabay pagkatapos sa anumang Aming ipinaliwanag sa sangkatauhan sa loob ng Aklat, sila ay susumpain ng Allah at susumpain sila ng mga manunumpa”. {2:159}

Ang Islam ay mensahe ng kapayapaan at pagmamahalan at ang hangarin ay makapasok ang lahat ng mga tao sa paraiso at ang bawat tao ay mayroong karapatan na malaman ang relihiyong ito sa katotohanan at hindi siya pipigilan rito nang walang anumang hadlang o buwis na pera o paglilitis o mga pansariling kondisyon.

Katotohanan na ang Propeta (saws) ay naging pinakamasigasig na tao sa larangan ng Pag-aanyaya at Pagpapaabot ng Relihiyong ito at siya ay nagtiis sa landas ng maraming pasakit sa pangangatawan at sarili at mga bintang mula sa mga pagano at hudyo at mga Nagkukunwari, nguni't pinakitunguhan pa rin niya ang mga ito ng kagandahang loob at kabutihan.

Umabot sa punto na ang Propeta (saws) ay nagpunta sa Taif sa pamamagitan ng paglalakad lamang papunta at pabalik na ang layo ay

higit kumulang sa siyamnapung kilometro sa pagitan ng mga bundok upang mag anyaya sa Islam subali't walang tumugon sa kanyang pag-anyaya, bagkus binato siya ng mga bato hanggang sa dumugo ang kanyang mga paa.

At gayundin ang mga Kasamahan ng Propeta (Kalugdan nawa sila ng Allah) na itinayo nila ang Pag-aanyaya tungo sa Allah (swt) at pinalaganap ang relihiyong Islam sa kalahati ng mundo sa loob ng apat na siglo (25 na taon) lamang at binuhos nila ang kanilang mga panahon sa ganitong landas at kanilang mga oras at mga kayamanan.

18. Ang Islam ay ang Relihiyon ng Dalisay na Kalikasan.

Hindi bumabangga ang relihiyong Islam sa kalikasan na nilikha ng Allah (swt) para sa tao, bagkus sa kabuuan ito ay sumasang-ayon sa relihiyong Islam, at gayundin ang Islam ay mayroong natatanging atraksyon na inaakit ang mga tao kapag nalaman nila ito sa tamang paraan.

Katulad na walang muslim na mag-iiwan sa kanyang Relihiyon dahil hindi siya nahikayat o kaya hindi naging matiwasay ang kanyang sarili rito. Katotohanang napatunayan na ang Islam ay ang unang Relihiyon sa mundo na dumadami ang kanyang tagasunod araw-araw mula sa magkakaibang kasarian, lahi, antas ng pinag-aralan, pag-iisip, at hindi ito nababawasan kahit maraming bumabatikos sa Islam mula sa mga grupo at mga bintang at mga kasinungalingan.

وَاعْلَمُوا أَنَّ فِيكُمْ رَسُولَ اللَّهِ لَوْ يُطِيعُكُمْ فِي كَثِيرٍ مِنَ الْأَمْرِ لَعَنِتُمْ وَلَكِنَّ اللَّهَ حَبَّبَ إِلَيْكُمُ الْإِيمَانَ
وَزَيَّنَّهُ فِي قُلُوبِكُمْ وَكَرَّهَ إِلَيْكُمُ الْكُفْرَ وَالْفُسُوقَ وَالْعِصْيَانَ أُولَئِكَ هُمُ الرَّاشِدُونَ

Sabi ng Allah (swt): “At alamin ninyo na mayroon kayong Mensahero ng Allah na kung kayo ang kanyang susundin sa karamihan ng inyong kalagayan tiyak mahahirapan lamang kayo subali't pinamahal ng Allah sa inyo ang Pananampalataya at pinalamutian ito sa inyong mga puso at pinamuhi sa inyo ang pagtakwil at pagkapusok at paglabag, sila ang yaong mga nagabayan”. {49:7}

إِنَّ أَبَا هُرَيْرَةَ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - كَانَ يُحَدِّثُ قَالَ النَّبِيُّ - صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ - « مَا مِنْ مَوْلُودٍ إِلَّا يُولَدُ عَلَى الْفِطْرَةِ ، فَأَبْوَاهُ يَهُودَانَهُ أَوْ يَنْصَرَانَهُ أَوْ يِمَجْسَانَهُ ، كَمَا تَنْتَجِ الْبَهِيمَةُ بِهَيْمَةٍ جَمْعَاءَ هَلْ تُحْسُونَ فِيهَا مِنْ جَدْعَاءَ » . ثُمَّ يَقُولُ أَبُو هُرَيْرَةَ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - (فَطْرَةَ اللَّهِ الَّتِي فَطَرَ النَّاسَ عَلَيْهَا) .

Katotohanan inulat ni Abu Huraira (r.a.) na sinabi ng Propeta (saws) : (Walang sanggol maliban na pinanganak sa kalikasan subalit ang kanyang magulang ay ginawa siyang Hudyo o Kristiyano o isang Majus katulad ng hayop na nanganak ng normal, meron kabang napansing anumang abnormal mula rito? At saka sinabi ni Abu Hurairah RA : (Likas na nilikha ng Allah sa tao ang bagay na ito)

At hindi sinabi ng Propeta (saws) na ginawa nilang Muslim ang sanggol, sapagkat ang Kalikasan ay ang Islam.

Isa sa mga awa ng Allah (swt) ay ang pinamahal Niya ang Islam sa bawat tao kapag siya'y maghanap ng katotohanan at gusto ng gabay.

Sa panahon ng Propeta (saws) pumunta si Abu Sufyan (r.a.) bago pa siya pumasok sa Islam kay Heraclius hari ng Romanong Kristiyano sa Sham at tinanong siya ni Heraclius ng napakaraming katanungan tungkol sa Islam at sa Mensahero (saws) at isa sa mga nakakamanghang kuwento sa pagitan nila:

Heraclius: Napagbintangan ba ninyo na siya'y sinungaling bago pa niya sinasabi ang kanyang nasabi.

Abu Sufyan: Hindi

Heraclius: Mga mararangal ba na mga tao ang sumunod sa kanya o mga mahihina?

Abu Sufyan: Mula sa mga mahihina.

Heraclius: Nababawasan ba sila o dumadami?

Abu Sufyan: Dumadami.

Heraclius: Meron bang bumabaliktad sa kanila dahil sa galit sa kanya?

Abu Sufyan: Wala

Heraclius: Ano ang kanyang inuutos sa inyo?

Abu Sufyan: Sinabi niya na sumamba kayo sa Allah (swt) at huwag kayong magtambal ng anupaman sa Kanya at inuutusan kami ng pagdarasal at mag kawanggawa at kalinisang-puri at pag-uugnay sa relasyon ng kamag-anak.

Heraclius: (kung ang sinasabi mo ay totoo, katiyakan makukuha niya itong lugar ng aking dalawang paa at kung kaya ko lang siyang maabot, tiyak na pupuntahan ko siya kaagad upang makita lamang siya at kung nasa tabi ko lamang siya, tiyak huhugasan ko ang kanyang mga paa).

Malapit na sana pumasok sa Islam si Heraclius pagkatapos niyang nalaman ang tamang Relihiyon kung hindi lang sana natakot sa kanyang mga ka-tribo.

PAGPAPATOTOO (31)

Ang nangyari sa sibilisasyon ng mga Arabo sa kayamanan katulad ng mga sibilisasyon na lumitaw bago pa nito ay patuloy pa rin ang Relihiyon ng Propeta (saws) na gumagalaw tulad rin sa nakaraan at patuloy pa rin mayroong malaking posisyon sa mga sarili ngunit ang ibang mga Relihiyon kahit pa ito ay mas luma ay unting-unti nasisira sa bawat araw ang kanyang kapangyarihan.

- Gustave Le Bon na isang Pranses na Orientalista at Mananaysay.

PAGPAPATOTOO (32)

Matapos kong pinag-aralan ang mga iba't ibang relihiyon sa mundo, dumating ako sa konklusyon na ang Islam ay ang tanging Relihiyon na may epekto sa mga yaong naniniwala dito at gayundin sa mga hindi naniniwala dito, at ang pinakamatiding kabutihan ng Islam ay patuloy itong namimihag ng mga puso ng tao. Kaya makikita mo sa Islam ang kakaibang mahika at isang matinding pang-akit sa mga hindi Muslim gamit ang malawak at bukas na isipan. "

- Mary Oliver na isang Amerikanang Kristiyanong Makata na hindi nahikayat ng kanyang paniniwala at pagkatapos pinag-aralan niya ang Budismo at Hinduismo at panghuli ay pumasok siya sa Islam.

19. Ang Islam ay ang relihiyon ng Kapayapaan at Katiwasayan at awa sa sanlibutan at nagbabawal ng Terorista.

Ang Islam ay mensahe ng kayapaan at katiwasayan at awa sa sanlibutan, at ang pambungad ng mga Muslim ay kapayapaan at isa sa mga pangalan ng Allah (swt) ay ang Kapayapaan, at ang paraiso ay lugar ng kapayapaan, at ang Islam ay awa sa mga tao, hayop, puno at sa lahat ng mga bagay.

وَمَا أَرْسَلْنَاكَ إِلَّا رَحْمَةً لِّلْعَالَمِينَ

Sabi ng Allah (swt): “at hindi ka Namin ipinadala maliban na lamang bilang habag sa mga sanlibutan”. {21:107}

عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ قَالَ قِيلَ يَا رَسُولَ اللَّهِ ادْعُ عَلَيَّ الْمُشْرِكِينَ قَالَ «إِنِّي لَمْ أُبْعَثْ لِعَانًا وَإِنَّمَا بُعِثْتُ رَحْمَةً». رواه مسلم

Inulat ni Abu Hurairah (r.a.) na may nagsabi sa Mensahero ng Allah (saws): “Manalangin ka laban sa mga Pagano, sumagot ang Propeta Muhammad (saws) “ Katotohanan ako ay hindi ipinadala upang magsumpa bagkus ako ay ipinadala bilang habag”. [Isinalaysay ni Muslim]

Ang Islam ay pinaparating ang kapayapaan sa lahat ng tao katulad ng Propeta (saws) na maunawain at malambot sa mga tao at masigasig sa kanila at nasasaktan kapag nasasaktan sila.

لَقَدْ جَاءَكُمْ رَسُولٌ مِّنْ أَنفُسِكُمْ عَزِيزٌ عَلَيْهِ مَا عَنِتُّمْ حَرِيصٌ عَلَيْكُمْ بِالْمُؤْمِنِينَ رَءُوفٌ رَّحِيمٌ

Sabi ni Allah (swt): “Katotohanan dumating sa inyo ang mensahero mula sa inyong lipon, nakakapagpalumbay sa kanya ang inyong dinaranas at nababahala sa inyo at sa mga mananampalataya ay mabait at maawain”. {9:128}

Inaanyayahan ng Allah (swt) ang isang Muslim na maging maunawain sa lahat ng aspeto ng buhay. Sabi ng Propeta (saws)

عَنْ عَبْدِ اللَّهِ بْنِ عَمْرٍو يَبْلُغُ بِهِ النَّبِيُّ - صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ - « الرَّاحِمُونَ يَرْحَمُهُمُ الرَّحْمَنُ أَرْحَمُوا أَهْلَ الْأَرْضِ يَرْحَمَكُم مِّنْ فِي السَّمَاءِ ». رَوَاهُ أَبُو دَاوُدَ وَالتِّرْمِذِيُّ، صَحِيحُ الْجَامِعِ

Inulat ni Abdullah bin Amru na sinabi ng Propeta (saws) : “Ang mga maunawain ay kaaawaan ng Maunawaing (Allah), kaya unawain inyo ang mga taga-lupa para kaawaan kayo sa sinuman sa kalangitan”. [Isinalaysay ni Abu Dawud at Termidi at sa Saheh Jami]

At ang lahat na mga batas ng Islam ay habag at mainam at kasiyahan sa mga buong sangkatauhan, at pagtupad ng katiwasayan at kaligtasan sa sarili at lipunan, at ito rin ang mga matinding hangad ng Islam dahil sa mga limitasyon nito.

وَلَكُمْ فِي الْقِصَاصِ حَيَاةٌ يَا أُولِي الْأَلْبَابِ لَعَلَّكُمْ تَتَّقُونَ

Sabi ng Allah (swt): “At sa Qisas ay mayroon kayong buhay, Oh mga taong nakakaunawa, upang sakali kayo ay maging matakot”. {2:179}

Ipinagbawal ng batas ng Islam ang terorismo na isang pananakot sa mga matiwasay na tao at paglabag sa kanilang mga ari-arian at pagdanak ng dugo ng mga inosente at pagwasak ng kalupaan, inilarawan ng Islam ang pagpatay ng isang tao sa kawalan ng katarungan ay parang pagpatay sa lahat ng sangkatauhan.

مَنْ أَجَلَ ذَلِكَ كَتَبْنَا عَلَىٰ بَنِي إِسْرَائِيلَ أَنَّهُ مَن قَتَلَ نَفْسًا بِغَيْرِ نَفْسٍ أَوْ فَسَادٍ فِي الْأَرْضِ فَكَأَنَّمَا قَتَلَ النَّاسَ جَمِيعًا وَمَنْ أَحْيَاهَا فَكَأَنَّمَا أَحْيَا النَّاسَ جَمِيعًا وَلَقَدْ جَاءَهُمْ رَسُولُنَا بِالْبَيِّنَاتِ ثُمَّ إِنَّ كَثِيرًا مِنْهُمْ بَعَدَ ذَلِكَ فِي الْأَرْضِ لَمُسْرِفُونَ

Sabi ng Allah (swt): “Dahil rito Aming sinulat sa Angkan ni Israel, katotohanan ang sinumang pumatay ng tao na walang dahilan o kasiraan sa kalupaan ay para siyang pumatay ng buong sangkatauhan at sinumang bumuhay nito ay parang bumuhay rin ng buong sangkatauhan, at katotohanan dumating sa kanila ang Aming mga Mensahero na may mga paliwanag nguni't pagkatapos nito ang karamihan sa kanila sa kalupaan ay nagmalabis”. {5:32}

عن عبد الله بن عمرو بن العاص يقول سمعت رسول الله صلى الله عليه وسلم يقول تدرؤن من المسلم قالوا الله ورسوله أعلم قال من سلم المسلمون من لسانه ويده قال تدرؤن من المؤمن قالوا الله ورسوله أعلم قال من آمنه المؤمنون على أنفسهم وأموالهم والمهاجر من هجر السوء فاجتنبه.
رواه أحمد

Inulat ni Abdullah bin Amru bin As (r.a.) na aking narinig ang Mensahero ng Allah (saws) ay nagsabi: (Alam ba ninyo kung sino ang Muslim?, sinabi namin na ang Allah lamang at ang Kanyang Mensahero ang higit na nakakaalam, sinabi ng Sugo (saws): Ang sinumang naging ligtas ang mga Muslim sa kanyang dila at kamay, at muling nagsabi ang Propeta Muhammad (saws): Batid ba ninyo kung sino naman ang Mu'min?, sinabi nila na Ang Allah lamang at Kanyang Mensahero ang higit na nakakaalam, sabi muli ng Propeta (saws) : Ang sinumang naging matiwasay sa kanya ang mga mananampalataya sa kanilang mga sarili at kayamanan at ang Muhajir ay ang sinumang lumikas sa kasamaan at lumayo rito). [Isinalaysay ni Ahmad]

PAGPAPATOTOO (33)

Ang Islam ay ang relihiyon ng kapayapaan na nag-aanyaya sa pagpapalaganap ng kapayapaan at pagkakapantay- pantay sa pagitan ng mga Muslim, at hindi lang ganito bagkus naglalagay rin ito ng mga responsibilidad sa leeg ng mga Muslim upang ipatayo ang kapayapaan sa buong mundo.

- Mary Oliver na isang Kristiyano na hindi nahikayat ng kanyang paniniwala at pagkatapos nag-aral sa Budismo at Hinduismo at saka yumakap sa Islam.

20. Ang Islam ay ang relihiyong sa pagitan ng mga Materyal at Espiritwal at sa gitna ng pagsamba kay Allah (swt).

Binibigyang halaga ng ibang mga Relihiyon ang pang-espiritwal at ang pagsamba subali't sila ay nagmamalabis minsan rito, at ipinagbawal ang sarili sa anumang kinakailangan sa mundong ito, Katotohanang ito ay bumabangga sa kalikasan ng Allah (swt) na ginawa Niya sa mga tao.

Ang iba naman ay nagmamalabis sa pagbusog sa mga kagustuhan ng katawan at binibigyang pansin ang pagdisiplina sa sarili at paglinis nito at kinakalimutan ang kabilang-buhay, kaya hindi siya gumagawa para rito.

Subali't ang Islam ay binigyan ng halaga ang kaluluwa at inuutusan ito ng disiplina at paglilinis nito, katulad sa pagbibigay halaga sa mga katawan at pagbibigay nito ng kanyang karapatan gamit ang malusog na pag-aaruga, pag-aasawa, pagkain at ipinagbabawal ang mga bagay na nakakasama rito.

عن عبد الله بن عمرو بن العاص - رضي الله عنهما - قال لي رسول الله - صلى الله عليه وسلم - « يا عبد الله ألم أخبر أنك تصوم النهار وتقوم الليل ». فقلت بلى يا رسول الله . قال « فلا تفعل ، صم وأفطر ، وقم ونم ، فإن لجسدك عليك حقا ، وإن لعينك عليك حقا ، وإن لزورك عليك حقا ، وإن بحسبك أن تصوم كل شهر ثلاثة أيام ، فإن لك بكل حسنة عشر أمثالها ، فإن ذلك صيام الدهر كله . فشددت ، فشدد علي ، قلت يا رسول الله ، إني أجد قوة . قال « فصم صيام نبي الله داود عليه السلام ولا تزد عليه » . قلت وما كان صيام نبي الله داود - عليه السلام - قال « نصف الدهر » . فكان عبد الله يقول بعد ما كبر يا ليتني قبلت رخصة النبي - صلى الله عليه وسلم - رواه البخاري

Inulat ni Abdullah bin Amru bin As (r.a.) na sinabi sa akin ng Mensahero ng Allah (saws): (Oh Abdullah binalitaan ako na ikaw ay nag-aayuno sa umaga at nagdasaral sa gabi). sinabi ko: Opo oh Mensahero ng Allah, at sinabi ng Propeta (saws): (Huwag mong gawain ang bagay na iyon , bagkus mag-ayuno ka at kumain rin, at saka magdasal at matulog rin, dahil katotohanan sa iyong katawan ay mayroon kang karapatan, at sa iyong mata ay mayroon kang karapatan, at sa iyong asawa ay mayroon kang karapatan, at sa iyong bisita ay mayroon kang karapatan, at sapat na sa iyo ang pag-aayuno ng tatlong araw sa isang bwan, at mapapasaiyo ang sampung gantimpala sa bawat kabutihan, kaya ang pag-aayuno ay katumbas ng isang taon). Subali't aking ipinilit, kaya nahirapan ako, Ako'y nagsabi: Oh Mensahero ng Allah (saws), Meron akong kalakasan, sabi ng Propeta (saws): mag-ayuno ka tulad ng Propeta ng Allah na si Dawud -

mapasakanya ang kapayapaan- at huwag mo nang dagdagan). Aking sinabi: ano ba ang pag-aayuno ng propeta ng Allah na si Dawud?, sabi ng Propeta (saws): kalahating taon). Sabi ni Abdullah nang dumating sa kanya ang katandaan: Sana tinanggap ko ang pagpapagaan ng Propeta (saws). [Isinalaysay ni Bukhari]

Katulad sa pagdisiplina ng Islam sa mga Muslim sa pagbibigay at paggigiliw at gawain para sa kabilang-buhay at hindi para sa mundo, at nag-aanyaya ang Islam sa kawanggawa at pagpapautang na walang patubo at pagtulong sa kanila at iba pang mga makakatulong na gawain, tulad rin sa pagdisiplina ng Islam sa mga tagasunod nito sa pagkagiliw sa Paraiso at anumang nabanggit mula sa mga biyaya na hindi kayang ihambing sa biyaya ng mundo, at walang mga haligi sa mundo at pagkagiliw rito at pagkalimot sa Kabilang-buhay.

وَابْتَغِ فِيمَا آتَاكَ اللَّهُ الدَّارَ الْآخِرَةَ وَلَا تَنْسَ نَصِيبَكَ مِنَ الدُّنْيَا وَأَحْسِنَ كَمَا أَحْسَنَ اللَّهُ إِلَيْكَ وَلَا تَبْغِ الْفُسَادَ فِي الْأَرْضِ إِنَّ اللَّهَ لَا يُحِبُّ الْمُفْسِدِينَ

“At hanapin mo ang anumang ipinagkaloob ng Allah (swt) sa iyo na tahanan sa Kabilang-buhay at huwag kalimutan ang iyong bahagi sa mundo. At gumawa ng mabuti tulad sa kabutihan ni Allah (swt) sa iyo. At huwag nasahin ang kasiraan sa lupa. Katunayan, ang Allah (swt) ay hindi minamahal ang mga maninira”. {28:77}

عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - قَالَ قَالَ رَسُولُ اللَّهِ - صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ - « قَالَ اللَّهُ أَعَدَدْتُ لِعِبَادِي الصَّالِحِينَ مَا لَا عَيْنٌ رَأَتْ ، وَلَا أُذُنٌ سَمِعَتْ ، وَلَا خَطَرَ عَلَى قَلْبِ بَشَرٍ ، فَاقْرَءُوا إِن شِئْتُمْ (فَلَا تَعْلَمُ نَفْسٌ مَا أُخْفِيَ لَهُمْ مِنْ قُرَّةِ أَعْيُنٍ) مُتَّفَقٌ عَلَيْهِ

Inulat ni Abu Hurairah (r.a.) na sinabi ng Mensahero ng Allah (saws): (Sabi ng Allah: Aking inihanda sa Aking mga alipin na matutuwid ang anumang hindi nakita ng mata at narinig ng taenga at hindi pumasok sa puso ng tao, kaya basahin ninyo kung gusto ninyo (at walang sarili na nakakaalam sa kung ano ang nakatago sa kanila mula sa kaginhawahan ng mga mata). [Isinalaysay ni Bukhari at Muslim]

At ipinagbawal ng Islam ang pag papasobra sa Relihiyon, at ipinaliwanag ng Propeta (saws) na ang pag papasobra sa Relihiyon ay mga

dahilan ng kapahamakan, at sinumang ayaw sa kanyang tradisyon ay tunay na naligaw.

عَنْ ابْنِ عَبَّاسٍ قَالَ قَالَ رَسُولُ اللَّهِ -صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ- غَدَاةَ الْعُقْبَةِ وَهُوَ عَلَى نَاقَتِهِ « الْقَطُّ لِي حَصِيٌّ ». فَلَقَطْتُ لَهُ سَبْعَ حَصِيَّاتٍ مِنْ حَصِيِّ الْخَذْفِ فَجَعَلَ يَنْفُضُهُنَّ فِي كَفِّهِ وَيَقُولُ « أَمْثَالَهُوَلَاءِ فَارْمُوا. » ثُمَّ قَالَ « يَا أَيُّهَا النَّاسُ إِيَّاكُمْ وَالْغُلُوَّ فِي الدِّينِ فَإِنَّمَا أَهْلَكَ مِنْ كَانَ قَبْلَكُمْ الْغُلُوُّ فِي الدِّينِ ».

Ayon kay Ibnu Abbas (r.a.) na sinabi ng Mensahero ng Allah (saws) na papunta sa Aqabah sakay sa kanyang kamelyo: (Pumulot ka para sa akin ng bato), kaya pumulot ako ng pitong bato na maliliit, at saka kinulong niya ito sa kanyang palad at nagsabi: (katulad ninyo ang mga batong ito) at saka sinabi (saws): (Oh sangkatauhan huwag kayong mag papasobra sa Relihiyon sapagka't winasak ang nauna sa inyo dahil sa pag pagsobra sa Relihiyon). [Isinalaysay ni Ibnu Majah]

عَنْ أَنَسِ بْنِ مَالِكٍ -رضي الله عنه- يَقُولُ جَاءَ ثَلَاثَةٌ رَهَطُوا إِلَى بَيْوتِ أَزْوَاجِ النَّبِيِّ -صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ- يَسْأَلُونَ عَنْ عِبَادَةِ النَّبِيِّ -صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ- فَلَمَّا أُخْبِرُوا كَانَهُمْ تَقَاتَلُوهَا فَقَالُوا وَأَيْنَ نَحْنُ مِنَ النَّبِيِّ -صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ- قَدْ غَفِرَ لَهُ مَا تَقَدَّمَ مِنْ ذَنْبِهِ وَمَا تَأَخَّرَ. قَالَ أَحَدُهُمْ أَمَا أَنَا فَإِنِّي أُصَلِّي اللَّيْلَ أَبَدًا. وَقَالَ آخَرُ أَنَا أَصُومُ الدَّهْرَ وَلَا أَفْطِرُ. وَقَالَ آخَرُ أَنَا أَعْتَزِلُ النِّسَاءَ فَلَا أَتَزَوَّجُ أَبَدًا. فَجَاءَ رَسُولُ اللَّهِ -صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ- فَقَالَ « أَنْتُمْ الَّذِينَ قُلْتُمْ كَذَا وَكَذَا أَمَا وَاللَّهِ إِنِّي لَأَخْشَاكُمْ لِلَّهِ وَأَتْقَاكُمْ لَهُ، لَكِنِّي أَصُومُ وَأَفْطِرُ، وَأُصَلِّي وَأَرْقُدُ وَأَتَزَوَّجُ النِّسَاءَ، فَمَنْ رَغِبَ عَنْ سُنَّتِي فَلَيْسَ مِنِّي » رواه البخاري

Ayon kay Anas bin Malik (r.a.) na kanyang sinabi : may tatlong tao na dumating sa mga bahay ng mga asawa ng Propeta (saws) na nagtatanong tungkol sa pagsamba ng Propeta (saws), habang binabalitaan sila ay nahirapan sila, kaya sinabi nila: saan tayo sa Propeta (saws) na pinatawad na ang kanyang anumang parating na kasalanan at nakaraan. Sabi ng isa sa kanila: Ako ay magdadasal sa gabi habang-buhay at sabi ng isa: Ako ay mag-aayuno ng isang taon na walang sisirain, sabi ng isa: Ako ay lalayuan ko mga babae at hindi mag-aasawa habang-buhay. Dumating ang Mensahero ng Allah (saws) at nagsabi: (Kayo ba ang yaong nagsasabi ng ganito, Katotohanan ako ang mas matatakutin kay Allah (swt) kaysa sa inyo at nagpapakabanal sa Kanya subali't ako ay nag-aayuno at kumakain rin, at nagdarasal at natutulog, at nag-aasawa ng mga kababaihan, kaya

ang sinumang ayaw sa aking tradisyon ay hindi sa akin). [Isinalaysay ni Bukhari]

Ang Islam ay hindi siya nagpapahirap at nagpapapagod sa sarili at hindi rin nagbabawal, nagpapabaya ng mga batas at sa mga limitasyon nito.

تِلْكَ حُدُودُ اللَّهِ فَلَا تَعْتَدُوهَا وَمَنْ يَتَعَدَّ حُدُودَ اللَّهِ فَأُولَئِكَ هُمُ الظَّالِمُونَ

Sabi ng Allah (swt): "Ito ang mga limitasyon ng Allah, kaya huwag ninyong labagin. At kung sinumang lumalabag sa mga limitasyon ni Allah, sila ang mga nang-aapi". {2:229}

PAGPAPATOTOO (34)

"Ang Islam ay isang relihiyon ng kaligtasan, pagkakapantay-pantay, kalayaan, kapatiran, karangalan at kapurihan. Ito ay malinaw na katibayan sa mga batas nito, at mga prinsipyo at pag-uugali. Ang pag-aayuno sa Islam ay hindi kagaya ng pag-ayuno sa ibang mga relihiyon, dahil ang problema ng tao ay hindi lamang sugpuin ang mga kagustuhan ng kanyang katawan, katulad sa gawain ng monghe, na hanggang katawan ng isa sa kanila ay naging katulad ng isang gumagalaw na kalansay. Dinidisciplina ng Islam ang hinahangad ng katawan at hindi ito sinusugpo. Ang pag-aayuno sa Islam ay tinitiyak ang kaluluwa na maging bihasa sa pagpapanatili ng pagpapasensya at pakikipagbaka laban sa mga kasalanan at bawal na mga pagnanasa, upang maramdaman ang Diyos sa mapalihim man o mapapubliko man, at matikman ang uhaw at gutom, upang maging madamayin sa mga kalamidad. Ang pag-aayuno ay isa ring pagkakataon upang mabigyan ang katawan ng pahinga mula sa kabusugan kung saan makakabuti para sa mga tao na sa kanilang kalusugan, kaluluwa at ang pag-iisip ay mahalaga, at para sa lipunan upang palaguin ng mas malapit sa pakikipagtulungan at pagkakaisa. "

- Berisha Bankmart na isang Thailand educationist na lumaki sa pamilyang Budhismo at naghanap ng marami sa relihiyon para sa sangkatauhan at kabuhayan at pagkatapos yumakap sa Islam.

21. Ang Islam ay nag-aanyaya sa Konsultasyon sa pagitan ng mga Muslim at pagbabahagi ng Opinyon.

Ang Islam ay tumatawag ng konsultasyon sa antas ng Nasyon at anumang hinaharap na mga sitwasyon at sa antas ng tao ayon sa kanyang pribadong pamumuhay.

At sa antas ng Nasyon at mga pinuno, kaya inutusan ng Allah (swt) ang Kanyang Propeta ng ganito:

وَالَّذِينَ اسْتَجَابُوا لِرَبِّهِمْ وَأَقَامُوا الصَّلَاةَ وَأَمْرُهُمْ شُورَىٰ بَيْنَهُمْ وَمِمَّا رَزَقْنَاهُمْ يُنفِقُونَ

Sabi ni Allah (swt): “at yaong mga tumugon sa kanilang Panginoon at tinatayo nila ang pagdarasal at ang kanilang kapakanan ay konsultasyon sa pagitan nila at anumang ipinagkaloob Namin sa kanila ay binibigay”. {42:38}

Katotohanan ang Propeta (saws) ay malayo sa pagkakamali nguni't siya ay laging humihingi ng konsultasyon sa kanyang mga kasamahan at mga asawa sa maraming sitwasyon hanggang sa digmaan at kasunduan, at inaanyayahan niya na magpayuhan ang mga pinuno ng mga Muslim at mga tao.

عَنْ أَبِي رُقَيْةٍ تَمِيمِ الدَّارِيِّ أَنَّ النَّبِيَّ -صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ- قَالَ «الدِّينُ النَّصِيحَةُ» قُلْنَا لِمَنْ قَالَ «لِلَّهِ وَلِكِتَابِهِ وَلِرَسُولِهِ وَلِأُمَّةِ الْمُسْلِمِينَ وَعَامَّتِهِمْ». رَوَاهُ مُسْلِمٌ

Inulat ni Abu Ruqyah Tamin bin Aw's Ad'Dari (r.a.) na ang Propeta (saws) ay nagsabi: “Ang Relihiyon ay Katapatan, sabi namin: “Kanino?” sabi (saws): para sa Allah, para sa Kanyang Aklat, para sa Kanyang Mensahero, para sa mga Pinuno ng Muslim at para sa Pangkalahatan”. [Muslim]

عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ قَالَ قَالَ رَسُولُ اللَّهِ -صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ- «الْمُسْتَشَارُ مُؤْتَمَنٌ». رَوَاهُ دَاوُدُ

Inulat ni Abu Hurayrah (r.a.) na sinabi ng Mensahero ng Allah (saws): (Ang Tagapayo ay pinagkakatiwalaan). [Isinalaysay ni Abu Dawud]

At iniutos ng Allah (swt) na ang Nasyon na magsangguni at magtanong sa mga awtoridad at dalubhasa at sa mga taong may solusyon.

وَإِذَا جَاءَهُمْ أَمْرٌ مِنَ الْأَمْنِ أَوْ الْخَوْفِ أَذَاعُوا بِهِ وَلَوْ رَدُّوهُ إِلَى الرَّسُولِ وَإِلَى أُولِي الْأَمْرِ مِنْهُمْ لَعَلِمَهُ الَّذِينَ يَسْتَنْبِطُونَهُ مِنْهُمْ وَلَوْلَا فَضْلُ اللَّهِ عَلَيْكُمْ وَرَحْمَتُهُ لَاتَّبَعْتُمُ الشَّيْطَانَ إِلَّا قَلِيلًا

Sabi ng Allah (swt): "At kapag may dumating sa kanila na pangyayari ukol sa seguridad o pangamba, ito ay kanilang ipinagkakalat. Nguni't kung ito ay binalik nila sa Mensahero o sa kanilang mga awtoridad, Tiyak malalaman ito ng mga yaong nag-iisip ng tamang konklusyon mula sa kanila, At kung hindi lamang sa pabor ng Allah (swt) sa iyo at ang Kanyang awa, marahil kayo ay magsisunod na kay Satanas maliban sa iilan". {4:83}

At sa antas ng tao at pamilya ay inaanyayahan ng Islam ang mga tagasunod nito na huwag magmadali at maging mahinahon at magsangguni, katulad sa mga sitwasyon ng mga mag-asawa at hiwalayan at disiplina sa mga bata at iba pa.

فَإِنْ أَرَادَا فِصَالًا عَنْ تَرَاضٍ مِنْهُمَا وَتَشَاوُرٍ فَلَا جُنَاحَ عَلَيْهِمَا وَإِنْ أَرَدْتُمْ أَنْ تَسْتَرْضِعُوا أَوْلَادَكُمْ فَلَا جُنَاحَ عَلَيْكُمْ

Sabi ng Allah (swt): "At kung pareho silang nagnanais ng pag-awat na may pahintulot sa kanilang dalawa at konsultasyon, ay walang problema sa kanilang dalawa". {2:233}

عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ قَالَ قَالَ رَسُولُ اللَّهِ - صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ - « لَا تَنْكَحِ الْأَيْمَ حَتَّى تَسْتَأْمَرَ ، وَلَا تَنْكَحِ الْبُكَرَ حَتَّى تَسْتَأْذِنَ » . قَالُوا كَيْفَ إِذْهَا قَالَ « أَنْ تَسْكُتَ » متفق عليه

Inulat ni Abu Huraira (r.a.) na sinabi ng Mensahero ng Allah (saws) : (Hindi ipapakasal ang diborsiyado hangga't hingiin ang kanyang konsultasyon at hindi ipapakasal ang dalaga hangga't hingiin ang kanyang pahintulot) sabi nila: Paano ang kanyang pahintulot? Sabi (saws): (kung siya'y manahimik). [Isinalaysay ni Bukhari at Muslim]

Ang Ayyim ay ang diborsiyado o balo at kailangan niyang magsalita sa paksang pagpapakasal, at ang dalaga minsan ay nahihiya kaya ang pananahimik niya ang kanyang pahintulot.

22. Ang Islam ay relihiyon ng grupo at samahan at hindi paghihiwalay.

وَاعْتَصِمُوا بِحَبْلِ اللَّهِ جَمِيعًا وَلَا تَفَرَّقُوا وَاذْكُرُوا نِعْمَتَ اللَّهِ عَلَيْكُمْ إِذْ كُنْتُمْ أَعْدَاءً فَأَلَّفَ بَيْنَ قُلُوبِكُمْ فَأَصْبَحْتُمْ بِنِعْمَتِهِ إِخْوَانًا وَكُنْتُمْ عَلَى شَفَا حُفْرَةٍ مِنَ النَّارِ فَأَنْقَذَكُمْ مِنْهَا كَذَلِكَ يُبَيِّنُ اللَّهُ لَكُمْ آيَاتِهِ لَعَلَّكُمْ تَهْتَدُونَ

Sabi ng Allah (swt): “At hawakan ninyong lahat ng mahigpit ang lubid ni Allah at huwag kayong maghiwa-hiwalay dito, at inyong aalahanin ang grasy ng Allah sa inyo noong kayo ay magkakalaban subali’t pinagbuklod ang inyong mga puso kaya sa pamamagitan ng Kanyang grasya, kayo’y naging mga magkapatid at dati kayong nasa gilid ng isang hukay ng apoy at saka kayo ay Kanyang iniligtas mula rito. At gayundin nililinaw ng Allah sa inyo ang Kanyang mga tanda upang kayo’y mapatnubayan”. {3:103}

Kaya ginawang batas ng Allah (swt) Ang pagsamba ng sama-sama at saka nag-utos ng pagsama-sama sa pagdarasal ng limang beses at sa pagdarasal sa araw ng Biyernes, at gayundin pagsama-sama ng mga Nasyon sa Hajj, at katulad rin ng pag-aayuno sa buwan ng Ramadan. At nag-aanyaa ang Islam ng pag-aayos sa mga tao at ipinagbabawal ang pagtaboy at pagputol ng relasyon at pagdadamot at pagkapoot.

عَنْ أَبِي أَيُّوبَ الْأَنْصَارِيِّ أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ -صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ- قَالَ « لَا يَحِلُّ لِمُسْلِمٍ أَنْ يَهْجُرَ أَخَاهُ فَوْقَ ثَلَاثِ لَيَالٍ يَلْتَقِيَانِ فَيَعْرِضُ هَذَا وَيَعْرِضُ هَذَا وَخَيْرُهُمَا الَّذِي يَبْدَأُ بِالسَّلَامِ ». «

Inulat ni Abu Ayyub Ansari (r.a.) na sinabi ng Mensahero ng Allah (saws): (Hindi ipinapahintulot sa isang Muslim na iwasan ang kanyang kapatid ng higit sa tatlong gabi, na kapag nagkita silang dalawa ay bumabati dito at bumabati din ito, subalit ang mas mainam sa kanila ay ang yaong nauuna sa pagbati ng Kapayapaan). [Isinalaysay ni Muslim]

At inaanyayahan ng Islam ang mga Muslim na sila ay maglakbay na kumuha ng kanilang pinuno upang hindi sila magkagulo sa mga opinyon.

عَنْ أَبِي سَعِيدٍ الْخُدْرِيِّ أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ -صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ- قَالَ « إِذَا خَرَجَ ثَلَاثَةَ فِي سَفَرٍ فَلْيُؤْمَرُوا أَحَدَهُمْ ». رواه أبو داود

Inulat ni Abu Saed Alkhudri (r.a.) na ang Mensahero ng Allah (saws) ay nagsabi: “Kung may lumabas na tatlo para maglakbay ay gumawa sila ng pinuno mula sa kanila”. [Isinalaysay ni Abu Dawud]

PAGPAPATOTOO (35)

Namangha ako sa Islam dahil sa mga ganitong dahilan:

1. Ang kapatiran at anumang lakas mula rito.
2. Mga praktikal na lunas para sa mga problema ng buhay, at ito ay hindi naghihiwalay sa pagitan ng pagsamba at buhay sa pamayanan.
3. Tinutupad nito ang pagkabuklod ng dalawang estado sa pagitan ng materyal at espiritwal sa buhay ng tao

- Muhammad Ali Katyushi na isang hapon na isang miyembro ng Society of Anthropology.

23. Ang Islam ay nagpapahalaga sa pagbitaw ng salita at nag-uutos na ingatan ang dila.

Pinapaliwanag ng Allah (swt) na ang bawat tao ay may kasamang mga Anghel na naglilista sa kanyang mga salita. At ang tao ay pumapasok sa Islam sa pamamagitan ng salita at lumalabas rin dahil sa kanyang salita, Magpakupkop tayo kay Allah (swt). Ang Pag-aasawa ay nagaganap at naghihiwalay dahil sa salita, katulad sa ipinaliwanag ng Propeta (saws) na ang tao minsan makakapasok sa Paraiso sa pamamagitan ng salita at minsan mahuhulog sa Impyerno sa pamamagitan rin ng salita, Magpakupkop tayo kay Allah (swt).

مَا يَلْفُظُ مِنْ قَوْلٍ إِلَّا لَدَيْهِ رَقِيبٌ عَتِيدٌ

Sabi ng Allah (swt) : “Walang bumibigkas ng anumang salita maliban na kasama niya ang tagapagmasid at handang magsulat”. {50:18}

عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ قَالَ قَالَ رَسُولُ اللَّهِ - صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ - « مَنْ كَانَ يُؤْمِنُ بِاللَّهِ وَالْيَوْمِ الْآخِرِ فَلَا يُوْذِ جَارَهُ ، وَمَنْ كَانَ يُؤْمِنُ بِاللَّهِ وَالْيَوْمِ الْآخِرِ فَلْيُكْرِمِ صَيْفَهُ ، وَمَنْ كَانَ يُؤْمِنُ بِاللَّهِ وَالْيَوْمِ الْآخِرِ فَلْيَقْلُ خَيْرًا أَوْ لِيَصْمِتْ » .

Inulat ni Abu Hurairah (r.a.) na sinabi ng Mensahero ng Allah (saws): (Sinumang naniniwala sa Allah (swt) at sa Huling Araw ay huwag maminsala sa kanyang kapit-bahay at sinumang naniniwala kay Allah (swt) at sa Huling Araw ay parangalan niya ang kanyang bisita, at sinumang naniniwala sa Allah (swt) at sa Huling Araw ay magsalita ng kabutihan o kaya manahimik). [Isinalaysay ni Bukhari].

عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ قَالَ قَالَ رَسُولُ اللَّهِ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ أَلَا أَنْبِئُكُمْ بِشَرَارِكُمْ فَقَالَ هُمُ الثَّرَثَارُونَ الْمُتَشَدِّقُونَ أَلَا أَنْبِئُكُمْ بِخِيَارِكُمْ أَحْسَنُكُمْ أَخْلَاقًا. رواه أحمد

Inulat ni Abu Hurairah (r.a.) na sinabi ng Mensahero ng Allah (saws): (Gusto ba ninyo na balitaan ko kayo ng masasamang tao mula sa inyo, at sinabi (saws) : Sila ang mga madaldal at nagpapahaba ng salita na hindi nag-iingat, Gusto ba ninyo na balitaan ko kayo ng maiinam sa inyo, Sila ay ang mga mayroong mahuhusay na pang-uugali). Isinalaysay ni Ahmad.

عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - ، عَنِ النَّبِيِّ - صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ - قَالَ : ((مِنْ حَسَنِ إِسْلَامِ الْمَرْءِ تَرْكُهُ مَا لَا يَعْنِيهِ)) رواه الترمذي وابن ماجه

Inulat ni Abu Hurairah (r.a.) na sinabi ng Propeta (saws): (Isa sa mga maayos na Islam ng isang tao ay ang pag-iwan niya sa bagay na wala naman siyang kinalaman). [Isinilaysay ni Thirmidi at Ibnu Majah]

عَنْ سَمَّاكٍ قَالَ قُلْتُ لَجَابِرِ بْنِ سَمُرَةَ أَكُنْتُ تُجَالِسُ رَسُولَ اللَّهِ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ قَالَ نَعَمْ فَكَانَ طَوِيلَ الصَّمْتِ قَلِيلَ الضَّحْكِ وَكَانَ أَصْحَابُهُ يَذْكُرُونَ عِنْدَهُ الشَّعْرَ وَأَشْيَاءَ مِنْ أُمُورِهِمْ فَيَضْحَكُونَ وَرَبَّمَاتِبَسْمٍ). رواه أحمد

Ayon kay Simak na aking sinabi kay Jabir bin Samurah (r.a.): Umuupo ka ba dati kasama ang Mensahero ng Allah (saws)? Sabi: Opo, siya ay tumatahimik ng matagal at kaunti lang ang pagtawa at ang kanyang mga kasamahan ay bumibigkas ng Tula na kasama siya at mga bagay sa

kanilang sitwasyon at sila'y nagtatawanan ngunit siya ay nakangiti lamang). [Isinalaysay ni Ahmad]

24. Ang Islam ay relihiyon ng Panglungsod at Sibilisasyon at Pag-unlad at nag-aanyaya na magpatayo ng mga Gusali sa mundo.

Dumating ang Islam na mayroong pangkalahatang alintunin sa buhay ng mga tao, at dumating rin bilang nagtutugma sa mga lungsod, sibilisasyon, pag-unlad, pagpapatayo ng mga gusali sa mundo, pagserbisyo sa buong sangkatauhan, iligtas ang marangal na buhay ng tao at bigyang lunas ang lahat na mga suliranin at iunlad ang kanyang buhay sa lipunan at ekonomiya at batas at pagpapatayo ng bahay sa lungsod.

وَاللَّهُ لَا يُحِبُّ الْمُفْسِدِينَ

Sabi ng Allah (swt): “at ang Allah ay hindi nagmamahal sa mga sumisira”. {5:64}

عن أَنَسِ بْنِ مَالِكٍ قَالَ قَالَ رَسُولُ اللَّهِ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ: «إِنْ قَامَتِ السَّاعَةُ وَبِيَدِ أَحَدِكُمْ فَسِيلَةٌ فَإِنْ اسْتَطَاعَ أَنْ لَا يَقُومَ حَتَّى يَغْرِسَهَا فَلْيَفْعَلْ» رواه أحمد ، صحيح الجامع ١٤٢٤

Inulat ni Anas bin Malik (r.a.) na sinabi ng Mensahero ng Allah (saws): (Kapag dumating ang Oras at ang kamay ng isa sa inyo ay may maliit na palmeras, kung kaya niyang hindi tumayo hanggang itanim ito, ay kanyang gawin). [Isinalaysay ni Ahmad]

وَلَا تُفْسِدُوا فِي الْأَرْضِ بَعْدَ إِصْلَاحِهَا وَادْعُوهُ خَوْفًا وَطَمَعًا إِنَّ رَحْمَتَ اللَّهِ قَرِيبٌ مِنَ الْمُحْسِنِينَ

Sabi ng Allah (swt): “At huwag maninira sa kalupaan, matapos na ito ay maitalaga ng Allah sa ayos at manalangin sa Kanya nang may takot at pag-asa, Tunay na ang awa ni Allah ay malapit sa mga mabubuti”. {7:56}

عن أَنَسٍ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - قَالَ قَالَ رَسُولُ اللَّهِ - صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ - « مَا مِنْ مُسْلِمٍ يَغْرِسُ غَرْسًا ، أَوْ يَزْرَعُ زَرْعًا ، فَيَأْكُلُ مِنْهُ طَيْرٌ أَوْ إِنْسَانٌ أَوْ بَيْمَةٌ ، إِلَّا كَانَ لَهُ بِهِ صَدَقَةٌ » متفق عليه

Inulat ni Anas (r.a.) na sinabi ng Mensahero ng Allah (saws): (Walang Muslim na nagtanim ng halaman o nagtanim ng binhi, at saka kinain ito

ng ibon o tao o hayop maliban na mayroon siyang kawanggawa).
[Bukhari at Muslim]

وَإِلَى ثَمُودَ أَخَاهِمُ صَالِحًا قَالَ يَا قَوْمِ اعْبُدُوا اللَّهَ مَا لَكُمْ مِنْ إِلَهٍ غَيْرُهُ هُوَ أَنْشَأَكُمْ مِنَ الْأَرْضِ
وَاسْتَعْمَرَكُمْ فِيهَا فَاسْتَغْفِرُوهُ ثُمَّ تَوْبُوا إِلَيْهِ إِنَّ رَبِّي قَرِيبٌ مُجِيبٌ

Sabi ni Allah (swt) : “At sa tribo ng Thamud ang kanilang kapatid na si Saleh, nagsabi Oh aking tribo sumamba kayo kay Allah, wala kayong Diyos maliban sa Kanya. Siya ang nagpalitaw sa inyo sa kalupaan at nagpatira sa inyo rito, kaya humingi kayo sa Kanya ng kapatawaran at pagkatapos magbalik-loob kayo sa Kanya. Katiyakan ang aking Panginoon ay malapit at mapagtugon”. {11:61}

Ginawa ng Allah (swt) ang tao bilang tagapangalaga sa kalupaan upang kanyang tirahan, at dumating ang batas ng Islam na nag-aanyaya na mag-aral ng agham sa pagtatanim at pagbubungkal at industriya at negosyo at pananatili sa mga kailangan sa buhay ng tao at kanilang kalikasan.

Inaanyayahan rin ng Propeta Muhammad (saws) na linisan ang pinabayaang lupa sa pamamagitan ng pagtayo ng gusali o kaya taniman ng kahit anumang bagay upang mapakinabangan.

عَنْ يَحْيَى بْنِ عُرْوَةَ عَنْ أَبِيهِ أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ -صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ- قَالَ « مِنْ أَحْيَا أَرْضًا مَيْتَةً فَهِيَ لَهُ ». وَذَكَرَ مِثْلَهُ قَالَ فَلَقَدْ خَبَّرَنِي الَّذِي حَدَّثَنِي هَذَا الْحَدِيثَ أَنَّ رَجُلَيْنِ اخْتَصَمَا إِلَى رَسُولِ اللَّهِ -صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ- غَرَسَ أَحَدُهُمَا نَخْلًا فِي أَرْضِ الْآخَرِ فَقَضَى لَصَاحِبِ الْأَرْضِ بِأَرْضِهِ وَأَمَرَ صَاحِبَ النَّخْلِ أَنْ يُخْرِجَ نَخْلَهُ مِنْهَا. قَالَ فَلَقَدْ رَأَيْتَهَا وَإِنَّمَا لَتَضْرِبُ أَصُولُهَا بِالْفُؤُوسِ وَإِنَّمَا لَنَخْلُ عَمٌّ حَتَّى أُخْرِجَتْ مِنْهَا. رَوَاهُ أَبُو دَاوُدَ

Inulat ni Yahya bin Urwa (r.a.) na ayon sa kanyang ama na ang Mensahero ng Allah (saws) ay nagsabi: (Sinumang bumuhay sa patay na lupa ay mapapasakanya). At binanggit katulad nito, Katotohanan binalita sa akin ng yaong umulat sa akin na mayroong dalawang lalaking nakipagtalo sa Mensahero ng Allah (saws) sa pagtatanim ng isang datiles sa lupa ng iba, kaya ang hatol ay pabor sa may-ari ng lupa at inutusan ang may-ari ng datiles na tanggalin ang puno. Tunay aking nakita na hinampas

ang mga ugat ng mga palakol kahit malaking datiles hanggang sa natanggal ito. [Isinalaysay ni Abu Dawud]

PAGPAPATOTOO (36)

Katiyakan daig ng Qurtuba ang lahat ng punung-lungsod sa Europa noong ika-sampung siglo. Katunayang puno ito ng kahanga-hanga at kababalaghan. At ang mga dayo mula sa Hilaga ay nakakarinig sa anumang kasingtulad nito na may paggalang at pagkamangha sa lungsod na ito na nagtataglay ng pitongpung silid-aklatan at siyam na daan na mga pangkalahatang palikuran.

Kapag nangangailangan ang mga pinuno sa Leon o Navarra o Barcelona ng mga taga-ayos o arkitekto o mananahi ng damit o musika ay hindi sila pumupunta sa ibang lugar para sa kanilang pangangailangan maliban sa Qurtuba.

- John Brand Trend isa sa mga tagasalaysay ng kasaysayan ng Espanya at nagtrabaho sa Institute of Oriental Studies sa London.

PAGPAPATOTOO (37)

Kung aayusin lamang ang pagpapahayag ng Islam sa mga tao, baka mabigyan ng lunas ang lahat na mga suliranin at matugunan ang lahat ng pangangailangan sa pamayanan, espritwal, sistema, sa mga yaong tumitira sa lilim ng kapitalista at komunista ay magkatulad, nabigo ang dalawang Sistema na ito sa pagbigay lunas sa suliranin ng mga tao. Subali't ang Islam lamang ang nakapagbigay ng kapayapaan sa mga tao at pag-asa at patnubay sa mga nalilito at naliligaw.

- Douglas Archer na isang guro sa Sikolohiya sa Amerika at kanyang pinagmula ay sa Jamaica, at saka pumasok sa Islam na pinapangalan ang sarli na Abdullah Archer.

PAGPAPATOTOO (38)

Lahat ng relihiyon ay hindi sumasabay sa sibilisasyon sa bawat yugto nito ay dapat itaboy sa harap ng pader at huwag pansinin, sapagka't ang relihiyon na hindi sumasabay sa sibilisasyon sa lahat na aspeto ay isang matinding kasamaan sa mga tao at maghahantong ito sa kapahamakan. Ang totoong relihiyon ay tunay na sumasabay sa sibilisasyon at ito ang relihiyong Islam.

- Herbert George Wells na isang Manunulat at Makatang Briton at isang malaking Mananalaysay sa ating panahon.

PAGPAPATOTOO (39)

May isang lantarang kasunduan na hindi pwedeng ituring ang Islam bilang responsable sa kawalan ng mundo sa mahabang panahon at malinaw na pagbagsak, Bagkus iniugnay sa kasalukuyan ang mga sakit sa mga Muslim na nagpabaya sa mga prinsipyo ng kanilang relihiyon. Sa oras na ginampanan ng mga Muslim ang ayon sa alituntunin ng kanilang relihiyon na nag-aanyaya sa kaisipan at pasiglahin ang dalisay napang-espirtwal, pinatunayan nito ng Islam na kaya nitong dalhin sa kaunlaran at pagsibol ulit.

- Marcel Boisard na isang nag-iisip at tagabatas ng Pranses at nagbibigay halaga sa mga ugnayang pandaigdigan at mga karapatang pantao.

25. Ang Islam ay nag-aanyaya sa Pagbalik-loob at Pagbalik sa Allah ang Kataas-taasan.

Ang Awa ng Allah (swt) ay napakalawak at ang Kanyang kapatawaran ay napakatindi at ang Paraiso ay malapit at madali kahit anong gawin ng tao mula sa mga kasalanan at kamalian. Sapagka't ang Allah (swt) ay nagpapatawad ng lahat na mga kasalanan, at ang Pagbabalik-loob ay sa pagitan ng tao at sa Kanyang Panginoon , na walang kahirap-hirap at pagka kumplikado at abuloy at walang tinutukoy na oras o bilang,

sapagka't tatanggapin ng Allah (swt) ang pagbabalik-loob sa lahat ng oras sa gabi o sa umaga at kahit pabalik-balik ang kasalanan at hindi sinisira ang pintuan ng pagbabalik-loob, maliban kung dumating ang kamatayan o sumikat ang araw sa kanluran katulad sa binalita ng Propeta (saws).

إِنَّ اللَّهَ يُحِبُّ التَّوَّابِينَ وَيُحِبُّ الْمُتَطَهِّرِينَ

Sabi ni Allah (swt) : “Tunay na minamahal ni Allah ang mga nagbabalik-loob at minamahal ang mga nagsisipaglinis”. {2:222}

قُلْ يَا عِبَادِيَ الَّذِينَ أَسْرَفُوا عَلَىٰ أَنفُسِهِمْ لَا تَقْنَطُوا مِن رَّحْمَةِ اللَّهِ إِنَّ اللَّهَ يَغْفِرُ الذُّنُوبَ جَمِيعًا إِنَّهُ هُوَ الْغَفُورُ الرَّحِيمُ

Sabi ni Allah (swt): “Sabihin mo Oh! aking alipin na nagpabaya sa kanilang mga sarili huwag kayong mawawalan ng pag-asa sa awa ni Allah. Katotohanan si Allah ay nagpapatawad ng lahat ng kasalanan. Katotohanan Siya ang Mapagpatawad at ang Maunawain)”. {39:53}

عَنْ أَنَسٍ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - قَالَ قَالَ رَسُولُ اللَّهِ - صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ - « اللَّهُ أَفْرَحُ بِتَوْبَةِ عَبْدِهِ مِنْ أَحَدِكُمْ سَقَطَ عَلَىٰ بَعِيرِهِ ، وَقَدْ أَضَلَّهُ فِي أَرْضٍ فَلَاةٍ » رواه البخاري

Inulat ni Anas (r.a.) na sinabi ng Mensahero ng Allah (saws) : “Ang Allah (swt) ay higit na masaya sa pagbabalik-loob ng Kanyang alipin kaysa sa isa sa inyo na nahulog sa kanyang kamelyo at saka naligaw sa lupain ng disyerto”. [Isinalaysay ni Bukhari]

Ang Allah (swt) ay hindi lamang magpapatawad ng mga kasalanan, bagkus papalitan pa ito ng mga kabutihan sa sinumang naging tapat ang kanyang pagbabalik-loob.

إِلَّا مَنْ تَابَ وَآمَنَ وَعَمِلَ عَمَلًا صَالِحًا فَأُولَئِكَ يُبَدِّلُ اللَّهُ سَيِّئَاتِهِمْ حَسَنَاتٍ وَكَانَ اللَّهُ غَفُورًا رَحِيمًا

Sabi ng Allah (swt) : “Maliban sa sinumang nagbalik-loob at naniwala at gumawa ng mabuting gawa, sapagka't papalitan ni Allah ang kanilang mga kasalanan ng mga mabubuti, at si Allah ang Mapagpatawad at ang Maunawain”. {25:70}

"Kung alam mo ang Diyos at naniniwala sa kanyang pagkakaroon ng Diyos, Ang Islam ay magsasabi sa iyo: Tunay na ang Diyos ay mas malapit sa iyo kaysa sa iyong ugat. Hindi kailangan ng isang tagapamagitan sa pagitan mo at ng iyong Tagapaglikha, o kaya mangumpisal sa isang pari para tanggapin ng Diyos ang inyong pagbabalik-loob, o isang templo upang sambahan na hindi pwede iganap sa iba maliban sa loob lamang. "

- Donald Rockwell na isang Manunula at Manunuring Amerikano at Manunulat sa pahayagan at saka yumakap sa Islam pagkatapos ng masusing pagsaliksik.

26. Ang Islam ang pinakamatindi o pinakamahusay na paraan sa Kaayusan at nagtuturo sa kanyang mga tagasunod sa pagmamasid ng Allah (swt).

Iniuugnay ang isang Mananampalataya sa kanyang Panginoon kahit sa maliit o malaki at sa lahat niyang kalagayan at ginawa itong pinakamataas na baitang ng relihiyon, ito ang baitang ng Ihsan na ang ibig sabihin ay kapag sumamba ka kay Allah (swt) ay parang nakikita mo Siya at kung hindi mo Siya nakita ay Tunay na nakikita Ka niya.

Ang Mananampalataya ay humahangad lamang nang anuman kay Allah (swt) at hindi siya humihingi sa mga tao ng gantimpala at pagpapasalamat at siya ay natatakot kay Allah (swt) dahil alam niya na si Allah (swt) ang nagmamasid sa kanyang pagsamba at pakikitungo at pakikipagrelasyon.

أَلَمْ تَرَ أَنَّ اللَّهَ يَعْلَمُ مَا فِي السَّمَاوَاتِ وَمَا فِي الْأَرْضِ مَا يَكُونُ مِنْ نَجْوَى ثَلَاثَةٍ إِلَّا هُوَ رَابِعُهُمْ وَلَا خَمْسَةٍ إِلَّا هُوَ سَادِسُهُمْ وَلَا أَدْنَىٰ مِنْ ذَلِكَ وَلَا أَكْثَرَ إِلَّا هُوَ مَعَهُمْ أَيْنَ مَا كَانُوا ثُمَّ يُنَبِّئُهُمْ بِمَا عَمِلُوا يَوْمَ الْقِيَامَةِ إِنَّ اللَّهَ بِكُلِّ شَيْءٍ عَلِيمٌ

Sabi ng Allah (swt): "Hindi mo бага nakikita sa katotohanan nalalaman ng Allah ang anumang nasa mga kalangitan at ang anumang nasa kalupaan, walang bulong mula sa tatlo maliban na si Allah ang pang-apat at walang lima maliban na ang Allah ang pang-anim at walang

kakaunti o marami maliban na kasama ang Allah sa kanila saan man sila naroroon at pagkatapos babalitaan sila kung ano ang kanilang mga ginawa sa Araw ng Pagkabangon. Katotohanan ang Allah ang Maalam sa lahat ng bagay”. {58:7}

Tuwing binabasa ang Pag-alala sa Allah (swt) sa umaga at sa hapon at sa limang pagdarasal at panalangin sa bawat maliit o malaki at panalangin sa pagpapasiya upang humingi ng kabutihan mula kay Allah (swt).

عن جابر بن عبد الله - رضي الله عنهما - قال كان رسول الله - صلى الله عليه وسلم - يعلمنا الاستخارة في الأمور كما يعلمنا السورة من القرآن يقول « إذا هم أحدكم بالأمر فليركع ركعتين من غير الفريضة ثم ليقل اللهم إني أستخيرك بعلمك وأستقدرك بقدرتك ، وأسألك من فضلك العظيم ، فإنك تقدر ولا أقدر وتعلم ولا أعلم وأنت علام الغيوب ، اللهم إن كنت تعلم أن هذا الأمر خير لي في ديني ومعاشي وعاقبة أمري - أو قال عاجل أمري وآجله - فاقدره لي ويسره لي ثم بارك لي فيه ، وإن كنت تعلم أن هذا الأمر شر لي في ديني ومعاشي وعاقبة أمري - أو قال في عاجل أمري وآجله - فاصرفه عني واصرفني عنه ، واقدر لي الخير حيث كان ثم أرضني - قال - ويسمى حاجته » رواه البخاري

Inulat ni Jabir bin Abdullah (r.a.) na tinuturuan kami ng Mensahero ni Allah (saws) ng Panalangin sa Istikha'rah (Konsultasyon) sa mga bagay ng katulad sa pagtuturo niya sa amin ng kabanata mula sa Qur'an at nagsabi (saws): (Kapag may nangyari sa isa sa inyo ay magdasal ng dalawa na hindi obligasyong dasal at saka sabihin: Oh Allah! Tunay na ako ay humihiling sa Iyo sa pamamagitan ng Iyong kaalaman at humihiling ng Iyong kapangyarihan at humihingi ng Iyong matinding pabor sapagkat Ikaw ang may kakayahan at ako'y walang kakayahan, at Ikaw ang nakakaalam at ako'y hindi nakakalam sapagkat Ikaw ang Maalam sa mga nakatago. Oh Allah! kung alam Mo na ang bagay na ito ay mainam para sa akin at sa aking relihiyon at pamumuhay at pangwakas sa mundo at sa kabilang buhay, ay itakda Mo sa akin at pagaangin at biyayaan rito. At kung Iyong nalalaman na ang bagay na ito ay makakasama para sa akin at sa aking relihiyon at pamumuhay at pangwakas sa mundo o sa kabilang buhay, ay ilayo Mo po ito sa akin at ilayo Mo po ako rito, at saka itakda mo sa akin ang Mabuti saan man ako naroroon at saka kalugdan Mo ako, at sinabi (saws): banggitin niya kung ano ang kanyang kailangan...) [Isinalaysay ni Bukhari]

Makakatamo ang isang Muslim pagkatapos ng Istikha'rah ng katiwasayan, magaan na damdamin, kapahingahan, pagtitiwala sa Allah (swt) at walang pangamba sa hinaharap kapag may nangyari, at ang lahat ng ito ay direktso sa pagitan ng alipin at ng kanyang Panginoon na walang pamamagitan.

Nakakaalam ang isang Muslim na lagi niyang kasama si Allah (swt) na nakikita siya at naririnig ang kanyang daing at panalangin. Ang Allah (swt) ang Tagapaglikha at Tagapagbiyaya at Tagabuhay at Tagapatay at sa Kanyang kamay ang mga kayamanan sa mga kalangitan at kalupaan.

وَإِذَا سَأَلَكَ عِبَادِي عَنِّي فَإِنِّي قَرِيبٌ أُجِيبُ دَعْوَةَ الدَّاعِ إِذَا دَعَانِ فَلْيَسْتَجِيبُوا لِي وَلْيُؤْمِنُوا بِي لَعَلَّهُمْ
يُرْشَدُونَ

Sabi ni Allah (swt): “At kapag nagtanong sa iyo ang Aking mga alipin tungkol sa Akin, Tunay na Ako ay malapit sakanya, Aking sinasagot ang panalangin ng tao kapag nanalangin sa Akin. Kaya tumugon kayo sa Akin at maniwala kayo sa Akin upang kayo ay mapatnubayan”. {2:186}

وَمَا بِكُمْ مِنْ نِعْمَةٍ فَمِنَ اللَّهِ ثُمَّ إِذَا مَسَّكُمُ الضُّرُّ فَإِلَيْهِ تَجْأَرُونَ

Sabi ng Allah (swt): “At anumang sa inyo na biyaya ay galing kay Allah at pagkatapos kapag dinatnan kayo ng kagipitan, sa Kanya kayo lumapit”. {16:53}

Kaya dahil dito naging malinaw na ang Islam ang pinakamatindi o pinakamahusay na paraan upang ayusin ang sarili ng tao, dalisayin at linisin ang puso, pinuhin ang kilos at iligtas mula sa kaligawan at kahirapan tungo sa gabay at kasiyahan, at hindi lamang bilang kultura o kaya prinsipyo na malayo sa praktikal na buhay.

هُوَ الَّذِي بَعَثَ فِي الْأُمِّيِّينَ رَسُولًا مِنْهُمْ يَتْلُو عَلَيْهِمْ آيَاتِهِ وَيُزَكِّيهِمْ وَيُعَلِّمُهُمُ الْكِتَابَ وَالْحِكْمَةَ وَإِنْ
كَانُوا مِنْ قَبْلُ لَفِي ضَلَالٍ مُبِينٍ

Sabi ni Allah (swt): “Siya ang yaong nagpadala sa mga iliterato ng isang Mensahero mula sa kanila para bigkasin sa kanila ang Kanyang mga

palatandaan at dalisayin sila at turuan sila ng Aklat at Karunungan. Kahit sila noon ay nasa malinaw na kaligawan". {62:2}

Katotohanan na nakita natin sa panahong ito sa ibang bansang Islamiko at iba pa na binuksan ang mga pintuan ng kanilang mga kulungan para sa mga taong nag-aanyaya sa Islam dahil sa kanilang nakitang malakas na epekto ng Pananampalataya sa pagdadalisay ng mga mababang sarili at pag-ayos nito.

Sapagka't hindi nagtagumpay ang mga batas at Sistema nila upang harangan ang mga tao at pagpigil sa paggawa ng mga kasamaan at krimen.

PAGPAPATOTOO (41)

Ipinagbawal ng Islam ang alak mula pa lamang sa pagsibol ng Islam kaya sa panahon natin ngayon pagkatapos kumalat ang mga alak at dumami ang mga bilang ng mga lasenggo sa nakakasirang bilang, nalaman natin ang karunungan ng Islam.

- George Sarton na isang Orientalistang Belgian na lumikas tungo sa Englatera at pagkatapos sa Amerika.

PAGPAPATOTOO (42)

"Mula sa lahat ng relihiyon, ang Islam lamang ang pinakamahusay na nababagay sa pagtuklas ng agham at pinakahanda upang pasiglahin ang kaluluwa at magdala sa kanila sa katarungan, kabaitan at pagpaparaya."

- Gustave Le Bon na isang Orientalista at Pranses na Mananalaysay.

27. Nag-uutos ang Islam ng Katapatan at nagbabawal ng Kasinungalingan.

Pinaliwanag ang kabutihan ng katapatan at ito ang pintuan ng lahat na nagdadala sa Paraiso at ipinagbawal ang kasinungalingan at ipinaliwanag na ito ay ang pintuan ng kasamaan at pundasyon ng lahat na krimen at kasiraan sa mundo at nagdadala sa impyerno. At inaanyayahan ng Islam ang isang mananampalataya na maging matapat sa lahat na sitwasyon sa kanyang buhay kasama ang Allah (swt) at kasama ang mga tao at sa kanyang pakikitungo at relasyon.

At ang mga salitang katapatan at kasinungalingan ay mula sa mga bukabularyo ng Banal na Qur'an, at nabanggit sa salitang katapatan sa iba't ibang lugar ng 127 na beses, at binanggit ang salitang kasinungalingan ng 280 na beses.

يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا اتَّقُوا اللَّهَ وَكُونُوا مَعَ الصَّادِقِينَ

Sabi ng Allah (swt) : "Oh mga yaong sumasampalataya, matakot kayo kay Allah at mapabilang sa mga matatapat". {9:119}

إِنَّ اللَّهَ لَا يَهْدِي مَنْ هُوَ مُسْرِفٌ كَذَّابٌ

Sabi ng Allah (swt) : "Katotohanan! ang Allah ay hindi gagabayan ang sinumang mapag-aksaya at sinungaling". {40:28}

عَنْ عَبْدِ اللَّهِ قَالَ قَالَ رَسُولُ اللَّهِ -صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ- «عَلَيْكُمْ بِالصِّدْقِ فَإِنَّ الصِّدْقَ يَهْدِي إِلَى الْبِرِّ وَإِنَّ الْبِرَّ يَهْدِي إِلَى الْجَنَّةِ وَمَا يَزَالُ الرَّجُلُ يَصْدُقُ وَيَتَحَرَّى الصِّدْقَ حَتَّى يَكْتَبَ عِنْدَ اللَّهِ صَدِيقًا وَإِيَّاكُمْ وَالْكَذِبَ فَإِنَّ الْكَذِبَ يَهْدِي إِلَى الْفُجُورِ وَإِنَّ الْفُجُورَ يَهْدِي إِلَى النَّارِ وَمَا يَزَالُ الرَّجُلُ يَكْذِبُ وَيَتَحَرَّى الْكَذِبَ حَتَّى يَكْتَبَ عِنْدَ اللَّهِ كَذَّابًا». رَوَاهُ مُسْلِمٌ

Inulat ni Abdullah (r.a.) na sinabi ng Mensahero ng Allah (saws): "Dapat kayo ay tapat, sapagkat ang katapatan ay gumagabay sa kabutihan at ang kabutihan ay gumagabay sa Paraiso, at ang isang tao na nagpapatuloy sa katapatan hanggang sa siya ay maitala kay Allah (swt) bilang isang matapat. At layuan ninyo ang kasinungalingan dahil ang kasinungalingan ay gumagabay sa kasamaan at ang kasamaan ay gumagabay sa Impiyerno, at ang isang tao na nagpapatuloy sa kasinungalingan hanggang siya ay maitala kay Allah bilang sinungaling ". [Isinalaysay ni Muslim.]

Katulad sa binalita ng Propeta (saws): na ang mananampalataya ay hindi nagsisinugaling sapagka't ang pagsisinugaling ay isa sa mga katangian ng mga mapagkunwari at isa sa mga malalaking kasalanan.

28. Nag-uutos ang Islam ng mga mabubuting asal at nagbabawal ng kasamaan.

Nag-uutos ito ng mararangal na pag-uugali at ginagantimpalaan ito sa mundo at sa kabilang-buhay, katulad ng magandang pakikitungo sa magulang, magiliw sa mga panauhin, pagbibigay sa kapit-bahay, pagtulong sa mga nangangailangan, pagbibigay ng damit sa iba, katapangan, katapatan, pagtupad sa pangako, pagtugon ng maganda, mabubuting pananalita, pag-ingat sa paningin at iba pang mga magagandang pag-uugali na kadalasan nababasa sa mga talata at Hadith.

وَإِنَّكَ لَعَلَىٰ خُلُقٍ عَظِيمٍ

Sabi ni Allah (swt) : “at Katotohanan na ikaw ay mayroong pinakamahusay na pag-uugali”. {68:4}

عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ عَنِ النَّبِيِّ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ: قَالَ: إِذَا بَعِثْتَ لِأُمَّتِكَ مَكَارِمَ الْأَخْلَاقِ. مَسْنَدُ الْبَزَّازِ

Ayon kay Abu Huraira (r.a.) na sinabi ng Propeta (saws): "Katotohanan ipinadala ako upang ganapin ang mga mararangal na ugali".[Musnad Bazzar]

عَنْ أَبِي الدَّرْدَاءِ، عَنِ النَّبِيِّ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ: «مَنْ أُعْطِيَ حِظَّهُ مِنَ الرَّفْقِ فَقَدْ أُعْطِيَ حِظَّهُ مِنَ الْخَيْرِ، وَمَنْ حَرَمَ حِظَّهُ مِنَ الرَّفْقِ فَقَدْ حَرَمَ حِظَّهُ مِنَ الْخَيْرِ». وَقَالَ: «أَثْقَلُ شَيْءٍ فِي مِيزَانِ الْمُؤْمِنِ خُلُقٌ حَسَنٌ، وَإِنَّ اللَّهَ يَبْغِضُ الْفَاحِشَ الْبُذِيءَ» رَوَاهُ الْبَيْهَقِيُّ

Inulat ni Abu Darda (r.a.) na ayon sa Propeta (saws): “Ang sinumang binigyan ng parte ng kahinahunan, Tunay na nabigyan ng parte ng kabutihan, at sinumang pinagbawalan ng parte ng kahinahunan, ay tunay na pinagbawalan ng parte ng kabutihan”. At nagsabi (saws): “Ang pinakamabigat na bagay sa timbangan ng isang mananampalataya ay ang

mabuting pag-uugali, at katotohanan kinapopootan ni Allah (swt) ang taong malaswa at bastos”. [Isinalaysay ni Baihaqi]

Katulad sa ipinagbabawal ng Islam ang masasamang pag-uugali at ipinaliwanag kung ano ang masamang patutunguhan sa mundo at sa kabilang-buhay, sa pribado at sa pamamayanan, at ipinagbawal ang kasinungalingan at panluluko, katiwalian at pang-aapi at panglilibak at panirang-puri at pangungutya sa iba at pag-inom ng alak at pangangalunya at iba pang mga masasamang pag-uugali.

إِنَّ اللَّهَ يَأْمُرُ بِالْعَدْلِ وَالْإِحْسَانِ وَإِيتَاءِ ذِي الْقُرْبَىٰ وَيَنْهَىٰ عَنِ الْفَحْشَاءِ وَالْمُنْكَرِ وَالْبَغْيِ يَعِظُكُمْ لَعَلَّكُمْ تَذَكَّرُونَ

Sabi ni Allah (swt) : “Katotohanan si Allah ay nag-uutos ng katarungan at kabutihan at pagbibigay sa kamag-anak at nagbabawal ng kalaswaan at kasamaan at pang-aapi. Kayo ay Kanyang pinagpapayuhan upang sakali kayo ay mapaalalahanan”. {16:90}

عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ -صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ- قَالَ « أَتَدْرُونَ مَا الْمُفْلِسُ ». قَالُوا الْمُفْلِسُ فِينَا مَنْ لَا دَرَاهِمَ لَهُ وَلَا مَتَاعَ. فَقَالَ « إِنَّ الْمُفْلِسَ مِنْ أُمَّتِي يَأْتِي يَوْمَ الْقِيَامَةِ بِصَلَاةٍ وَصِيَامٍ وَزَكَاةٍ وَيَأْتِي قَدْ شَتَمَ هَذَا وَقَذَفَ هَذَا وَأَكَلَ مَالَ هَذَا وَسَفَكَ دَمَ هَذَا وَضَرَبَ هَذَا فَيُعْطَى هَذَا مِنْ حَسَنَاتِهِ وَهَذَا مِنْ حَسَنَاتِهِ فَإِنْ فَنِيَتْ حَسَنَاتُهُ قَبْلَ أَنْ يَقْضَى مَا عَلَيْهِ أَخَذَ مِنْ خَطَايَاهُمْ فَطُرِحَتْ عَلَيْهِ ثُمَّ طُرِحَ فِي النَّارِ ». رَوَاهُ مُسْلِمٌ

Inulat ni Abu Huraira (r.a.) na sinabi ng Mensahero ng Allah (saws): “Alam ba ninyo kung sino ang nalugi?”, kanilang sinabi: Ang nalugi sa amin ay ang sinumang walang Dirham at walang paninda. Kanyang sinabi (saws): “Katotohanan ang nalugi sa aking Nasyon ay ang darating sa Araw ng Paghuhukom na may dalang pagdarasal at pag-aayuno at kawanggawa nguni’t minura niya ito at binintangan niya ito at kinain niya ang pera nito at dinanak ang dugo nito at sinuntok niya ito, kaya bibigyan sila ng kanyang mga kabutihan at ang iba ng kanyang mga kabutihan, at kapag naubos na ang kanyang kabutihan bago hatulan, ay kukunin ang kanilang mga kasamaan at ilalagay sa kanya at pagkatapos siya ay itatapon sa Impiyerno”. [Isinalaysay ni Muslim]

PAGPAPATOTOO (43)

“Ang Qur’an ay nag-aanyaya sa pagkahabag at sa kadalisan at sa mga mataas na pamamaraan ng pag-uugali”.

- Washington Irving isang Amerikanong Orientalista, na naglaan ng malaking pagpapahalaga sa kasaysayan ng mga Muslim sa Andalus.

PAGPAPATOTOO (44)

"Ang Banal na Qur'an ay nagdidisiplina at nagtuturo, at hindi lahat ng salita na nasa loob nito ay patungkol lamang sa mga obligasyon at ritwal. Ang mga kabutihan ng Qur'an ay humihimok sa mga Muslim na sumunod sa pinakamaganda at sa tunog ng timbangan ng etika. Ang patnubay ng Aklat ay makikita sa kanyang mga ipinagbabawal na sumasalamin sa kanyang mga kaayusan. "

- Sidney Fischer na isang Profesor sa Amerika ng Unibersidad ng Ohio.

PAGPAPATOTOO (45)

Hindi siya umiinom ng alak at hindi kumakain ng laman ng baboy at hindi nakikipagrelasyon sa ibang mga babae at ang kanyang pag-uugali ay napakataas masyado at katotohanan siya ay mapagkakatiwalaan at tapat.

- Doktor Ala Olinikova isang Guro sa Unibersidad ng Russia, at Tunay na sinabi niya ito sa paglalarawan sa isang Mag-aaral na Muslim na nag-aaral ng Medisina sa Moscow, at namangha siya sa mga pag-uugali ng mga Muslim at saka siya ay yumakap sa Islam.

29. Inayos ng Islam ang relasyon sa pagitan ng Tagahatol at Nasasakdal.

Ginawa ng Allah (swt) para sa tagahatol ng mga karapatan sa tao para siya ang pakinggan at sundin sa hindi pagsuway kay Allah (swt) , at

pagbigay sa kanya ng payo at paggalang at pagpapahalaga at pagtitiis sa kanya at pagtupad sa mga patakaran at batas upang ingatan ang kapakanan ng mga tao at masunod ang katarungan at pagkakapantay-pantay at marangal na pamumuhay, katulad sa pagtalaga ng Allah (swt) sa tagahatol na humatol sa hustisya at gawin ang ipinagkatiwala at katapatan sa tao at pagtayo sa kanilang mga karapatan. Ganyan ang Mensahero ng Allah (saws) at mga Pinunong ginabayan pagkatapos niya.

يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا أَطِيعُوا اللَّهَ وَأَطِيعُوا الرَّسُولَ وَأُولِي الْأَمْرِ مِنْكُمْ فَإِنْ تَنَازَعْتُمْ فِي شَيْءٍ فَرُدُّوهُ إِلَى اللَّهِ وَالرَّسُولِ إِنْ كُنْتُمْ تُؤْمِنُونَ بِاللَّهِ وَالْيَوْمِ الْآخِرِ ذَلِكَ خَيْرٌ وَأَحْسَنُ تَأْوِيلًا

Sabi ng Allah (swt): “Oh mga yaong sumasampalataya, sundin ninyo si Allah at sundin ninyo ang Mensahero at ang itinalaga sa posisyon mula sa inyo, at kung nagkagulo kayo sa isang bagay ay bumalik kayo sa Allah at Mensahero, kung kayo ay naniniwala sa Allah at sa Huling Araw. Ito ang mainam at mahusay na pangangahulugan”. {4:59}

عَنْ عَائِشَةَ سَمِعَتْ مِنْ رَسُولِ اللَّهِ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ، يَقُولُ: «اللَّهُمَّ، مَنْ وُلِيَ مِنْ أَمْرِ أُمَّتِي شَيْئًا فَشَقَّ عَلَيْهِمْ، فَاشْقُقْ عَلَيْهِ، وَمَنْ وُلِيَ مِنْ أَمْرِ أُمَّتِي شَيْئًا فَفَرَّقَ بِهِمْ، فَارْفُقْ بِهِ»، رَوَاهُ مُسْلِمٌ

Ayon kay Aisha (r.a.) na narinig niya ang Mensahero ng Allah nagsabi (saws): “Oh Allah! sinumang itinalaga sa posisyon sa aking Nasyon at pinahirapan sila, pahirapan Mo rin siya, at sinumang itinalaga sa aking Nasyon at pinagaan sa kanila, pagaanin Mo rin po sa kanya”. [Isinalaysay ni Muslim]

PAGPAPATOTOO (46)

Ang Islam ay katulad ng araw sa kalawakan na kumikinang at nagniningning at ipinahayag ng relihiyon ang kanyang sarili bilang marangal at mainit na katotohanan. At hindi tulad sa kanilang ibinibintang sa mundo ng Islam gamit ang mga hakahaka at paninira upang pagtakpan ang kalahati ng diwa ng Islam at totoong kadalisayan nito. Ang Batas ng Islam ay katulad sa sinabi ng isang Dalubhasa na si Laysibar: “Katotohanan na ito ay demokrasya na nagpapayuhan sa diwa at orihinal at matinding kaaway ng kalupitan”. Tunay na nagandahan si Qambari sa ganitong

reyalidad sa kalagayan ng Islam tulad sa kanyang sinabi: “Hindi ang Islam at anumang tinuturo nito ang dahilan kung bakit nangyari sa Kanlurang Asya tulad sa natatanaw natin na kaguluhan at pagkaantala ng mga lugar, subali’t ang totoong dahilan nito ay ang kalupitan ng mga namumuno sa mga Muslim at mga Tagahatol sa kanila ay naligaw sa tamang landas at naging baluktot sa pamamaraan ng May-ari ng mensahe at ng mga nagabayang Khalifa, at itinayo nila ang mga pamamaraang pagpapayo at prinsipyo base sa paglabag”.

- Lothrop Stoddard na isang Amerikanong Manunulat at nagsaliksik sa mundo ng Islam at saka sumulat ng isang Aklat (The New World of Islam) na naging isa sa mga mahalagang aklat sa ngayon.

30. Ang relihiyon ng Islam dumating para paligayahin ang sarili ng Sangkatauhan.

Ang Islam ay hindi pagbubuwis sa mga tao at hindi relihiyong nagbabawal lamang o pamimilit o pagpapahirap, bagkus ang buhay na walang tamang relihiyon ay isang kawalan at parusa at pagdurusa.

قَالَ اهْبِطَا مِنْهَا جَمِيعًا بَعْضُكُمْ لِبَعْضٍ عَدُوٌّ فَإِمَّا يَأْتِيَنَّكُمْ مِنِّي هُدًى فَمَنِ اتَّبَعَ هُدَايَ فَلَا يَضِلُّ
وَلَا يَشْقَى مَنْ أَعْرَضَ عَن ذِكْرِي فَإِنَّ لَهُ مَعِيشَةً ضَنْكًا وَنَحْشُرُهُ يَوْمَ الْقِيَامَةِ أَعْمَى

Sabi ng Allah (swt) : “Sabi: Magsibaba kayong dalawa mula rito dahil ang bawat isa sa inyo ay magkaaway, at kapag dumating sa inyo ang gabay mula sa Akin, ang sinumang sumunod sa Aking gabay ay hindi maliligaw at hindi magdurusa, at sinumang tumalikod sa pag-alaala sa Akin ay tunay na mapapasakanya ang masaklap na pamumuhay at Amin siyang bubuhaying bulag sa Araw ng Paghuhukom”. {20:123-124}

Ang Islam ay dumating upang matamo ang kaginhawaan at katiwasayan sa puso at ilayo ang pag-aalala at hinagpis at kalungkutan at pagkabahala sa isang Muslim at upang gawain siyang maligaya sa mundo at sa kabilang-buhay, bagkus ito ang pinakamatinding hangarin at layunin ng Batas ng Islam.

الَّذِينَ آمَنُوا وَتَطْمَئِنُّ قُلُوبُهُمْ بِذِكْرِ اللَّهِ أَلَا بِذِكْرِ اللَّهِ تَطْمَئِنُّ الْقُلُوبُ

Sabi ni Allah (swt) : “Mga yaong sumampalataya, at napapanatag ang kanilang mga puso sa pag-alaala kay Allah. Hindi baga sa pag-alaala kay Allah ay napapanatag ang mga puso!”. {13:28}

طه مَا أَنْزَلْنَا عَلَيْكَ الْقُرْآنَ لِتَشْقَى

Sabi ng Allah (swt) : “Taha, hindi Naming ipinababa sa iyo ang Qur’an upang ikaw ay mamimighati”. {20:1-2}

مِنْ عَمَلٍ صَالِحًا مَنْ ذَكَرَ أَوْ أَنْشَىٰ وَهُوَ مُؤْمِنٌ فَلَنُحْيِيَنَّهٗ حَيَاةً طَيِّبَةً وَلَنَجْزِيَنَّهُمْ أَجْرَهُمْ بِأَحْسَنِ مَا كَانُوا يَعْمَلُونَ

Sabi ng Allah (swt) : “Sinumang gumawa ng kabutihan mula sa kalalakihan at kababaihan at siya’y mananampalataya, Katotohanang Aming bubuhayin siya ng may magandang pamumuhay at Aming bibigyan sila ng gantimpala ayon sa pinakamaayos nilang mga nagawa”. {16:97}

وَاسْتَعِينُوا بِالصَّبْرِ وَالصَّلَاةِ وَإِنَّهَا لَكَبِيرَةٌ إِلَّا عَلَى الْخَاشِعِينَ

Sabi ng Allah (swt) : “At humingi kayo ng tulong sa pamamagitan ng pagtitiis at pagdarasal sapagka’t sa katunayan ito ay mahirap maliban sa mga mataimtiman”. [2:45]

Ang lahat ng mga batas ng Islam ay mayroong mga Prinsipyo, Pagsamba, Pagkikitungo, Pag-alaala, Pagdalisay ng sarili, Paglinis nito, Pag-aalaga laban sa mga bulong ni satanas at tulungan ang sarili sa kahirapan ng buhay at pabigat.

إِنَّ الَّذِينَ قَالُوا رَبُّنَا اللَّهُ ثُمَّ اسْتَقَامُوا فَلَا خَوْفٌ عَلَيْهِمْ وَلَا هُمْ يَحْزَنُونَ

Sabi ng Allah (swt): “Katotohanan yaong mga nagsabi: Ang aming Panginoon ay si Allah at pagkatapos sila ay nagpakatuwid, wala silang pangamba at hindi malulumbay”. {46:13}

Sa kasabihan: (Ang sinumang pinapanatili ang paghihingi ng kapatawaran, ay gagawin ng Allah (swt) para sa kanya ang lunas sa bawat problema at labasan sa bawat kagipitan at kaligtasan sa bawat sakuna at bibiyayaan siya na hindi niya ito inaasahan).

PAGPAPATOTOO (47)

Katotohanan karamihan sa mga tao sa Europa at Amerika ay pumapasok sa Islam sapagka't sila ay uhaw sa kapanatagan ng sarili at katahimikan sa kaluluwa, bagkus ang karamihan sa kanila ay mga Orientalista at Mangangaral ng Relihiyong Kristiyanismo na nagsimula upang tapusin ang Islam at pagpapalabas ng mga bagay na nakakasira nito, subali't sila ay yumakap sa Islam dahil ang katotohanan ay nahihimok at walang dahilan para tanggihan ito.

- Deborah Potter na isang Amerikanong Mamamahayag.

PAGPAPATOTOO (48)

Naramdaman ko ang kapanatagan at katiwasayan sa aking sarili na nagpagaan sa aking mga pasakit, Na hindi ko mailarawan hanggang sa ngayon ang bumabagabag sa aking isipan, subali't aking naramdaman na para akong nilikha ng panibago na kailangan alagaan at proteksyon mula sa Panginoon. Naengganyo ako ng Islam dahil sa mga katuruan nito na walang sapilitan sa relihiyon, gayundin sa pananalig at pananampalataya at kaayusan sa relasyon sa pagitan ng Tagapaglikha at alipin na walang pamamagitan o panghihimasok ng ibang tao."

- Aisha na isang Hudyo na nakatira sa Palestine na pumasok sa Islam kasama ang limang hudyong babae pagkatapos ng pagbasa ng Aklat patungkol sa Islam sa paksang (Daan patungo sa Kaligayahan).

31. Ang Islam ay nag-aanyaya sa Kasal at pag-ingat sa sarili at Pananatili sa Sistema ng Pang-pamilya.

Inaanyayahan ang pagtayo nito sa tamang pamamaraan at malayo sa ipinagbabawal na landas at pamamaraan upang magbunga ang mga pamayanan ng siglo na nalalaman nila ang kanilang mga ama at ina at sila ay maging mga tapat sa kanilang mga bansa.

Kaya nag-uutos ang batas ng Islam na gawaing madali ang pagpapakasal at huwag gawaing mahal at bigyan ng buong kalayaan para mamili ng aasawahin at walang pilitan sa pagitan nilang dalawa.

Nabanggit sa maraming talata sa Qur'an at sa Hadith ng Propeta (saws) para ipaliwanag ang mga batas ng Pagpapakasal at Pamilya at Pagdisiplina sa mga kabataan.

وَهُنَّ مِثْلُ الَّذِي عَلَيْهِنَّ بِالْمَعْرُوفِ

Sabi ng Allah (swt) : “at ang gastusin ng mga asawa ay kasingtulad rin sa kanila sa kabutihan”. {2:228}

عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ عَنِ النَّبِيِّ - صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ - قَالَ « مَنْ كَانَ يُؤْمِنُ بِاللَّهِ وَالْيَوْمِ الْآخِرِ فَلَا يُوذِي جَارَهُوَاسْتَوْصُوا بِالنِّسَاءِ خَيْرًا ، فَإِنَّهُنَّ خُلِقْنَ مِنْ ضَلَعٍ ، وَإِنَّ أَعْوَجَ شَيْءٍ فِي الضَّلَعِ أَعْلَاهُ ، فَإِنْ ذَهَبَتْ تَقِيمُهُ كَسَرْتَهُ ، وَإِنْ تَرَكَتَهُ لَمْ يَزَلْ أَعْوَجَ فَاسْتَوْصُوا بِالنِّسَاءِ خَيْرًا » . مَتَّقُوا عَلَيْهِ

Inulat ni Abu Hurairah na sinabi ng Propeta (saws): (Ang sinumang naniniwala sa Allah at sa Huling-Araw ay huwag maminsala sa kanyang kapit-bahay at maging mabuti sa mga kababaihan sapagka't sila ay nilikha mula sa tadyang, at katotohanan ang pinakabaluktot sa tadyang ay nasa unahan, kung tutuwirin mo ito ay mapuputol at kung pabayaan mo ay baluktot pa rin, kaya maging mabuti sa mga kababaihan). [Isinalaysay ni Bukhari at Muslim]

Ang Islam ay nag-aanyaya sa paggalang sa buhay mag-asawa at inilalarawan ang mag-asawa bilang magkasama sa buhay at inuutusan silang dalawa na magtiis at magpatuloy at ginawa itong pagsamba at isa sa mga dahilan upang makapasok sa Paraiso, kaya huwag magmadali ang isa sa kanila sa paghingi ng diborsiyo. Nilagyan ito ng mga kondisyon at limitasyon at ipinaliwanag na ito ang pinaka-kinasusuklamang Halal sa Allah (swt) , subali't mayroong Diborsyo sa Islam na hindi bilang prinsipyo at obligasyon, bagkus pinagaan kung ito ay naging solusyon at pwede ring bilang kalayaang personal sa pagitan ng mag-asawa.

عَنْ ابْنِ عَبَّاسٍ عَنِ النَّبِيِّ - صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ - قَالَ « خَيْرُكُمْ خَيْرُكُمْ لِأَهْلِهِ وَأَنَا خَيْرُكُمْ لِأَهْلِي » .
سنن ابن ماجه

Iniulat ni Ibnu Abbas (r.a.) na sinabi ng Propeta (saws): (Ang pinakamainam sa inyo ay ang pinakamainam sa kanyang asawa at ako ang pinakamainam sa inyo sa aking asawa). [Sunan ibnu Majah]

Katotohanan ipinapakita ng isang opisyal na pag-aaral na inilathala sa Internet na

- (79%) binubogbog ng mga Amerikano ang kanilang mga asawa.
- (19%) ng kanilang mga kababaihan ay nasa Masinsinang Pangangalaga sa loob ng Hospital.
- (77%) ng mga Briton ay binubogbog nila ang kanilang mga asawa.
- Dalawang milyon na mga kababaihan sa Pranses ay binubogbog tuwing taon.

Gayundin inaanyayahan ng Islam ang pangangalaga sa Sistema ng pamilya, ginawang obligasyon ang mga karapatan ng mga Magulang at ibang mga kamag-anak at lahi katulad sa paggawang obligasyon sa mga karapatan ng mga anak sa pamilya sa pagdidisiplina at pagtuturo at pagingat at pagtulong sa mga hirap sa buhay.

يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا قُوا أَنْفُسَكُمْ وَأَهْلِيكُمْ نَارًا وَقُودُهَا النَّاسُ وَالْحِجَارَةُ عَلَيْهَا مَلَائِكَةٌ غِلَاظٌ شِدَادٌ لَا يَعْصُونَ اللَّهَ مَا أَمَرَهُمْ وَيَفْعَلُونَ مَا يُؤْمَرُونَ

Sabi ng Allah (swt) : “Oh! mga yaong sumasampalataya, iligtas ninyo ang inyong mga sarili at ang inyong pamilya sa Apoy na ang panggatong nito ay mga tao at bato, at mayroon doon na mga Anghel na mararahas at malulupit na hindi sila sumusuway kay Allah sa anumang Kanyang ipinag-uutos at kanilang ginagawa ang anumang ipinag-uutos sa kanila”. {66:6}

أَنَّ عَبْدَ اللَّهِ بْنَ عَمْرٍو يَقُولُ سَمِعْتُ رَسُولَ اللَّهِ - صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ - يَقُولُ « كُنْتُمْ رَاعٍ ، وَكُنْتُمْ مَسْئُولٌ عَنْ رَعِيَّتِهِ ، الْإِمَامُ رَاعٍ وَمَسْئُولٌ عَنْ رَعِيَّتِهِ ، وَالرَّجُلُ رَاعٍ فِي أَهْلِهِ وَهُوَ مَسْئُولٌ عَنْ رَعِيَّتِهِ ، وَالْمَرْأَةُ رَاعِيَةٌ فِي بَيْتِ زَوْجِهَا وَمَسْئُولَةٌ عَنْ رَعِيَّتِهَا ، وَالْخَادِمُ رَاعٍ فِي مَالِ سَيِّدِهِ وَمَسْئُولٌ عَنْ رَعِيَّتِهِ »

Inulat ni Abdullah bin Umar (r.a.) na kanyang narinig ang Mensahero ng Allah (saws) nagsabi: (Kayong lahat ay mga pastol at kayong lahat ay

may pananagutan para sa kanyang kawan. Ang Pinuno ay pastol at may pananagutan sa kanyang mga kawan, at ang lalaki ay pastol sa kanyang pamilya at may pananagutan sa kanyang kawan at ang babae ay pastol sa bahay ng kanyang asawa at may pananagutan sa kanyang kawan, at ang alipin ay pastol sa kayamanan ng kanyang amo at may pananagutan sa kanyang kawan). [Isinalaysay ni Bukhari at Muslim]

PAGPAPATOTOO (49)

Ang kalayaan na ipinagkaloob ng Batas ng Islam sa mga kalalakihan at kababaihan ay magkasing-tulad sa pag-aasawa at sa ganitong kasunduan, at ipinaliwanag ang mga dahilan para rito. At itinuturing ng Batas ng Islam ang pangangalunya bilang isa sa mga pinakamasamang kasalanan. Kaya ang direksyon sa ganitong pagpapaubaya at kalayaan ay hindi maaring magkaroon ng dahilan para mahulog sa bitag ng pag-iibigan o libog.

- Leopold Weiss na isang Austrian na Nag-iisip at Manunulat na yumakap sa Islam pagkatapos ng matagal na pagsusuri at pinangalanan niya ang kanyang sarili na Muhammad Asad.

PAGPAPATOTOO (50)

Katotohanan na mayroon akong napansin sa mga problemang pampamilya na dinaranas ng mga taga-kanluran na wala sa mga pamilyang Muslim na binigyan ng kapayapaan at kaligayahan, at gayundin sa pagmamahal. Walang asawang lalaki at kanyang asawang babae sa lilim ng Islam na alam nila ang isang bagay tungkol sa isang petsa para manabik at pag-ibig ng mga kaibigang babae, na nangingibabaw sa panahon natin halos sa mga hindi-Muslim na bansa.

- Sally Jean Marsh (Salwa Jean Marsh) na isang Amerikanang Mananaliksik, na nakakuha ng master degree sa Political Science sa Washington, at nakabasa ng marami tungkol sa maraming kilalang relihiyon sa Kanluran subalit hindi ito tinanggap ng kanyang pag-iisip ang

isa man lang dito, pero sa oras ng nalaman niya ang Islam ay kanyang pinasok ito.

32. Pinarangalan ng Islam ang mga kababaihan at binigyan ng lahat ng kanyang mga kailangang pang-karapatan.

Ang isa sa mga tinitiyak ng Islam para sa mga kababaihan ay ang marangal na buhay at ginawa silang mga kalahati ng mga kalalakihan at inalis ang maraming obligasyon para sa kanila. At inutos ng Islam na parangalan ang mga kababaihan at kabutihan sa kanila bilang anak at kapatid at ina at asawa at iba pa.

وَقَضَىٰ رَبُّكَ أَلَّا تَعْبُدُوا إِلَّا إِيَّاهُ وَبِالْوَالِدَيْنِ إِحْسَانًا إِمَّا يَبْلُغَنَّ عِنْدَكَ الْكِبَرَ أَحَدُهُمَا أَوْ كِلَاهُمَا فَلَا تَقُلْ لَهُمَا أُفٍّ وَلَا تَنْهَرهُمَا وَقُلْ لَهُمَا قَوْلًا كَرِيمًا

Sinabi ng Allah: {At itinakda ng iyong Panginoon na huwag kayong sasamba bukod lamang sa Kanya, at maging mabuti sa iyong mga magulang! Kung talagang aabutin ang isa sa kanila o silang dalawa sa katandaan sa piling mo, kung gayon ay huwag mo silang pagsalitaan ng “Uff!” At huwag mo silang sisigawan! At magsalita para sa kanila ng marangal na pananalita! {17:23}

عَنِ ابْنِ عَبَّاسٍ عَنِ النَّبِيِّ -صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ- قَالَ « خَيْرِكُمْ خَيْرِكُمْ لِأَهْلِهِ وَأَنَا خَيْرِكُمْ لِأَهْلِي ».

سنن ابن ماجه

Inulat ni Ibnu Abbas (r.a.) na sinabi ng Propeta (saws): (Ang pinakamainam sa inyo ay ang pinakamainam sa kanyang asawa at ako ang pinakamainam sa inyo sa aking asawa). [Sunan ibnu Majah]

عَنْ عُقْبَةَ بْنِ عَامِرٍ يَقُولُ سَمِعْتُ رَسُولَ اللَّهِ -صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ- يَقُولُ « مَنْ كَانَ لَهُ ثَلَاثُ بَنَاتٍ فَصَبَرَ عَلَيْهِنَّ وَأَطْعَمَهُنَّ وَسَقَاهُنَّ وَكَسَاهُنَّ مِنْ جَدَّتِهِ - كُنَّ لَهُ حِجَابًا مِنَ النَّارِ يَوْمَ الْقِيَامَةِ ».

Inulat ni Uqba bin Amir (r.a.) na aking narinig ang Mensahero ng Allah (saws) nagsabi: (Ang sinumang mayroong tatlong anak na babae at saka siya’y nagtiis sa kanila at pinakain sila at pinainom at binihisan mula sa

kanyang yaman. Sila ay magiging hadlang para sa kanya laban sa Apoy sa Araw ng Paghuhukom). [Isinalaysay ni Ibnu Majah]

At binanggit ng Allah (swt) ng marami ang mga karapatan ng kababaihan sa Banal na Qur'an, bagkus sa Qur'an ay mayroong kabanata na tinatawag na Kabanata ng Kababaihan, at ibinalita ng Propeta (saws) na ang Paraiso ay nasa ilalim ng mga paa ng Ina at pinayuhan ang kanyang Nasyon na maging mabuti sa mga kababaihan habang siya ay nasa higaan ng kamatayan, at ginawang obligasyon ng Islam sa kalalakihan ang alagaan ang mga kababaihan at ipagkaloob sa kanila ang marangal na pamumuhay.

At pinagaan ng Allah (swt) ang mga batas ng Islam sa babae at ginawang madali ang pagpasok niya sa Paraiso.

عَنْ عَبْدِ الرَّحْمَنِ بْنِ عَوْفٍ قَالَ قَالَ رَسُولُ اللَّهِ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ إِذَا صَلَّتْ الْمَرْأَةُ خَمْسَهَا وَصَامَتْ شَهْرَهَا وَحَفِظَتْ فَرْجَهَا وَأَطَاعَتْ زَوْجَهَا قِيلَ لَهَا ادْخُلِي الْجَنَّةَ مِنْ أَيِّ أَبْوَابِ الْجَنَّةِ شِئْتَ

Inulat ni Abdur Rahman bin Awf (r.a.) na sinabi ng Mensahero ng Allah (saws): (Kapag nagdarasal ang babae ng limang beses at nag-ayuno sa Buwan (ng Ramadan) at iningatan ang kanyang ari at sumunod sa kanyang asawa, sabihin sa kanya: Ikaw ay pumasok sa Paraiso sa anumang mga pintuan ng Paraiso na nais mo). [Isinalaysay ni Ahmad at Ibnu Hibban]

At pinangaralan ng Islam ang mga kababaihan ng kanilang pagbebelo upang ingatan ang mga kababaihan sa pamiminsala ng iba at pagnanasa sa kanila. At ginawa siyang mamahalin at iniingatang bato at inilalayo sa mga kalaswaan at kahalayan at mga patungo rito. Gayundin pinaralangan rin sila sa pagiging kaibahan nila sa mga kalalakihan at pagkabukod nila sa maraming bagay.

وَلَيْسَ الذَّكَرُ كَالْأُنْثَى

Sabi ni Allah (swt): “at ang lalaki ay hindi katulad ng babae”. {3:36}

Dumating ang Propeta (saws) na hindi pa narinig ng mga nauna, na ang mga kalalakihan at kababaihan ay magkatulad sa harapan ni Allah (swt), at ang lahat ng mga obligasyong pangrelihiyon ay para sa lalaki at babae na magkasingtulad. At katotohanan pumunta ito ng mas malayo mula rito at saka ipinayahag na ang babae ay isang tao na puno ng karapatan at hindi lamang isang kaakibat ng mga kalalakihan tulad ng ina o asawa o kapatid o kanyang anak, bagkus meron rin siyang karapatan na umangkin ng mga ari-arian at sumali sa negsoyo.

- Leopold Weiss na isang Austrian na Nag-iisip at Manunulat na yumakap sa Islam pagkatapos ng matagal na pagsusuri at pinangalanan niya ang kanyang sarili na Muhammad Asad.

PAGPAPATOTOO (52)

Pagpapataw sa ilang mga obligadong limitasyon sa babaeng Muslim sa ilalim ng Islam. Katotohanang may mga limitasyon at ito ay maliban sa mga garantiya sa kaayusan ng sarili ng babaeng muslim, at sa mabuting pamilya at pag-ingat sa malakas na ugnayan at panghuli ay para sa pamayanang Muslim sa pangkalahatan.

- Sally Jean Marsh (Salwa Jean Marsh) na isang Amerikanang Mananaliksik, na nakakuha ng master degree sa Political Science sa Washington, at nakabasa ng marami tungkol sa maraming kilalang relihiyon sa Kanluran subalit hindi ito tinanggap ng kanyang pag-iisip ang isa man lang dito, pero sa oras nalaman niya ang Islam ay kanyang pinasok ito.

PAGPAPATOTOO (53)

Ang Babaeng Muslimah ay itinataas at pinaparangalan sa lahat ng aspeto ng buhay, subali't sa panahon natin ngayon siya ay niloloko sa kasamaang palad sa pamamagitan ng kumikinang na huwad na kanlurang sibilisasyon. Gayunpaman natutuklasan rin niya balang-araw na siya'y naliligaw at pagkatapos malaman ang katotohanan.

Katotohanan ang Islam ay nag-aanyaya sa atin na itayo ang gawaing nagbubunga, at ang kondisyon na dapat tayong mga babae ay may kagandahang-asal sa ating pananamit at takpan ang magagandang parte ng ating mga katawan, at maging seryoso sa ating mga pananalita. Ang Islam ay hindi pumipigil na magsanay sa anumang gawaing nababagay sa kanyang kalikasan, dahil ang pinakamalupit na tungkulin ng babae, tungkuling naaayon sa kanyang kalikasan ay ang pagseserbisyo sa kanyang mga pamilya at pag-aaruga sa miyembro nito, sapagkat ang kanyang gantimpala ay magkasingtulad sa gantimpala ng mga mandirigma sa landas ni Allah (swt). Ang babaeng Muslimah ay patuloy pa ring tinatayo ang ganitong mga obligasyon na may karalangan.

- Mona Mc Cluskey na isang diplomatikong Aleman at nagtrabaho bilang konsultant sa Bangladesh at pagkatapos yumakap sa Islam at pinangalanan ang kanyang sarili na Muna Abdullah.

33. Ang Islam ay nag-aanyaya sa Pagkakaisa, Pagmamahalan, Pagkahabag at Pagtutulungan.

Iniutos ng Islam ang pagpapalaganap ng Kapayapaan sa pagitan ng mga Muslim at pagbisita sa mga kapit-bahay at maging mabuti sa kanila at pagbisita sa may-sakit at pagsama sa libing at ayusin ang akala sa iba at pagtanggap ng paumanhin sa kanila at pasensiya at pagtulong sa mga nangangailangan at pang-unawa at pagkamay at hindi pagganti at pagparaya sa pakikitungo at iba pang mga nagpapalakas sa pagkakaisa at pagmamahalan sa pagitan ng mga Mananampalataya at pinaparamdan sa isang Muslim ang kanyang katayuan sa buhay na hindi siya nag-iisa.

وَجَزَاءُ سَيِّئَةٍ سَيِّئَةٌ مِثْلُهَا فَمَنْ عَفَا وَأَصْلَحَ فَأَجْرُهُ عَلَى اللَّهِ إِنَّهُ لَا يُحِبُّ الظَّالِمِينَ

Sabi ng Allah (swt) : “At ang gantimpala ng kasamaan ay kasamaan rin na katulad nito at sinumang nagpatawad at nag-ayos, ang kanyang gantimpala ay nasa kay Allah, Tunay na hindi Niya minamahal ang mga nang-aapi”. {42:40}

إِنَّ هَذِهِ أُمَّتُكُمْ أُمَّةً وَاحِدَةً وَأَنَا رَبُّكُمْ فَاعْبُدُونِ

Sabi ni Allah (swt) : “Katotohanan na itong Nasyon ninyo ay iisang Nasyon at Ako ang inyong Panginoon, kaya sambahin ninyo Ako”. {21:92}

إِنَّمَا الْمُؤْمِنُونَ إِخْوَةٌ فَأَصْلِحُوا بَيْنَ أَخَوَيْكُمْ وَاتَّقُوا اللَّهَ لَعَلَّكُمْ تُرْحَمُونَ

Sabi ng Allah (swt): “Katotohanan ang mga Mananampalataya ay magkakapatid kaya ayusin ninyo ang dalawa ninyong kapatid at matakot kayo kay Allah upang kayo ay kaawaan”. {49:10}

عَنِ الثُّعْمَانَ بْنِ بَشِيرٍ قَالَ قَالَ رَسُولُ اللَّهِ -صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ- «مَثَلُ الْمُؤْمِنِينَ فِي تَوَادُّهِمْ وَتَرَاحُمِهِمْ وَتَعَاطُفِهِمْ مَثَلُ الْجُسَدِ إِذَا اشْتَكَى مِنْهُ عَضُوٌّ تَدَاعَى لَهُ سَائِرُ الْجَسَدِ بِالسَّهْرِ وَالْحَمَى». متفق عليه

Ayon kay Nu'man bin Basher (r.a.) na sinabi ng Mensahero ng Allah (saws): (Katulad ng mga Mananampalataya sa kanilang pagmamahalan at pagkahabag at pagdadamayan ay katulad ng isang katawan kapag nagkasakit ang isang parte, magtatawag ang buong katawan para sa kanya sa pamamagitan ng puyat at lagnat). [Isinalaysay ni Bukhari at Muslim]

عَنِ أَبِي مُوسَى عَنِ النَّبِيِّ -صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ- قَالَ «إِنَّ الْمُؤْمِنَ لِلْمُؤْمِنِ كَالْبُنْيَانِ ، يَشُدُّ بَعْضُهُ بَعْضًا» متفق عليه

Ayon kay Abu Musa (r.a.) na sinabi ng Propeta (saws) : (Katotohanan ang Mananampalataya para sa Mananampalataya ay katulad ng istraktura na ang bawat isa ay nagpapatibay sa iba). [Isinalaysay ni Bukhari at Muslim]

عَنِ جَابِرِ بْنِ عَبْدِ اللَّهِ -رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُمَا- أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ -صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ- قَالَ «رَحِمَ اللَّهُ رَجُلًا سَمَحًا إِذَا بَاعَ ، وَإِذَا اشْتَرَى ، وَإِذَا اقْتَضَى» رواه البخاري

Inulat ni Jabir bin Abdullah (r.a.) na sinabi ng Mensahero ng Allah (saws): (Nawa'y kaawaan ng Allah ang isang tao na laging nagpapahintulot kung siya ay nagbebenta, at kung siya ay namimili, at kung siya ay may hihingin). [Isinalaysay ni Bukhari]

Kaya may mga kasamahan ang Propeta (saws) na malalapit sa kanya tulad ni Bilal Habashi at Salman Al-Farisi at Suhaib Ar-Rumi at karamihan ay mga mahihirap at dukha tulad ng As'habus Suffah, sila ang mga mahihirap na mga Muharijon at katulad rin sa mga karamihan ng mga Dalubhasa ng Islam at mga sikat na hindi naman mula sa angkan ng mga Arabo.

Tinatanggal ng mga tao ang kanilang mga sapatos o sandalyas at lumilinya ng isang mahabang hanay at mayroon din sa kanila sa bandang likuran. Katotohanan ito ay nagdulot sa akin ng pagkamangha habang tumitingin kami sa kanila nang may katahimikan na walang mga grupo sa anumang uri ng mga tao sa ganitong komunidad. Katotohanan ang mga puti at dilaw at itim ay magkasama-sama ang mga mahihirap at mayayaman at pulubi at negosyante para tumayo na magkatabi na walang pagtingin sa kanilang pinagmulan o katayuan ng buhay sa lipunan.

- Thomas Muhammad Clayton na isang Amerikanong Kristiyano na nag-aral ng marami sa mga aklat ng Islam at nakipagkita sa mga maraming Mangangaral ng Islam at pagkatapos siya ay yumakap sa Islam.

34. Nag-aanyaya ang Relihiyon ng Islam sa kapakinabangan ng iba at ang pagmamahal sa ikabubuti para sa kanila.

Bagkus ito ay ginawa bilang pagsamba, at katotohanan ang pinakamamahal ng Allah (swt) sa mga tao ay ang maraming pakinabang sa sangkatauhan katulad sa isang Hadith.

عن ابن عمر، أَنَّ رَجُلًا جَاءَ إِلَى رَسُولِ اللَّهِ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ، فَقَالَ: يَا رَسُولَ اللَّهِ أَيُّ النَّاسِ أَحَبُّ إِلَى اللَّهِ؟ وَأَيُّ الْأَعْمَالِ أَحَبُّ إِلَى اللَّهِ عَزَّ وَجَلَّ؟ فَقَالَ رَسُولُ اللَّهِ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ: «أَحَبُّ النَّاسِ إِلَى اللَّهِ أَنْفَعُهُمُ لِلنَّاسِ، وَأَحَبُّ الْأَعْمَالِ إِلَى اللَّهِ سُرُورٌ تَدْخُلُهُ عَلَى مُسْلِمٍ، أَوْ تَكْشِفُ عَنْهُ كَرْبَةً، أَوْ تَقْضِي عَنْهُ دَيْنًا، أَوْ تَطْرُدَ عَنْهُ جُوعًا» رَوَاهُ الطَّبْرَانِيُّ

Iniulat ni Ibnu Umar (r.a) na may dumating na isang lalaki sa Mensahero ng Allah (saws) at nagsabi: (Oh Mensahero ng Allah, sino ang

pinakamamahal ng Allah? at anong gawain ang pinakamamahal ni Allah?. sabi ng Mensahero ng Allah (saws): “Ang pinakamamahal na tao kay Allah ay ang mayroong pinaka- pakinabang sa sangkatauhan at ang pinakamamahal na mga gawain kay Allah ay ang kaligayahan na pinasok mo sa isang muslim o pagtanggap mo sa kanya ng problema o binayaran mo ang kanyang utang o inalis mo ang kanyang gutom). [Isinalaysay ni Tabarani]

عَنْ أَنَسٍ عَنِ النَّبِيِّ - صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ - قَالَ « لَا يُؤْمِنُ أَحَدُكُمْ حَتَّى يُحِبَّ لِأَخِيهِ مَا يُحِبُّ لِنَفْسِهِ » متفق عليه

Inulat ni Anas (r.a.) na sinabi ng Propeta (saws): (Hindi naniniwala ang isa sa inyo hanggang mahalina niya ang kanyang kapatid katulad sa pagmamahal niya sa kanyang sarili). [Isinalaysay ni Bukhari at Muslim]

عَنْ حُذَيْفَةَ قَالَ: قَالَ رَسُولُ اللَّهِ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ: « مَنْ لَمْ يَهْتَمَّ بِأَمْرِ الْمُسْلِمِينَ فَلَيْسَ مِنْهُمْ، وَمَنْ لَمْ يَصْبِحْ وَبِمَسِّ نَاصِحَاتِ اللَّهِ وَلرَسُولِهِ وَلِكِتَابِهِ وَإِمَامِهِ وَلِعَامَّةِ الْمُسْلِمِينَ فَلَيْسَ مِنْهُمْ » الطبراني

Inulat ni Hudhayfa na sinabi ng Mensahero ng Allah (saws): (Ang sinumang walang pagpapahalaga sa kalagayan ng mga Muslim ay hindi kabilang sa atin at ang sinumang hindi naging tapat kay Allah at sa Kanyang Mensahero at sa Kanyang Aklat at Kanyang pinuno at sa buong mga Muslim ay hindi kabilang sa atin). [Isinalaysay ni Tabarani]

Inuutusan ng Islam ang pagmamalasakit sa kalagayan ng mga Muslim at pagmamahal sa kabutihan para sa kanila at pagbibigay ng tulong at pinapaliwanag na ang Mananampalataya na hindi gumagawa nito ay may kakulangan sa paniniwala.

عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ عَنِ رَسُولِ اللَّهِ - صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ - قَالَ « مَنْ كَانَ يُؤْمِنُ بِاللَّهِ وَالْيَوْمِ الْآخِرِ فَلْيَقُلْ خَيْرًا أَوْ لِيَصْمِتْ وَمَنْ كَانَ يُؤْمِنُ بِاللَّهِ وَالْيَوْمِ الْآخِرِ فَلْيُكْرِمْ جَارَهُ وَمَنْ كَانَ يُؤْمِنُ بِاللَّهِ وَالْيَوْمِ الْآخِرِ فَلْيُكْرِمْ ضَيْفَهُ ». رواه البخاري ومسلم

Inulat ni Abu Hurairah (r.a.) na sinabi ng Mensahero ng Allah (saws): (Ang sinumang naniniwala sa Allah at sa Huling-Araw ay magsalita ng kabutihan o tumahimik na lang, at ang sinumang naniniwala sa Allah at sa Huling-Araw ay parangalan ang kanyang bisita at sinumang naniniwala sa

Allah at sa Huling-Araw ay parangalan ang kanyang bisita). [Isinalaysay ni Bukhari at Muslim]

PAGPAPATOTOO (55)

Ang mabuting gawain ay nagpapakilala sa mga Britong Muslim, at nangunguna sa anumang gawain sa alinmang grupo ng relihiyon sa Britanya.

- David Cameron na isang pinuno ng mga Ministro sa Britanya sa ngayon (mula sa Youtube).

35. Iniutos ng Allah (swt) ang pag-ugnay sa mga kamag-anak at sa mga malalapit at pangako sa mga nag-uugnay ng maraming gantimpala.

Katulad sa pagbanta sa sinumang pumutol ng ugnayan sa kamag-anak at naging masama sa kanyang pamilya ng matinding kaparusahan.

عن جبير بن مطعم أنه سمع النبي - صلى الله عليه وسلم - يقول « لا يدخل الجنة قاطع » .

Inulat ni Jubair bin Mut'im (r.a.) na narinig niya ang Propeta (saws) na nagsabi: (Hindi makakapasok ng Paraiso ang pumuputol (sa Kamag-anak.) [Isinalaysay ni Bukhari at Muslim]

وَقَضَىٰ رَبُّكَ أَلَّا تَعْبُدُوا إِلَّا إِيَّاهُ وَبِالْوَالِدَيْنِ إِحْسَانًا إِمَّا يَبْلُغَنَّ عِنْدَكَ الْكِبَرَ أَحَدُهُمَا أَوْ كِلَاهُمَا فَلَا تَقُلْ لَهُمَا أُفٍّ وَلَا تَنْهَرْهُمَا وَقُلْ لَهُمَا قَوْلًا كَرِيمًا

Sabi ng Allah (swt): “At itinakda ng iyong Panginoon na huwag kayong sumamba maliban sa Kanya at maging mabuti sa iyong mga magulang, kung ang isa sa kanila o silang dalawa ay umabot sa katandaan sa iyo, huwag magsalita sa kanila ng “uff” at huwag silang sigawan at magsalita sa kanila ng marangal na pananalita”. {17:23}

وَأْتِ ذَا الْقُرْبَىٰ حَقَّهُ وَالْمَسْكِينِ وَابْنَ السَّبِيلِ وَلَا تَبْذُرْ تَبْذِيرًا

Sabi ng Allah (swt) : “At bigyan ang Kamag-anak ng kanilang karapatan, at ang mahirap at ang manlalakbay at huwag magsayang”. {17:26}

Iniuutos ng Islam ang kabutihan sa pamilya at kamag-anak at magandang pakikitungo katulad sa mga magulang at pinuno at anak na lalaki at babae at tiyuhin at tiyahin at kapatid at iba pang mga kasali ng pamilya.

عن أَبِي هُرَيْرَةَ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - قَالَ سَمِعْتُ رَسُولَ اللَّهِ - صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ - يَقُولُ « مِنْ أَحَبِّ بَنٍ يُبْسَطُ لَهُ فِي رِزْقِهِ ، وَأَنْ يُنْسَأَ لَهُ فِي أَثَرِهِ ، فَلْيَصِلْ رَحْمَهُ » متفق عليه

Inulat ni Abu Huraira (r.a) na kanyang narinig ang Mensahero ng Allah (s.a.w) nagsabi: “Ang sinumang may gusto na madagdagan ang kanyang biyaya at ipagpaliban sa kanyang kamatayan, kung gayon ay iugnay niya ang kanyang kamag-anak.” Isinalaysay ni Bukhari at Muslim

Ang pag-uugnay ng relasyong pang-pamilya ay isang magandang pag-uugali at matinding pagsamba at merong mga kabutihan sa mundo at sa kabilang-buhay, at walang pag-aalinlangan ang ganitong utos ay dumadagdag sa ugnayan ng pamilya at lakas sa komunidad at pagkakaisa at pag-unlad. At ginagawa ang tao na mamuhay sa maligayang pamumuhay sa loob ng kaharian ng pang pamilya. Subali’t sa kasamaang-palad ang mundo sa ngayon ay hindi alam ang ganitong bagay, bagkus tumatawag pa sa pagkawatak-watak ng pamilya at pagsuway sa magulang at paglabas sa sistema ng pamilya at kamag-anak.

PAGPAPATOTOO (56)

Habang ako ay nakatira sa mga Muslim, aking natuklasan ang matinding relasyon ng mga kaanib ng pamilyang Muslim, alam ng mga magulang kung paano pakitunguhan ang kanilang mga anak at alam rin nila ang malakas na relasyon na umuugnay sa bawat kaanib ng pamilya. Namangha rin ako sa kalagayan ng mga matatanda sa mga pamilyang Muslim na lubos nilang ikinagagalak. Sa oras na nakikita ko ang mga may edad sa Kanluran sa aking lugar na Amerika ang nasa tuktok ng sibilisasyon sa Kanluran na halos materyal na lamang ang pinapansin at nagpagawa pa

ng mga bahay pangmatanda at itinatapon ang mga matatanda rito at hindi na binabalikan. Nakita ko ang lolo at lola sa mga Muslim na nasa bahay ng pamilya, at ito ang pinakatuktok ng sibilisasyon at pagpaparangal. Katotohanan napamahal ito sa akin ng husto.

- Gary Wander na isang Amerikanong Manunulat at nagtatrabaho sa Pahayagan (Kuwait Times) at maraming nabisitang mga lugar sa Arabya at pagkatapos yumakap sa Islam.

36. Tinuturuan ng Islam ang mga tagasunod nito sa paghawak ng mga responsibilidad at alamin ang kanilang mga katayuan at tungkulin sa buhay.

Ang pamumuno sa buhay ay dapat alamin kahit ano pa ang posisyon ng Muslim at kanyang tungkulin.

أَنَّ عَبْدَ اللَّهِ بْنَ عُمَرَ يَقُولُ سَمِعْتُ رَسُولَ اللَّهِ - صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ - يَقُولُ «كُلُّكُمْ رَاعٍ ، وَكُلُّكُمْ مَسْئُولٌ عَنْ رَعِيَّتِهِ ، الْإِمَامُ رَاعٍ وَمَسْئُولٌ عَنْ رَعِيَّتِهِ ، وَالرَّجُلُ رَاعٍ فِي أَهْلِهِ وَهُوَ مَسْئُولٌ عَنْ رَعِيَّتِهِ ، وَالْمَرْأَةُ رَاعِيَةٌ فِي بَيْتِ زَوْجِهَا وَمَسْئُولَةٌ عَنْ رَعِيَّتِهَا ، وَالْخَادِمُ رَاعٍ فِي مَالِ سَيِّدِهِ وَمَسْئُولٌ عَنْ رَعِيَّتِهِ»

Inulat ni Abdullah bin Umar (r.a.) na kanyang narinig ang Mensahero ng Allah (saws) na nagsabi: (Kayong lahat ay mga pastol at kayong lahat ay may pananagutan para sa kanyang kawan. Ang Pinuno ay pastol at may pananagutan sa kanyang mga kawan, at ang lalaki ay pastol sa kanyang pamilya at may pananagutan sa kanyang kawan at ang babae ay pastol sa bahay ng kanyang asawa at may pananagutan sa kanyang kawan, at ang alipin ay pastol sa kayamanan ng kanyang amo at may pananagutan sa kanyang kawan). [Isinalaysay ni Bukhari at Muslim]

Alam ng isang Muslim ang kanyang tungkulin sa buhay at pinaparamdam ang kanyang responsibilidad sa lipunan, at kailangan niyang sumali sa mga bagay-bagay at pag-aalaga dito at pagturo sa mga tao upang makinabang sila. At ang pinakadulong sitwasyon ay dapat maging responsable ang Muslim sa harap ng Allah (swt) sa kanyang sarili, kayamanan, pag-iisip, karangalan, pamilya, at hindi siya gagawa ng bagay

maliban tumutugma sa batas ng Allah (swt) at huwag niyang sayangin ang kanyang oras sa walang pakinabang.

PAGPAPATOTOO (57)

Ginawa ng Islam ang tao na maging responsable sa kanyang tinatahak sa Kabilang-buhay at ginawang ganap ang takbo ng galaw ng tao na naayon sa batas at pag-uugali at pagharap sa seryosong pag-unlad. Ang higit na mabuti rito ay ginawa ng Islam ang bawat sandali sa buhay ng Mananampalataya ang malaking kahalagahan na nagpapanatili. Kaya ang pagsisikap ay kailangang makakuha ng tagumpay sa pamamagitan ng kaligtasan at hindi pwede magpahuli rito.

- Gustav von Kirobnam na isang Austrianong Orientalista at Guro sa Pag-aaral sa Arabya at Islam sa maraming kolehiyo sa Amerika.

37. Pinapahalagahan ng Islam ang Importansiyang Panahon at iginagalang at itinataas.

Karamihan sa Batas ng Islam ay iniuugnay sa oras. Ang Pagdarasal ay mayroong takdang oras at gayundin ang Kawanggawa at Pag-aayuno at Hajj at iba pang mga pagsamba na mayroong limitadong oras. Katotohanan nanunumpa ang Allah (swt) sa Banal na Qur'an sa ilang bahagi ng panahon upang mabigyang pansin ang kahalagahan nito.

وَالْعَصْرِ إِنَّ الْإِنْسَانَ لَفِي خُسْرٍ

Sabi ng Allah (swt) : “isinusumpa Ko sa panahon. Katotohanang ang tao ay nasa kalugian”. {103:1-2}

وَالضُّحَىٰ إِذَا سَجَىٰ

Sabi ng Allah (swt) : “isinusumpa Ko sa umaga. At sa gabi kung ito ay dumilim”. {93:1-2}

وَاللَّيْلِ إِذَا يَغْشَى النَّهَارَ إِذَا تَجَئَى

Sabi ng Allah (swt) : “Isinusumpa Ko sa gabi kapag magtatakip at sa Umaga kapag lumilitaw”. {92:1-2}

عَنْ أَبِي بَرْزَةَ الْأَسْلَمِيِّ قَالَ قَالَ رَسُولُ اللَّهِ -صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ- « لَا تَزُولُ قَدَمَا عَبْدٍ يَوْمَ الْقِيَامَةِ حَتَّى يُسْأَلَ عَنْ عَمَلِهِ فِي مَا أَفْنَاهُ وَعَنْ عِلْمِهِ فِي مَا فَعَلَ وَعَنْ مَالِهِ مِنْ أَيْنَ اكْتَسَبَهُ وَفِي مَا أَنْفَقَهُ وَعَنْ جِسْمِهِ فِي مَا أَبْلَاهُ ». رَوَاهُ التِّرْمِذِيُّ

Inulat ni Abu Barza Al-aslami (r.a.) na sinabi ng Mensahero ng Allah (saws): (Hindi makakaalis ang dalawang paa ng alipin sa Araw ng Pagkabangon hanggang tatanungin siya tungkol sa kanyang edad kung paano niya ito inubos at sa kanyang kaalaman kung ano ang kanyang ginawa at sa kanyang kayamanan kung saan niya ito kinuha at paano ito ginastos at sa kanyang katawan kung paano niya ito ginamit). [Isinalaysay ni Termidi]

At ipinaliwanag ng Propeta (saws) na karamihan sa mga tao ay hindi pinapakinabangan ng maayos ang kanyang oras at kalusungan.

عَنْ ابْنِ عَبَّاسٍ -رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُمَا- قَالَ قَالَ النَّبِيُّ -صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ- « نَعْمَتَانِ مَغْبُونٌ فِيهِمَا كَثِيرٌ مِنَ النَّاسِ ، الصَّحَّةُ وَالْفَرَاغُ » رَوَاهُ الْبُخَارِيُّ

Inulat ni Ibnu Abbas (r.a.) na sinabi ng Propeta (saws): (Dalawang biyaya na kung saan inaaksaya ng karamihan ng mga tao; Ang Kalusungan at ang Bakanteng Oras). [Isinalaysay ni Bukhari]

Ang **مغبون** ay hindi siya kumikita at nakinabang rito.

Gayundin itinuturing ng Islam ang pag-aksaya sa panahon sa anumang walang kabuluhan bilang kakulangan sa Pananampalataya.

38. Ang Islam ay nag-uutos ng pagiging Masigasig at Katatagan sa lahat ng bagay kasama ang paghintulot sa Pag-aliw sa sarili.

Inaanyayahan ng Islam ang pagiging masigasig, matatag, pagpapahalaga, pag-iingat sa anumang walang kabuluhan, at nagbabala

laban sa pagbabaya at katamaran at pag-aksaya sa edad sa walang kabuluhan.

وَمَا خَلَقْتُ الْجِنَّ وَالْإِنْسَ إِلَّا لِيَعْبُدُونِ

Sabi ng Allah (swt): “at hindi Ko nilikha ang mga Engkanto at mga Tao maliban sa sambahin nila Ako”. {51:56}

فَمَنْ يَعْمَلْ مِثْقَالَ ذَرَّةٍ خَيْرًا يَرَهُ مِثْقَالَ ذَرَّةٍ شَرًّا يَرَهُ

Sabi ng Allah (swt) : “Kaya sinuman ang gumawa ng kasing timbang ng langgam na kabutihan ay kanya itong makikita. At sinuman ang gumawa ng kasing timbang ng langgam na kasamaan ay kanya itong makikita”. {99:7-8}

Ang Muslim ay alam kung bakit siya nilikha na para sumamba kay Allah (swt) at ang panulat ay inililista ang kanyang mga gawain.

عَنْ ابْنِ عَبَّاسٍ، رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُمَا قَالَ: قَالَ رَسُولُ اللَّهِ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ لِرَجُلٍ وَهُوَ يَعْظُمُهُ: «اغْتَنِمْ خَمْسًا قَبْلَ خَمْسٍ: شَبَابَكَ قَبْلَ هَرَمِكَ، وَصِحَّتَكَ قَبْلَ سَقَمِكَ، وَغِنَاءَكَ قَبْلَ فَقْرِكَ، وَفُرَاغَكَ قَبْلَ شُغْلِكَ، وَحَيَاتَكَ قَبْلَ مَوْتِكَ» هَذَا حَدِيثٌ صَحِيحٌ عَلَى شَرْطِ الشَّيْخَيْنِ وَلَمْ يُخْرَجَاهُ» رَوَاهُ الْحَاكِمُ

Inulat ni Ibnu Abbas (r.a.) na sinabi ng Mensahero ng Allah (saws) sa lalaki na kanyang pinapangaralan: (Pakinabangan mo ang lima bago dumating ang lima: Ang iyong kabataan bago dumating ang iyong katandaan, At ang iyong kalusungan bago dumating ang iyong karamdaman, At iyong kayamanan bago dumating ang iyong kahirapan, At ang iyong bakanteng oras bago dumating ang iyong trabaho, At ang iyong buhay bago dumating ang iyong kamatayan). [Isinalaysay ni Hakim]

عَنْ أَبِي بَرزَةَ الْأَسْلَمِيِّ قَالَ قَالَ رَسُولُ اللَّهِ -صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ- « لَا تَزُولُ قَدَمَا عَبْدٌ يَوْمَ الْقِيَامَةِ حَتَّى يَسْأَلَ عَنْ عَمْرِهِ فَيَمَّا أَفْنَاهُ وَعَنْ عِلْمِهِ فَيَمَّا فَعَلَ وَعَنْ مَالِهِ مِنْ أَيْنَ اكْتَسَبَهُ وَفَيَمَّا أَنْفَقَهُ وَعَنْ جَسَمِهِ فَيَمَّا أَبْلَاهُ.» رَوَاهُ التِّرْمِذِيُّ

Inulat ni Abu Barza Al-aslami (r.a.) na sinabi ng Mensahero ng Allah (saws): (Hindi makakaalis ang dalawang paa ng alipin sa Araw ng Pagkabangon hanggang tatanungin siya tungkol sa kanyang edad kung paano niya ito inubos at sa kanyang kaalaman kung ano ang kanyang

ginawa at sa kanyang kayamanan kung saan niya ito kinuha at paano ito ginastos at sa kanyang katawan kung paano niya ito ginamit). [Isinalaysay ni Termidi]

Gayundin pinapahintulutan ng Islam na magpahinga ang sarili sa anumang bagay na hindi naman nag-aaksaya sa mga kayamanan at oras at hindi nakakasira sa mga obligasyon at kasiraan ng sarili, bagkus ito ay mabuting gawain at nakakatulong sa katawan at pag-iisip at dahilan upang magkaisa at pagmamahal sa pagitan ng mga tao, Katotohanan ang Propeta (saws) ay nagbibiro sa kanyang mga kasamahan at mga asawa at nagbibiro rin sa mga bata at pinapayagan ang mga bata na maglaro sa kanyang masjid sa araw ng Eid.

أَنَّ عَائِشَةَ قَالَتْ قَالَ رَسُولُ اللَّهِ -صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ- «لَتَعْلَمَ يَهُودُ أَنَّ فِي دِينِنَا فُسْحَةً
إِنِّي أُرْسَلْتُ بِجَنَافِيَةِ سَمْحَةٍ». رواه أحمد

Inulat ni Aisha (r.a.) isang araw na sinabi ng Mensahero ng Allah (saws) : (Upang malaman ng mga Hudyo na sa ating relihiyon ay may kaluwangan at Katotohanan ako ay ipinadala kasama ang matuwid na relihiyon na nagpaparaya). [Isinalaysay ni Ahmad]

Katotohanan ang Batas ng Islam ay nag-aanyaya sa ehersisyo na mayroong pakinabang sa pag-iisip at katawan.

عن عمر بن الخطاب رضي الله عنه : «علموا أبناءكم الرماية والسباحة وركوب الخيل»

Sabi ni Umar (r.a.) : “Turuan ninyo ang inyong mga anak ng paglalangoy at pagpana at pagsakay ng kabayo”.

PAGPAPATOTOO (58)

Ang kaibahan ng Islam ay ang kaluwagan at kaliwanagan at kaayusan na kahit sinong tao sa kahit anong lugar ay kayang tanggapin ito at tumatagos sa kanyang kaluluwa at kalooban mula pa sa simula.

- George Sarton na isang Orientalistang Belgian na lumikas sa Inglatera at pagkatapos sa Estados Unidos ng Amerika.

39. Ipinahintulot ng Islam ang mga Malilinis at ipinagbabawal ang mga Marurumi at nagbabawal sa pag-aaksaya at pagmamalabis.

Walang bagay na kailangan ng isang Muslim sa kanyang buhay maliban na ipinahintulot ito ng Allah (swt) at pinayagan, at walang ipinagbawal ang Islam sa anumang bagay na kinakailangan ng isang Muslim sa kanyang buhay magpakailanman. At ang anumang bagay na ipinahintulot ng Allah (swt) para sa mga tao ay mas marami kaysa mga ipinagbawal.

الَّذِينَ يَتَّبِعُونَ الرَّسُولَ النَّبِيَّ الْأُمِّيَّ الَّذِي يَجِدُونَهُ مَكْتُوبًا عِنْدَهُمْ فِي التَّوْرَةِ وَالْإِنْجِيلِ يَأْمُرُهُمْ بِالْمَعْرُوفِ وَيَنْهَاهُمْ عَنِ الْمُنْكَرِ وَيُحِلُّ لَهُمُ الطَّيِّبَاتِ وَيُحَرِّمُ عَلَيْهِمُ الْخَبَائِثَ وَيَضَعُ عَنْهُمْ إِصْرَهُمْ وَالْأَغْلَالَ الَّتِي كَانَتْ عَلَيْهِمْ فَالَّذِينَ آمَنُوا بِهِ وَعَزَّرُوهُ وَنَصَرُوهُ وَاتَّبَعُوا النُّورَ الَّذِي أُنزِلَ مَعَهُ أُولَئِكَ هُمُ الْمُفْلِحُونَ

Sabi ng Allah (swt): “Mga yaong sumusunod sa iliteratong Mensahero na kanilang matatagpuan sa kanilang kasulatan sa Torah at Ebanghelyo, na nag-uutos sa kanila ng tama at nagbabawal sa kanila ng mali at nagpapahintulot sa kanila ng malilinis at nagbabawal sa kanila ng marurumi at nagpapagaan sa kanilang pasanin at mga tanikala na nakagapos sa kanila. Kaya ang yaong mga sumampalataya sa kanya, at gumalang, at tumulong at sumunod sa liwanag na ipinababa sa kanya, sila ang yaong nagtagumpay”. {7:157}

يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا كُلُوا مِن طَيِّبَاتِ مَا رَزَقْنَاكُمْ وَاشْكُرُوا لِلَّهِ إِن كُنتُمْ إِيَّاهُ تَعْبُدُونَ إِنَّمَا حَرَّمَ عَلَيْكُمُ الْمَيْتَةَ وَالدَّمَ وَلَحْمَ الْخَنزِيرِ وَمَا أَهَلَ بِهِ لغيرِ اللَّهِ فَمَنِ اضْطَرَّ بِغَيْرِ بَاغٍ وَلَا عَادٍ فَلَا إِثْمَ عَلَيْهِ إِنَّ اللَّهَ غَفُورٌ رَحِيمٌ

Sabi ng Allah (swt) : “Oh! mga yaong sumasampalataya, kumain kayo ng mga malilinis na Aming ipinagkaloob sa inyo at magpasalamat kayo kay Allah kung kayo ay sumasamba sa Kanya. Katotohanan ipinagbabawal sa inyo ang patay na hayop at dugo at laman ng baboy at anumang inalay maliban kay Allah, at sinumang nangangailangan na hindi lumabag at hindi lumampas ay walang kasalanan sa kanya, Katotohanan ang Allah ay Mapagpatawad at Maunawai”. {2:172-173}

Pinayagan ng Allah (swt) ang mga malilinis at ipinagbawal ang mga marurumi na nakakasira sa mga tao, Gayundin ipinahintulot ng Allah (swt)

ang mga bawal sa oras ng kagipitan upang maalagaan ang tao at mailigtas ang kanyang buhay.

Patuloy ang Medisina sa ngayon sa pagtuklas sa mga malubhang karamdaman sa maraming mga bagay na ipinagbabawal ng Batas ng Islam.

At pagkatapos ipinagbawal ng Allah (swt) ang pagsasayang at pagmamalabis at nag-utos ng pagtitipid at kabuluhan.

يَا بَنِي آدَمَ خُذُوا زِينَتَكُمْ عِنْدَ كُلِّ مَسْجِدٍ وَكُلُوا وَاشْرَبُوا وَلَا تُسْرِفُوا إِنَّهُ لَا يُحِبُّ الْمُسْرِفِينَ

Sabi ni Allah (swt) : “Oh! mga anak ni Adam, dalhin ninyo ang inyong mga palamuti sa bawat masjid at kayo ay kumain at uminom at huwag magsayang, sapagkat katotohanan hindi Niya minamahal ang mga nagsasayang”. {7:31}

عن جابر بن عبد الله يقول سمعت رسول الله - صلى الله عليه وسلم - يقول « طَعَامُ الْوَاحِدِ يَكْفِي الْاِثْنَيْنِ وَطَعَامُ الْاِثْنَيْنِ يَكْفِي الْارْبَعَةَ وَطَعَامُ الْارْبَعَةِ يَكْفِي الثَّمَانِيَةَ ». رواه مسلم

Narinig ni Jabir bin Abdullah (r.a.) na sinabi ng Mensahero ng Allah (saws): (Ang pagkain ng isa ay sapat sa dalawa at ang pagkain ng dalawa ay sapat sa apat at ang pagkain ng apat ay sapat sa walo). [Isinalaysay ni Muslim]

40. Nag-aanyaya ang Islam sa Pagnenegosyo at Trabaho at Paghahanap-buhay at ipinapahintulot ang Pagbebenta at ipinagbawal ang Pagpapatubo.

Sa lahat ng uri ng panloloko ay ang pagsasamantala sa pangangailangan ng mga tao at gayundin ipinagbawal ang katamaran at pag-asa sa mga tulong ng iba.

وَأَحَلَّ اللَّهُ الْبَيْعَ وَحَرَّمَ الرِّبَا

Sabi ni Allah (swt) : “Tunay ang Pagnenegosyo ay tulad ng Pagpapatubo”. {2:275}

At ipinagbawal ng Allah (swt) ang patubo sapagka't ito ay pagsasamantala sa pangangailangan ng mga tao at sobrang paniningil sa lipunan sa pamamagitan ng mga utang at patubo at inaakala na ito ay isang negosyo at nagpapahirap at nagtatanggal ng biyaya. Katulad sa nangyayari sa ngayon na karamihan sa mga bansa sa mundo na nagkaroon ng krisis at utang at lubhang mahal ang bilihin, at kung susundin lamang ang sistema ng kita sa Islam ay hindi ito mangyayari. Katotohanan nagsimula ang ilang mga banko sa mundo sa paggamit ng patakaran ng kita sa Islam sa oras nalaman nila ang katotohanan.

At ipinahintulot ng Allah (swt) ang pagnenegosyo at pagbebenta at pagbili upang umunlad ang lipunan at magkaroon ng katiwasayan sa biyaya na galing sa Halal at pagpaparami ng mga kayamanan at pag-aalaga sa karapatan ng mga negosyante at karapatan ng mga mamimili na magkasing-tulad, at bawasan ang puwang sa lipunan.

عَنْ جَمِيعِ بْنِ عَمِيرٍ عَنْ خَالِهِ قَالَ سَأَلَ النَّبِيَّ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ عَنْ أَفْضَلِ الْكَسْبِ وَقَالَ «بَيْعٌ مَبْرُورٌ وَعَمَلُ الرَّجُلِ بِيَدِهِ» رَوَاهُ أَحْمَدُ، صَحِيحُ الْجَامِعِ

Inulat ni Jumay'i bin Umair (r.a.) na ayon sa kañyang tiyuhin na nagsabi: May nagtanong sa Propeta (saws) tungkol sa pinakamainam na kinita, sabi ng Propeta (saws): (Mabuting negosyo at gawain ng tao sa pamamagitan ng kanyang kamay) . [Isinalaysay ni Ahmad]

عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ أَنَّ رَسُولَ اللَّهِ - صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ - قَالَ « وَائْتَدَى نَفْسِي بِيَدِهِ لِأَنْ يَأْخُذَ أَحَدَكُمْ حَبْلَهُ فَيَحْتَطِبَ عَلَى ظَهْرِهِ خَيْرٌ لَهُ مِنْ أَنْ يَأْتِيَ رَجُلًا ، فَيَسْأَلُهُ ، أَعْطَاهُ أَوْ مَنَعَهُ »

Inulat ni Abu Huraira (r.a.) na sinabi ng Mensahero ng Allah (saws): “Sumpa sa aking sarili na nasa Kanyang kamay, ang pagkuha ng isa sa inyo ng kanyang tali upang magbuhat ng panggatong sa kanyang balikat ay mas mainam para sa kanya kaysa pumunta sa tao para humingi, minsan bigyan siya o iwasan”. [Isinalaysay ni Bukhari]

عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ عَنِ النَّبِيِّ - صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ - قَالَ « لَأَنْ يَأْخُذَ أَحَدُكُمْ حَبْلَهُ ، ثُمَّ يَغْدُو - أَحْسَبُهُ قَالَ - إِلَى الْجَبَلِ فَيَحْتَطِبُ ، فَيَبِيعُ فَيَأْكُلُ وَيَتَصَدَّقُ خَيْرٌ لَهُ مِنْ أَنْ يَسْأَلَ النَّاسَ »

Inulat ni Abu Huraira (r.a.) na sinabi ng Propeta (saws): “Ang pagkuha ng isa sa inyo ng kanyang tali at pagkatapos pumunta sa bundok upang kumuha ng panggatong at saka ibebenta para makakain at magkawanggawa ay mas mainam para sa kanya kaysa humingi sa mga tao.” [Isinalaysay ni Bukhari]

Ang Islam ay gumagawa ang kanyang mga Tagasunod sa trabaho at nag-aanyaya sa pag-unlad at pagpapatayo ng mga gusali at nagpapakadalubhasa sa trabaho ng may katapatan, ibinalita ng Propeta (saws) na minamahal ng Allah (swt) ang yaong gumagawa ng gawain at naging mahusay, katulad sa Islam na walang ipinagbawal na mga araw sa trabaho.

At nag-aanyaya ang Islam na igalang ang mga nagtatrabaho at pagbibigay ng kanilang buong sahod at huwag silang apihin.

عَنْ عَبْدِ اللَّهِ بْنِ عُمَرَ قَالَ قَالَ رَسُولُ اللَّهِ - صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ - « أَعْطُوا الْأَجِيرَ أَجْرَهُ قَبْلَ أَنْ يَجِفَّ عَرَقُهُ ». رَوَاهُ ابْنُ مَاجَةَ

Inulat ni Abdullah bin Umar (r.a.) na sinabi ng Mensahero ng Allah (saws): “Ibigay ninyo sa empleyado ang kanyang sahod bago matuyo ang kanyang pawis.” [Isinalaysay ni Ibnu Majah]

عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - عَنِ النَّبِيِّ - صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ - قَالَ « قَالَ اللَّهُ تَعَالَى ثَلَاثَةً أَنَا خَصْمُهُمْ يَوْمَ الْقِيَامَةِ رَجُلٌ أَعْطَى بِي ثُمَّ غَدَرَ ، وَرَجُلٌ بَاعَ حُرًّا فَأَكَلَ ثَمَنَهُ ، وَرَجُلٌ اسْتَأْجَرَ أَجِيرًا فَاسْتَوْفَى مِنْهُ وَلَمْ يَعْطِهِ أَجْرَهُ » رَوَاهُ الْبُخَارِيُّ

Inulat ni Abu Huraira (r.a.) na sinabi ng Propeta (saws): “Sabi ng Allah (swt) : Tatlo ang aking magiging kalaban sa Araw ng Pagkabangon; lalaking nagbigay ng kasunduan sa pamamagitan sa Akin subali’t siya ay nagtaksil, at lalaki na nagbenta ng isang malaya at saka kinain ang kanyang halaga at lalaki na nagpatrabaho sa isang manggagawa at sa oras na siya ay nakatapos ay hindi ibinigay ang kanyang sahod.” [Isinalaysay ni Bukhari]

Katotohanan si Adam (a.s.) ay magsasaka, at si Nuh o Noa (a.s.) ay karpentero, at si Idres (a.s.) ay mananahi at si Dawud (a.s.) ay panday at si Muhammad (saws) ay tagapastol ng mga kambing at naglalakbay para sa negosyo sa kayamanan ni Khadijah (r.a.) , at gayundin ang mga kasamahan ng Mensahero ng Allah (saws), meron sa kanila na mangangalakal, magsasaka, panday, guro, naghihijamah, manggagamot at iba pang mga trabaho.

PAGPAPATOTOO (59)

Ang Islam ay nagbabawal sa mga sinasasakupan nito ang paglalaro ng sugal, at pagpasok sa mga transaksyon sa loteriya.

At ipinagbabawal rin ang pagpapatubo sa kahit anong sitwasyon na nagdudulot ng kalungkutan sa mga tao.

- Charles Hamilton na isang sikat na Pulitikong Ingles na pumasok sa Islam.

41. Ang Relihiyong Islam ay gumawa ng espesyal na sistema sa Pagmamana.

Gumawa ito ng mga mahustisyang batas at tumpak tulad ng 1/2, 1/3, 2/3, 1/4, 1/6, at 1/8. Katotohanan sa ibang mga lipunan ay nagpapamana at pumipigil ayon lamang sa kanilang kagustuhan, kaya nagkaroon ng matinding pang-aapi sa mga namatay at sa mga kalalakihan at kababaihan at sa maliliit at iba pang mga kaanib ng pamana, hanggang dumating sa punto na ipamana ang yaman sa mga hayop at ipagkait sa mga karapat-dapat sa mana.

Dumating ang Islam na may dalang buong patakaran at katarungan at si Allah (swt) mismo ang nangasiwa sa hatian ng pamana ayon sa Kanyang Banal na Aklat sa maraming mga talata tulad sa Kabanata ng Kababaihan:

يُوصِيكُمُ اللَّهُ فِي أَوْلَادِكُمْ لِلذَّكَرِ مِثْلُ حَظِّ الْأُنثِيَيْنِ فَإِنْ كُنَّ نِسَاءً فَوْقَ اثْنَتَيْنِ فَلَهُنَّ ثُلُثَا مَا تَرَكَ وَإِنْ

كَانَتْ وَاحِدَةً فَلَهَا النِّصْفُ وَلِأَبَوَيْهِ لِكُلِّ وَاحِدٍ مِّنْهُمَا السُّدُسُ مِمَّا تَرَكَ إِنْ كَانَ لَهُ وَلَدٌ فَإِنْ لَمْ يَكُنْ لَهُ
 وَلَدٌ وَوَرِثَهُ آبَاؤُهُ فَلِلْمُتَّئِلَةِ إِخْوَةُ فَلِلْمُتَّئِلَةِ مِنَ السُّدُسِ مِنْ بَعْدِ وَصِيَّةٍ يُوصِي بِهَا أَوْ دَيْنِ آبَاؤُكُمْ
 وَأَبْنَاؤُكُمْ لَا تَدْرُونَ أَيُّهُمْ أَقْرَبُ لَكُمْ نَفَعًا فَرِيضَةٌ مِنَ اللَّهِ إِنْ اللَّهُ كَانَ عَلِيمًا حَكِيمًا (١١) وَلَكُمْ نِصْفُ
 مَا تَرَكَ أَزْوَاجُكُمْ إِنْ لَمْ يَكُنْ لَهُنَّ وَلَدٌ فَإِنْ كَانَ لَهُنَّ وَلَدٌ فَلِكُمُ الرُّبْعُ مِمَّا تَرَكَنَّ مِنْ بَعْدِ وَصِيَّةٍ يُوصِيَنَّ بِهَا
 أَوْ دَيْنٍ وَلَهُنَّ الرُّبْعُ مِمَّا تَرَكَنَّ إِنْ لَمْ يَكُنْ لَكُمْ وَلَدٌ فَإِنْ كَانَ لَكُمْ وَلَدٌ فَلَهُنَّ الثُّمُنُ مِمَّا تَرَكَنَّ مِنْ بَعْدِ وَصِيَّةٍ
 تُوصُونَ بِهَا أَوْ دَيْنٍ وَإِنْ كَانَ رَجُلٌ يُورِثُ كِلَايَهُ أَوْ امْرَأَةٌ وَهِيَ أَخٌ أَوْ أُخْتٌ فَلِكُلِّ وَاحِدٍ مِّنْهُمَا السُّدُسُ
 فَإِنْ كَانُوا أَكْثَرَ مِنْ ذَلِكَ فَهُمْ شُرَكَاءُ فِي الثُّلُثِ مِنْ بَعْدِ وَصِيَّةٍ يُوصِي بِهَا أَوْ دَيْنٍ غَيْرِ مُضَارٍ وَصِيَّةٍ مِنَ
 اللَّهِ وَاللَّهُ عَلِيمٌ حَلِيمٌ (١٢)

Sabi ni Allah (swt) : “Nagtatagubilin sa inyo ang Allah sa inyong mga anak, para sa lalaki ay katumbas ng dalawang babae. At kung mga babae ay higit sa dalawa ay mapasakanila ang dalawang ikatlo (2/3) sa iniwan, at kung mag-isang babae ay mapasakanya ang kalahati (1/2). At sa kanyang mga magulang ang bawat isa sa kanila ay ikaanim (1/6) sa anumang iniwan kung meron siyang anak na lalaki. Ngunit kung wala siyang anak na lalake, ang magulang ang magmamana mula sa kanya at sa kanyang ina ay ikatlo (1/3). At kung meron siyang mga lalaking kapatid, sa kanyang ina ay ikaanim (1/6) pagkatapos nghanilin na inatasan rito o utang. Ang inyong mga magulang o ang inyong mga anak ay hindi mo alam kung alin sa mga rito ang pinakamalapit sa pakinabang. Ito ay obligasyon mula kay Allah, Katotohanan si Allah ay ang Maalam at ang Marunong.

At sa inyo ang kalahati sa anumang iniwan ng inyong mga asawang babae kung wala silang anak, at kapag meron silang anak ay mapasainyo ang ikaapat (1/4) sa kanilang naiwan pagkatapos ng habilin na kanilang inatasan o utang. At para sa mga asawang babae ang ikaapat (1/4) sa inyong iniwan kung wala kayong anak, at kapag meron kayong anak ay mapasakanila ang ikawalo (1/8) sa inyong iniwan pagkatapos ng habilin na inyong inatasan o utang. At kung ang isang lalake o babae ay magpamana sa walang ninuno o inapo ngunit mayroon siyang isang kapatid na lalake o babae, ang bawat isa sa kanila ay ikaanim (1/6). Ngunit kung sila ay marami, sila ay magkasama sa ikatlo (1/3) pagkatapos ng

habilin na inatasan rito o utang na walang pamiminsala. Ito ay habilin mula kay Allah at ang Allah ay ang Maalam at ang Mapagparaya”. {4:11-12}

Binibigyan ng Islam ng pamana ang mga magulang at anak na lalaki at babae at mag-asawa at mga kapatid na lalaki at babae at gayundin ang mga malalapit na kamag-anak.

Ito ang katibayan sa pag-aalaga ng Islam sa mga kayamanan at pag-iingat nito at pagpapaabot sa mga karapat-dapat na may pangkalahatang katarungan at hustisya na walang kasing-tulad sa iba.

PAGPAPATOTOO (60)

Ang mga patakaran ng Pamana na binanggit sa Qur'an ay umabot ng husto sa hustisya at katarungan. At lumalabas sa pagitan ko at sa mga karapatan ng Pranses at Inglatera na ang batas ng Islam ay nagbibigay sa mga mag-asawa na inaakala ng iba na ang mga Muslim ay hindi pinakikitunguhan ng maayos ang mga kababaihan sa kanilang karapatan sa pamana, katotohanan ito ay walang kasing-tulad sa ating mga batas.

- Gustave Le Bon na isang Orientalista at Pranses na Mananaysay.

42. Pinapahalagahan ng Islam ang mga Mahihirap at Dukha at ginawa ang Zakah na isa sa mga haligi ng Islam.

Binigyan sila ng karapatan sa mga kayamanan ng mga mayayaman, at ito ang Zakah at nilagyan ito ng mga kondisyon at batas upang ipaliwanag ang mga uri ng mga kayamanan na kailangan bigyan ng Zakah at sukat ng Zakah sa bawat uri. Bagkus ginawa ng Islam ang Zakah na ikatlo sa limang haligi ng Islam na kailangang gawin.

Katotohanang binanggit ang utos sa pagbibigay ng Zakah sa Banal na Qur'an na higit kumulang sa (30) na beses at inuugnay ito ng Allah kasama ang Salah na isang matinding haligi ng Islam pagkatapos ng Pananampalataya, at ipinapaliwanag ng Allah ang mga bibigyan ng Zakah sa Banal na Qur'an.

إِنَّمَا الصَّدَقَاتُ لِلْفُقَرَاءِ وَالْمَسْكِينِ وَالْعَامِلِينَ عَلَيْهَا وَالْمُؤْتَفَةِ قُلُوبِهِمْ وَفِي الرِّقَابِ وَالْغَارِمِينَ وَفِي سَبِيلِ اللَّهِ وَابْنِ السَّبِيلِ فَرِيضَةً مِّنَ اللَّهِ وَاللَّهُ عَلِيمٌ حَكِيمٌ

Sabi ni Allah (swt) : “Katotohanan ang Kawanggawa ay para lamang sa mga Dukha at Mahihirap at sa mga Manggagawa rito at malalapit ang kanilang puso at pagpapalaya ng mga Alipin at May-utang at sa landas ng Allah at Manlalakbay, Ito ay obligasyon mula kay Allah at ang Allah ang Maalam at ang Marunong”. {9:60}

Kaya iniingatan ng Allah (swt) ang karapatan ng mga mahihirap at dukha upang mabigya sila ng marangal na pamumuhay at hindi pupunta sa paglilimos at karapat-dapat silang tulungan ng lipunan ng mga Muslim at hustisya sa pagitan ng mga mayayaman at mahihirap, at para malinisan ang mga sarili at gayundin ang mga kayamanan na walang panlalait at pamiminsala.

خُذْ مِنْ أَمْوَالِهِمْ صَدَقَةً تُطَهِّرُهُمْ وَتُزَكِّيهِمْ بِهَا وَصَلِّ عَلَيْهِمْ إِنَّ صَلَاتَكَ سَكَنٌ لَهُمْ وَاللَّهُ سَمِيعٌ عَلِيمٌ

Sabi ng Allah (swt) : “Kunin mo mula sa kanilang mga kayamanan ang kawanggawa upang linisan sila at dalisayin rito at ipagdasal sila sapagkat katotohanan ang iyong panalangin ay kapatanagan para sa kanila at ang Allah ang Nakakarinig at Maalam”. {9:103}

وَأُذِينَ فِي أَمْوَالِهِمْ حَقٌّ مَّعْلُومٌ لِّلسَّائِلِ وَالْمَحْرُومِ

Sabi ni Allah (swt) : “At mga yaong sa kanilang mga kayamanan ay may batid na karapatan, para sa namamalimos at sa ipinagkait”. {70:24-25}

Nag-anyaya ang Propeta (saws) sa pagbibigay ng kayamanan at pagpaparami sa kawanggawa kahit pa ito ay kaunti, at nagbabala sa pagiging kuripot at madamot at kapit sa pera.

عَنْ عَبْدِ بْنِ حَاتِمٍ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - قَالَ سَمِعْتُ رَسُولَ اللَّهِ - صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ - يَقُولُ « اتَّقُوا النَّارَ وَلَوْ بِشِقِّ تَمْرَةٍ » رواه البخاري

Inulat ni Adi bin Hatim (r.a.) na kanyang narinig ang Mensahero ng Allah (saws) na nagsabi: “Katakutan ninyo ang Apoy kahit sa pamamagitan ng kalahati ng datiles.” [Isinalaysay ni Bukhari]

عن أبي هريرة - رضى الله عنه - أن النبي - صلى الله عليه وسلم - قال « ما من يوم يصبح العباد فيه إلا ملكان ينزلان فيقول أحدهما اللهم أعط منفقا خلفا ، ويقول الآخر اللهم أعط ممسكا تلفا » رواه البخاري ومسلم

Inulat ni Abu Huraira (r.a.) na sinabi ng Propeta (saws): “Walang mangyayari sa araw na ito sa mga alipin maliban na merong dalawang Anghel na bababa at magsasabi ang isa sa kanila: Oh! Allah bigyan Mo ang nagbigay ng kapalit at sasabihin ng isa: Oh! Allah bigyan Mo ang nagpigil ng kasiraan”. [Isinalaysay ni Bukhari at Muslim]

عن أبي هريرة أن النبي - صلى الله عليه وسلم - قال « شرُّ الطَّعامِ طَعامُ الوَلِيمَةِ يَمْنَعُهَا مِنْ يَأْتِيهَا وَيَدْعَى إِلَيْهَا مِنْ يَأْبَاهَا وَمَنْ لَمْ يَجِبِ الدَّعْوَةَ فَقَدْ عَصَى اللَّهَ وَرَسُولَهُ ». متفق عليه

Inulat ni Abu Hurairah (r.a.) na sinabi ng Propeta (saws): “Ang pinakamasamang pagkain ay ang pagkain sa kasalan sapagka’t pinipigalan rito ang sinumang pupunta at inaanyayahan ang sinumang umaayaw, at sinumang hindi tumugon sa paanyaya rito ay tunay sumuway kay Allah (swt) at Kanyang Mensahero.” [Isinalaysay ni Bukhari at Muslim]

Hindi namuhay ang Propeta (saws) na katulad ng pamumuhay ng mga hari o mayayaman, bagkus namuhay siya bilang mahirap at karamihan sa kanyang mga kasamahan ay mahihirap at dukha.

At ang kanyang bahay (saws) ay iisa lamang ang kuwarto at natutulog siya sa banig at nagmamarka ito sa kanyang likod, at minsan nakakaranas rin siya ng ng gutom at tinatalian niya ang kanyang tiyan ng bato. Bagkus ibinalita ng Propeta (saws) na marami ang makakapasok sa Paraiso na mula sa mga mahihirap tulad sa Isinalaysay sa Muslim.

PAGPAPATOTOO (61)

"Hindi ko nakita ang isang relihiyon na nailatag bilang pangkalahatang batas para sa pagbibigay ng (Zakah) katulad ng Islam. Ang pamayanang Muslim ay masigasig sa pagbabayad ng Zakah para sa kahirapan, at kawalan ng pananamit at kawalan ng tahanan. Isipin natin kung ang buong

mundo ay mapatnubayan ng Islam, marahil walang sinuman sa kalupaan ang mananatiling gutom o nahuhubaran. "

- Berisha Bankmart na isang Thailand educationist na lumaki sa pamilyang Budhismo at naghanap ng marami sa relihiyon para sa sangkatauhan at kabuhayan at pagkatapos yumakap sa Islam.

43. Ang Islam ay relihiyon ng Pagmamahal at Pag-ibig.

Nagtuturo ang Islam sa mga Muslim ng pagmamahal para sa Allah (swt) at ginawa itong pagsamba na nagpapalapit sa isang Muslim tungo sa kanyang Panginoon. Bagkus ginawa ito ng Islam bilang matibay na tali ng Pananampalataya at isa sa mga dahilan ng Pagmamahal ng Panginoon sa Kanyang alipin.

عن البراء بن عازب، قال: كُنَّا عِنْدَ النَّبِيِّ صَلَّى اللهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ فَقَالَ: «أَتَدْرُونَ أَيُّ عُرَى الْإِيمَانِ أَوْثَقُ؟» قُلْنَا: الصَّلَاةُ قَالَ: «الصَّلَاةُ حَسَنَةٌ وَلَيْسَ بِذَلِكَ» قُلْنَا: الصِّيَامُ فَقَالَ مِثْلَ ذَلِكَ حَتَّى ذَكَرْنَا الْجِهَادَ، فَقَالَ مِثْلَ ذَلِكَ ثُمَّ قَالَ رَسُولُ اللَّهِ صَلَّى اللهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ: «أَوْثَقُ عُرَى الْإِيمَانِ الْحُبُّ فِي اللَّهِ وَالْبُغْضُ فِي اللَّهِ» رَوَاهُ أَحْمَدُ

Inulat ni Albara bin Azib (r.a.) na nandoon kami sa Propeta (saws) at siya'y nagsabi: "Alam ba ninyo ang pinakamatibay na tali ng Pananampalataya?" aming sinabi: ang Salah, sabi (saws): (Ang Salah ay mabuti subali't hindi iyon). aming sinabi: ang Ayuno, sabi (saws): (Ganon din hanggang binanggit namin ang Jihad, at kanyang sinabi (saws): gayundin at pagkatapos sabi ng Mensahero ng Allah (saws): "Ang pinakamatibay na tali ng Pananampalataya ay ang Pagmamahal sa Allah at pagkapoot para sa Allah". [Isinalaysay ni Ahmad]

عن معاذ بن جبل فإني سمعت رسول الله -صلى الله عليه وسلم- يقول « قال الله تبارك وتعالى وجبت محبتي للمتحابين في والمتجالسين في والمتزاورين في والمتبازلين في ». رواه مالك

Iniulat ni Muadh bin Jabal (r.a.) na aking narinig ang Mensahero ng Allah na nagsabi (saws): “Ang Allah ang Mabayaya at ang Kataas-taasan ay nagsabi: Karapat-dapat sa Aking pagmamahal ang mga nagmamahalan para sa Akin at nagpupulong para sa Akin at nagbibisitahan para sa Akin at nagbibigayan para sa Akin”. [Isinalaysay ni Imam Malik]

Gayundin ang Muslim na sumasamba kay Allah (swt) dahil sa pagmamahal sa Kanyang Kaluwalhatian at pagmamahal na may pagdakila at pag-angat at pag-amin ng mga biyaya ng Allah (swt) sa kanya at Siya lamang ang karapat-dapat na sambahin na nag-iisa at walang katambal.

يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا مَنْ يَرْتَدَّ مِنْكُمْ عَنْ دِينِهِ فَسَوْفَ يَأْتِي اللَّهَ بِقَوْمٍ يُحِبُّهُمْ وَيُحِبُّونَهُ أَذِلَّةٌ عَلَى الْمُؤْمِنِينَ أَعِزَّةٌ عَلَى الْكَافِرِينَ يُجَاهِدُونَ فِي سَبِيلِ اللَّهِ وَلَا يَخَافُونَ لَوْمَةَ لَائِمٍ ذَلِكَ فَضْلُ اللَّهِ يُؤْتِيهِ مَنْ يَشَاءُ وَاللَّهُ وَاسِعٌ عَلِيمٌ

Sabi ng Allah (swt) : “Oh yaong mga sumasampalataya ang sinumang bumaliktad mula sa inyo sa kanyang relihiyon ay magpapadala ang Allah ng grupo na Kanyang mamahalin at sila ay magmamahal rin sa Kanya, mga mapagpakumbaba sa mga Mananampalataya at mahihigpit sa mga tumatakwil, nakipaglaban sa landas ni Allah at hindi natatakot sa mga panunumbat ng tao, Iyon ang grasya ng Allah na Kanyang ibibigay sa sinumang Kanyang nanaisin at si Allah ay Malawak at Marunong”. [5:54]

Bagkus ang pagmamahal ng Allah (swt) ay isa sa mga pangatlong haligi ng pagsamba na hindi magiging wasto ang pagsamba ng tapat na naniniwala sa kanyang Panginoon maliban rito, at ito ang pagsamba kay Allah (swt) sa pamamagitan ng pagmamahal sa Kanya at Pagkatakot at Paghahangad.

At gayundin sa Muslim na nagmamahal sa lahat ng mga Propeta at Mensahero at mararangal na mga Anghel at nagmamahal sa Propeta Muhammad (saws).

Ang ating pagmamahal para sa Allah (swt) at sa Propeta (saws) ay mas higit pa kaysa pagmamahal natin sa ating mga sarili at mga anak at mga kayamanan at buong sangkatauhan katulad sa nabanggit sa Hadith.

At gayundin sa Mananampalataya na nabubuhay sa pagmamahal sa Allah kaysa pagmamahal sa kanyang pamilya at kamag-anak at buong

sangkatauhan. Katotohanan sinasabi ng Propeta (saws) ang kanyang pagmamahal sa kanyang mga asawa at mga anak at mga kasamahan - Kalugdan nawa sila ng Allah.

PAGPAPATOTOO (62)

Katotohanang naapektuhan ako sa pagiging malawak ng pamayanang Muslim at naramdaman ko ang pagiging marangal nito at pagmamahal sa tao at bigayan sa lipunan katulad sa pagdala sa akin sa paggalang at prinsipyo ng pantay-pantay sa lipunan.

- K. Lal Gaba (Khalid Latif Gaba) na isang politiko at manunulat at mamamahayag, at ipinanganak sa Lahore at galing sa mayamang pamilyang Hindu at may mataas na pinag-aralan at mayroong lugar sa Hindu, at pagkatapos yumakap sa Islam at lumipat sa Mumbai.

PAGPAPATOTOO (63)

Katotohanan ang aking masasabi tungkol sa pagmamahal para sa amin ay katulad sa pang-unawa ng mga Taga-Kanluran na ito ay malapit sa pagnanasang sekswal, subali't sa kahulugan ng pagmamahal sa marangal na tao ay pakiramdam ng taong marangal na ang pundasyon nito ay pagtangga sa sarili at pagiging mapagmataas tungo sa mundo ng kabutihan at kagandahan at katotohanan. At ito ay hindi iniisip ng sinuman at nilalarawan ang pagiging nandito ng tao, ngunit ang lahat ng ito ay mayroon sa kapatiran ng Islam na ginawa ang tao bilang alipin na gumawa para sa kabutihan ng karamihan at tao na ang kanyang hangad ay gumawa ng kabutihan at ang kabutihan ay panghabang-buhay.

- Lady Evelyn Cobbold na isang matalinong Englatera na pumasok sa Islam pagkatapos ng mahabang pagsaliksik at sumulat ng Aklat ng "Pagsaliksik kay Allah".

44. Ang Pagsamba sa Islam ay napakarami at iba't ibang uri.

Ang Pagsamba sa Islam ay hindi limitado sa mga gawain at piling salita katulad ng Salah at Ayuno at Hajj at Kawanggawa at pagbabasa ng Qur'an at iba pang mga kilalang pagsamba.

Bagkus ang anumang minamahal ng Allah (swt) at ikinalulugod mula sa mga gawain at lantarang salita (katawan) at panloob (puso) ay isang pagsamba na bibigyan ng gatimpala ang isang Muslim kahit pa ito ay kakaunti at maliit. Bagkus hanggang sa mabuting layunin ay bibigyan ka ng gantimpala.

Ang buhay ng isang Muslim ay puro pagsamba lahat para kay Allah (swt) at hindi mga tradisyon na walang gantimpala. At hindi sa kanyang buhay ay mayroon para kay Allah (swt) at para hindi kay Allah, at ang Allah (swt) ay pinaparami ang gantimpala at biyaya sa Kanyang mga alipin na walang nakakaalam maliban kay Allah.

قُلْ إِنَّ صَلَاتِي وَنُسُكِي وَمَحْيَايَ وَمَمَاتِي لِلَّهِ رَبِّ الْعَالَمِينَ

Sabi ng Allah (swt) : “Sabihin mo: Katotohanan ang aking pagdarasal at ang aking pag-aalay at ang aking buhay at ang aking kamatayan ay para lamang kay Allah ang Panginoon ng sanlibutan”. {6:162}

مَثَلُ الَّذِينَ يُنْفِقُونَ أَمْوَالَهُمْ فِي سَبِيلِ اللَّهِ كَمَثَلِ حَبَّةٍ أَنْبَتَتْ سَبْعَ سَنَابِلٍ فِي كُلِّ سَنَابِلٍ مِائَةٌ حَبَّةٌ وَاللَّهُ يُضَاعِفُ لِمَنْ يَشَاءُ وَاللَّهُ وَاسِعٌ عَلِيمٌ

Sabi ng Allah (swt) : “Katulad ng mga yaong nagbibigay ng kanilang mga kayamanan sa landas ni Allah ay katulad ng isang butil na tumubo sa pitong uhay at ang bawat uhay ay merong isangdaang butil, at dinadagdagan ni Allah sa sinumang Kanyang nanaisin at ang Allah ay ang Malawak at Marunong” . {2:261}

Ang Muslim kapag ginawang dalisay ang kanyang hangarin sa paggawa sa mga ipinag-uutos at pag-iwan sa mga ipinagbabawal at naging sapat sa kanya ang Halal kaysa Haram at naging matatakutin sa pagsunod kay Allah (swt) , ang mga ipinahintulot at tradisyon ay magiging mga pagsamba sa kanyang pamumuhay.

Katulad ng iyong pag ngiti sa harap ng iyong katapid at pag-alis ng pinsala sa daan at pagiging mabuti sa bisita at kapit-bahay at mabuti sa

mga hayop at pagtanim ng punong-kahoy at paglilinis at pagpapaganda at pagkain at pa-inom at pagtulog at pagsasama ng mag-asawa at pagkawanggawa sa sarili at asawa at mga anak at magandang pananalita at pag-ayos sa mga tao at iba pang mga minamahal ng Allah (swt) at Kanyang kinalulugdan.

Bagkus ang isa sa mga habag ng Allah (swt) sa Kanyang mga alipin ay ang mga gantimpala at biyaya ng mga pagsamba at mabuting gawain ay hindi mapuputol kahit sa kamatayan ng isang tao, bagkus ito ay umaabot sa kanya hanggang kamatayan at makakatulong sa kanya sa pahintulot ng Allah (swt).

عن أبي هريرة رضي الله عنه أن رسول الله -صلى الله عليه وسلم- قال إذا مات الإنسان انقطع عمله إلا من ثلاث صدقة جارية وعلم ينتفع به وولد صالح يدعو له. رواه الترمذي

Inulat ni Abu Huraira (r.a) na sinabi ng Mensahero ng Allah (s.a.w): “Kapag namatay ang tao ay naputol ang kanyang gawain maliban sa tatlo; Patuloy na Kawanggawa, at Kaalamang napapakinabangan, at Mabuting anak na nananalangin para sa kanya.” Isinalaysay ni Termidi at itinama ni Albani

PAGPAPATOTOO (64)

Katotohanan ang Islam ay humahatak sa akin sapagka't ito ay nagbibigay sa akin ng buong karunungan sa buhay.

- Michael Holmes na isang Mananaliksik na Ingles at yumakap sa Islam.

45. Nag-aanyaya ang Islam sa Pagtupad ng mga Kasunduan at Pangako at ang ipinagkatiwala.

Kailangan na igalang ito at gayundin ipinagbawal ang panloloko at hindi pagtupad sa usupan hanggang sa mga hindi Muslim.

وَلَا تَقْرَبُوا مَالَ الْيَتِيمِ إِلَّا بآثِي هِيَ أَحْسَنُ حَتَّى يَبْلُغَ أَشُدَّهُ وَأَوْفُوا بِالْعَهْدِ إِنَّ الْعَهْدَ كَانَ مَسْئُولًا

Sabi ng Allah (swt) : “At huwag ninyong lapitan ang yaman ng ulila maliban kung ano ang pinakamabuti hanggang siya ay umabot sa kanyang kalakasan at tuparin ninyo ang kasunduan, Katotohanan ang kasunduan ay isang pananagutan”. {17:34}

At sinabi ng Propeta (saws) ang hindi pagtupad ng mga kasunduan ay isa sa mga palatandaan ng mga Nagkukunwari.

عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ قَالَ قَالَ رَسُولُ اللَّهِ -صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ- « أَدُّ الْأَمَانَةَ إِلَى مَنْ ائْتَمَنَكَ وَلَا تَخُنْ مِنْ خَانَكَ ». رواه أبو داود

Inulat ni Abu Huraira (r.a.) na sinabi ng Mensahero ng Allah (saws): “Tuparin mo ang ipinagkatiwala sa sinumang nagtiwala sa iyo at huwag kang mangloko sa sinumang nangloko sa iyo”. [Isinalaysay ni Dawud]

عَنْ أَنَسِ بْنِ مَالِكٍ قَالَ مَا خَطَبَنَا نَبِيُّ اللَّهِ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ إِلَّا قَالَ « لَا إِيمَانَ لِمَنْ لَا أَمَانَةَ لَهُ وَلَا دِينَ لِمَنْ لَا عَهْدَ لَهُ ». رواه أحمد

Inulat ni Anas bin Malik (r.a.) na kanyang sinabi: Hindi nagsermon ang Propeta ng Allah (saws) maliban na siya’y nagsabi: “Walang paniniwala ang sinumang walang tiwala sa kanya at walang relihiyon sa sinumang walang nagkasundo sa kanya”. [Isinalaysay ni Ahmad]

Ang pagtupad sa mga kasunduan at mga pangako at pagbalik sa ipinagkatiwala ay isang pagsamba na minamahal ng Allah (swt) at minamahal ng mga tao at ang panloloko at traydor ay mga katangian ng mga nagkukunwari.

46. Ang Islam ay nag-aanyaya sa pagtupad at pagsagot ng maganda at pagpapasalamat.

Nag-aanyaya ang Islam sa magandang pag-uugali at ito ang pagtupad at pagpapasalamat sa mga mabubuting tao at mararangal kahit pa sila ay hindi mga Muslim. bagkus ang hindi nagpapasalamat sa tao ay hindi nagpapasalamat sa Allah (swt).

عَنْ أَبِي سَعِيدٍ قَالَ قَالَ رَسُولُ اللَّهِ -صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ- « مَنْ لَمْ يَشْكُرِ النَّاسَ لَمْ يَشْكُرِ اللَّهَ »
رواه أحمد والترمذي

Inulat ni Abu Saed (r.a.) na sinabi ng Mensahero ng Allah (saws): “Ang sinumang hindi nagpapasalamat sa tao ay hindi nagpapasalamat sa Allah”. [Isinalaysay ni Ahmad at Termidi]

هَلْ جَزَاءُ الْإِحْسَانِ إِلَّا الْإِحْسَانُ

Sabi ng Allah (swt) : “Ano ang gantimpala ng kabutihan maliban sa kabutihan”. {55:60}

Ang Propeta (saws) ay tumatanggap ng regalo at nagbibigay ng pabuya rito at nagbabayad ng utang ng mas mainam pa kaysa rito katulad sa pagtupad ng Propeta (saws) sa kanyang mga asawa at kasamahan at kamag-anak at sa lahat ng tao at hindi niya kinakalimutan ang kanilang mga kabutihan.

Siya ay taos-puso at nagpapasalamat sa kanyang tiyuhin na si Abu Talib kahit hindi siya nagmuslim sapagka’t siya ay tagapagtanggol ng Islam at gayundin sa digmaan sa Badr na ipinagbawal ng Propeta (saws) na patayin ang ibang mga Pagano kahit siya ay lumabas kasama ang kanyang tribo para sa digmaan dahil meron siyang ginagawang mabuti sa mga Muslim sa Makkah.

Bagkus ang Propeta (saws) ay mabuti hanggang sa mga hayop at nagutos na maging malambot sa mga ito kapag umabot sa katandaan. At sa panahon ng Propeta (saws) mayroong babae na bihag ng mga kalaban at saka nakayanang sumakay sa isang kamelyo at tumakas hanggang pumasok siya sa Madinah at nangako ang babaeng ito na kakatayin ang kamelyo bilang kawanggawa kay Allah.

Ipinagbawal ng Propeta (saws) sa kanya at nagsabi: “Kaluwalhatian kay Allah, napakasama ang igaganti mo sa hayop”. [Isinalaysay ni Muslim]

47. Ang Islam ay nag-aanyaya sa Kalinisan at ginawa ito bilang pagsamba.

Ang Islam ay nag-aanyaya sa Kalinisan at pagtanggap sa mga basura at pag-aalaga sa kalinisan ng katawan at damit at lugar. Katulad sa pag-aanyaya ng Islam sa paliligo at ginawang obligasyon ito sa ibang sitwasyon at isinabatas ang paghuhugas at pagsasagawa ng Wudu at pagmumog at pagsinga at pagbabawas ng mga kuko at pag-anyaya sa paglinis ng bunganga at mga ngipin gamit ang siwak at iba pa. at gayundin nag-anyaya ang Islam sa pabango at kaayusan at pagsuot ng pinakamagandang pananamit at iba pa na wala sa ibang relihiyon maliban sa relihiyong Islam.

إِنَّ اللَّهَ يُحِبُّ التَّوَّابِينَ وَيُحِبُّ الْمُتَطَهِّرِينَ

Sabi ni Allah (swt) : “Tunay minamahal ni Allah ang mga nagbabalik-loob at minamahal ang mga nagsipaglinis”. {2:222}

عن عبد الله بن مسعود عن النبي -صلى الله عليه وسلم- قال « لا يدخل الجنة من كان في قلبه مثقال ذرة من كبر ». قال رجل إن الرجل يحب أن يكون ثوبه حسنا ونعله حسنة. قال « إن الله جميل يحب الجمال الكبر بطر الحق وغمط الناس ». رواه مسلم

Inulat ni Abdullah bin Mas’ud (r.a.) na sinabi ng Propeta (saws): “Hindi makakapasok sa Paraiso ang sinumang mayroon sa kanyang puso na kasing bigat ng langgam na pagmamalaki”. Sabi ng tao: Katotohanan merong lalaking na gusto niyang maging maganda ang kanyang damit at sandalyas. Sabi: “Katotohanan si Allah ay maganda at mahal Niya ang kagandahan. Ang pagmamalaki ay pagtangga sa katotohanan at pagbaba sa mga tao”. [Isinalaysay ni Muslim]

Ang Islam ay nag-aanyaya sa kalinisan at kagandahan sa pribadong buhay ng tao at sa pampublikong buhay. Bagkus ang kalinisan at kagandahan ay paniniwala na minamahal ng Allah at pagsamba na merong gantimpala ang Muslim.

PAGPAPATOTOO (65)

“Katotohanan ang pundasyon ng Salah at pagsamba sa pangkalahatang larawan sa relihiyong Islam ay ang Kalinisan o paglilinis sa pisikal at espirital. At ito ang isa sa mga katangian ng relihiyong ito na bukod tangi sa ibang mga relihiyon. Ang paggamit ng tubig sa pagsasagawa ng Wudu bago ang pagdarasal ay ginawa ang Muslim sa tuktok ng kasiglaan sa katawan at pag-iisip, at kapag banggitin natin ang Muslim na gumagawa ng limang beses na pagdarasal sa bawat araw, meron pa bang ibang mabuting pamamaraan sa paggawa ng kalinisan”.

- Doktor Ali Salman Banu na isang Pranses na Doktor na nagmula sa pamilyang katoliko na bumasa ng maraming aklat patungkol sa Islam pagkatapos ng pagyanig ng kanyang paniniwala sa Kristiyanismo at saka yumakap sa Islam.

48. Ang Islam ay nag-aanyaya sa Patakaran at Pagsunod sa pundasyon at mga haligi ng Kapayapaan.

Ang Islam ay nag-aanyaya sa pagsunod sa patakaran at pag-iwas sa kaguluhan.

Ang mga Muslim ay gumagawa ng kanyang mga pagsamba ayon sa oras at katangian na inuutos ng Allah (swt) , at gayundin sa Muslim na gumagawa ng Pagdarasal sa kaayusan sa kanilang linya at pagsunod sa Imam at huwag siyang unahan at magpahuli kahit ang bilang ng mga nagdarasal ay isangdaang libo katulad sa sitwasyon sa Masjid Haram sa Makkah Mukarramah.

Gayundin nag-aanyaya ang Islam sa Muslim na mag-iingat sa babala at maging masigasig at hindi paglagay sa sarili at ang iba sa kapahamakan.

وَأَنْفِقُوا فِي سَبِيلِ اللَّهِ وَلَا تُلْقُوا بِأَيْدِيكُمْ إِلَى التَّهْلُكَةِ وَأَحْسِنُوا إِنَّ اللَّهَ يُحِبُّ الْمُحْسِنِينَ

Sabi ng Allah (swt) : “At gumugol kayo sa daan ni Allah, at huwag ninyong itatapon gamit ng inyong mga kamay tungo sa kapahamakan, at

magpakabuti rin kayo! Sa katiyakang minamahal ni Allah ang mga mapagmabuti”. {2:195}

May matibay na Hadith mula sa Propeta (saws) na kanyang ipinagbawal ang pagtaas ng espada para pantakot at pagtutok sa iba, gayundin din ang pagtutok ng Muslim sa iba gamit ang kutsilyo at ipinagbawal rin na matulog ang tao sa bubong na walang harang at inuutos ang pagpatay ng apoy sa oras ng pagtulog at iba pa. Mula sa pundasyon at mga haligi ng kapayapaan na nangangalaga sa mga kaluluwa at ari-arian.

49. Ang Islam ay nag-aanyaya sa Kabutihan sa mga Hayop at maging maawain sa kanila.

At ipinagbawal ang paglabag at saktan ang mga hayop at pagpatay na walang dahilan kahit langgam. Ayon sa Hadith

عن أبي هريرة - رضي الله عنه - أن رسول الله - صلى الله عليه وسلم - قال « بينا رجل يمشى فاشتدَّ عليه العطش ، فنزل بئرا فشرب منها ، ثم خرج فإذا هو بكلب يلهث ، يأكل الثرى من العطش ، فقال لقد بلغ هذا مثل الأذى بلغ بي فملاً خقه ثم أمسكه بفيه ، ثم رقى ، فسقى الكلب فشكر الله له ، فغفر له . قالوا يا رسول الله ، وإن لنا في البهائم أجرا قال « في كل كبد رطبة أجر » متفق عليه

Iniulat ni Abu Huraira (r.a.) na sinabi ng Mensahero ng Allah (saws): “May taong lumalakad at tumindi ang kanyang pagkauhaw, kaya bumaba siya sa balon at uminom rito, at saka lumabas nang meron asong na nakalawit ang dila sa uhaw at kumakain ng lupa. Kanyang sinabi: Katotohanan ito ay humatong katulad rin sa akin kaya pinuno niya ang kanyang sapatos ng tubig at dinala ito gamit ang kanyang bibig at saka umakyat at pinainom sa aso, kaya nagpasalamat si Allah sa kanya at pinatawad siya”. Sabi nila: Oh Mensahero ng Allah, meron ba kaming gantimpala sa mga hayop, sabi (saws): “Sa bawat hayop na may atay na pinakain ay mayroong gantimpala”. [Isinalaysay ni Bukhari at Muslim]

عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ - عَنِ رَسُولِ اللَّهِ - صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ - قَالَ « غُفِرَ لَأَمْرَأَةٍ مَوْمِسَةً مَرَّتْ بِكَلْبٍ عَلَى رَأْسِ رَكِي يَلْهَثُ ، قَالَ كَادَ يَقْتُلُهُ الْعَطَشُ ، فَزَعَتِ خُفَّهَا ، فَأَوْثَقَتْهُ بِخِمَارِهَا ، فَزَعَتِ لَهُ مِنَ الْمَاءِ ، فَغُفِرَ لَهَا بِذَلِكَ » رواه البخاري و مسلم

Inulat ni Abu Hurairah (r.a.) na sinabi ng Mensahero ng Allah (saws): “Pinatawad ang babaeng mababa ang lipad na napadaan sa aso sa tabi ng balon na nakalawit ang dila at halos mamatay sa uhaw, kaya tinanggal niya ang kanyang sapatos at itinali sa kanyang belo at umigib ng tubig para sa aso, kaya siya ay pinatawad dahil rito”. [Isinalaysay ni Bukhari at Muslim]

عَنْ ابْنِ عُمَرَ - رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُمَا - عَنِ النَّبِيِّ - صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ - قَالَ « دَخَلَتْ امْرَأَةٌ النَّارَ فِي هَرَّةٍ رَبَطَتْهَا ، فَلَمْ تَطْعَمْهَا ، وَلَمْ تَدْعَها تَأْكُلْ مِنْ خَشَاشِ الْأَرْضِ » متفق عليه

Inulat ni Ibnu Umar (r.a.) na sinabi ng Propeta (saws): “Nakapasok ang babae sa Impyerno dahil sa pusa na kanyang itinali at hindi pinakain at hindi niya ito pinabayaan para kumain ng mga peste sa lupa”. [Isinalaysay ni Bukhari at Muslim]

عَنْ جَابِرٍ قَالَ قَالَ نَبِيُّ رَسُولِ اللَّهِ - صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ - عَنِ الضَّرْبِ فِي الْوَجْهِ وَعَنِ الْوَسْمِ فِي الْوَجْهِ. رواه مسلم

Inulat ni Jabir (r.a.) na ipinagbawal ng Mensahero ng Allah (saws) ang pagpalo sa mukha at pagmamarka sa mukha ng hayop. [Isinalaysay ni Muslim]

Ang pagmamarka ay pagpaso ng mainit na bakal.

Sa katunayan mayroong apatnapung Hadith na nagpapaliwanag sa mga karapatan ng hayop at maging maawain sa kanila at huwag maging malupit.

Katotohanan na umabot ang pangangalaga ng mga Muslim sa mga hayop hanggang nagpatayo sila ng mga pribadong organisasyon para alagaan ang mga ligaw na hayop at para protektahan at maalagaan.

Katotohanan may isa sa mga kasamahan ng Propeta (saws) na laging bitbit ang maliit na pusa kaya binansagan siya ng Propeta (saws) na Abu Hurairah bilang kanyang palayaw.

50. Ang Islam ay nagpapahalaga sa kalusungan ng pisikal at mental at sa gamot para sa pangkalahatan.

Ang posisyon ng medikal sa batas ng Islam ay marangal na posisyon at mayroong matinding gantimpala sa Allah (swt) sapagkat ito ay pagligtas sa buhay ng tao. Sa katunayan ginawa ng Allah (swt) sa sinumang nagligtas ng isang buhay ay katulad sa pagligtas ng lahat na tao.

وَمِنْ أَحْيَاهَا فَكَأَنَّمَا أَحْيَا النَّاسَ جَمِيعًا

Sabi ng Allah (swt): “at sinumang bumuhay nito ay parang bumuhay rin ng buong sangkatauhan” {5:32}

Sabi ni Imam Shafi’e: (Pinakamarangal na kaalaman pagkatapos ng kaalaman ng Shari’ah ay ang kaalaman sa medikal).

At karamihan sa mga batas ng Islam ay mga pakinabang medikal at sa kalusungan sa pisikal at mental ng tao. Katulad sa nabanggit sa mga teksto mula sa Qur’an at Hadith na may payong medikal at banggitin natin ang mga pakinabang na bagay sa kalusungan ng tao tulad ng:

يَا بَنِي آدَمَ خُذُوا زِينَتَكُمْ عِنْدَ كُلِّ مَسْجِدٍ وَكُلُوا وَاشْرَبُوا وَلَا تُسْرِفُوا إِنَّهُ لَا يُحِبُّ الْمُسْرِفِينَ

Sabi ng Allah (swt) : “Oh mga anak ni Adam, dalhin ninyo ang inyong mga palamuti sa bawat masjid at kayo ay kumain at uminom at huwag magsayang, sapagkat katotohanan hindi Niya minamahal ang mga nagsasayang”. {7:31}

Utos ng Allah (swt) na kumain at uminom para ingatan ang katawan at ipinagbawal ang pagsasayang at paglulustay sapagkat ito ay nakakasira sa katawan at ugali ng tao.

Binanggit ni Allah (swt) ang pulut-pukyutan sa Qur’an at ipinaliwanag na mayroon itong gamot sa sangkatauhan at binanggit rin ng Propeta (saws) ang itim na buto (Habbatus Sawda) at ipinaliwanag rin na mayroon itong gamot sa lahat na sakit at gayundin ang tubig ng Zamzam bilang mabiyayang tubig sa sinumang uminom nito at gayundin ang langis ng oliba na bilang mabiyayang langis at iba pa.

Nagkasundo ang mga Dalubhasa sa mga nabanggit na teksto mula sa Propeta (saws) sa mga aklat at tinawag nila ito na Gamot ng Propeta. Nabanggit doon ang maraming pang-agham tungkol sa kalusungan na hindi alam ng mundo maliban sa panahon natin sa ngayon.

Karamihan sa mga pagsamba na ginagawa ng Muslim sa kanyang buhay sa pang araw-araw na merong pakinabang medikal tulad ng Wudhu at Pagdarasal at Pag-aayuno at Pag-alaala kay Allah (swt) at iba pang mga pagsamba.

Nagsimula ang kaalaman sa Medikal sa mga Muslim mula noong panahon ng Propeta (saws) at nagsasanay sila ng medikal babae man o lalaki at naging dalubhasa sila at ang iba ay doktor sa operasyon at nagsasagawa ng Hijamah at doktor sa mga mata na tinatawag nilang Kahal at doktor sa mga sakit ng pambabae at sa panganganak.

Umunlad ang kaalaman sa medikal sa mga muslim mula noong Unang Siglo ng Hijri at naitayo ang kauna-unahang hospital sa panahon ni Khalifa Umawi Abdul Malik bin Marwan taong 88 H o 700 sa Kalendaryo ng Gregorian, at ang bilang ng mga doktor sa panahon ng Khalifa Abbasi Muqtadir Billah sa Baghdad ay higit kumulang sa 860 na doktor at sa ikaapat na siglo sa Hijri o sa ikasiyam na siglo ng Gregorian.

Katotohanan maraming sumikat na mga Dalubhasa sa Medisina mula sa mga Muslim noong una pa lamang at sila'y sumulat ng mga aklat na pinag-aralan sa ibang mga pangkalahatang kolehiyo hanggang sa ngayon. Isa rito sa mga Dalubhasa ay si Abu bakr Razi na tinatawag na Galen ng mga Arabo (Dalubhasang Doktor) at si Abu Qasim Zahrani na kilalang Pundasyon ng Operasyon at si Ibnu Sina na tinatawag na pangkabuuang pinuno at si Ibnu Nafis na tinatawag na Nabiga.

Katotohanan na ang simbahan sa kanluran ay nagbabawal ng medisina dahil ang sakit ay parusa mula kay Allah (swt) at hindi maari sa tao na maglihis rito hanggang sa labindalawang siglo.

PAGPAPATOTOO (66)

“May masamang nangyari sa mundo at sa sibilisasyon dahil sa pagbagsak ng mga Arabo at pagbagsak ng kanilang kapangyarihan sa kalugian na walang kapantay”.

- Evelyn Cobbold na isang Briton na marangal at Mananaliksik at nag-aral ng kasaysayan ng Islam at saka yumakap sa Islam

Panghuli sa Aklat

Lahat na Papuri ay kay Allah (swt) dahil sa Kanyang biyaya ay natapos ang mga kabutihan.

Sumakanya nawa ang kapayapaan at pagpapala ni Allah sa ating propeta na si Muhammad at sa kanyang mga pamilya at mga kasamahan.

REPERENSIYANG MGA AKLAT

- Mga Pagpapatotoo

(1-2-3-4-5-6-7-8-9-10-11-12-13-14-15-16-17-18-19-20-21-22-23-24-25-26-27-28-29-30-31-32-33-34-35-36-37-38-39-40-41-42-43-44-45-46-47-48-49-50-51-52-53-54-55-56-57-58-59-60-61-62-63-64-65-66)

Galing sa Aklat na (Ano ang sinasabi nila tungkol sa Islam) kay Doktor Imaduddin Khalil

- Mga Pagpapatotoo

(5-9-21-29-65-45) galing sa Aklat na (Bakit sila Nagmuslim) na nag-akda ay si Muhammad Khair Yusof.

- Mga Pagpapatotoo

Numero 22 galing sa aklat na (Ma'al Rael Awwal li Muhib) na nag-akda ay si Muhibbudin Khatib.

- Mga Pagpapatotoo

Numero 55 ay galing kay sa Youtube

- Mga Pagpapatotoo

Numero 48 ay galing sa website sa Jazirah

- Mga Pagpapatotoo

1 at 2 tignan sa Mawsuah Hurrah (Wikipidea)

TALAN NG NILALAMAN

ANG AKLAT NG LIMAMPUNG KAHUSAYAN NG RELIHIYONG ISLAM	1
PAMBUNGAD.....	3
1. Ang Islam ay nag-aanyaya tungo sa Kaisahan ng Allah (swt), Pagdakila at Pagpapalaya sa mga Tao mula sa Pang-aalipin maliban kay Allah (swt).	5
2. Ang Islam ay naniniwala sa lahat ng mga Propeta, Mensahero at sa lahat ng mga Aklat mula sa Langit at ang Qur'an ang nagpatotoo rito.	7
3. Ang Islam ay Mataas na Pangrelihiyon at Panghuling Relihiyon mula sa Kalangitan.	10
4. Ang Islam ay may magaan na Paniniwala, Malinaw, Sang-ayon sa Kaisipan at Dalisay na Kalikasan.	14
5. Ang Relihiyon ng Islam ay pinangakuan ng Allah (swt) ng Kanyang pangangalaga at ang Kanyang Aklat na Qur'an.	17
6. Pagiging ganap ng Pagkatao ng Propeta (saws).....	19
7. Ang Islam ay nag-iingat sa Limang Mahahalaga sa Buhay ng Tao..	21
8. Ang mga Batas ng Islam (Shariah) ay may mga dahilan at kapakinabangan at binuo ito para maging magaan at maalis ang mga sakuna.	23
9. Pananampalataya sa Tadhana at Kapalaran.	25
10. Ang Islam ay iniingatan ang mga Karapatan ng mga hindi Muslim.	27
11. Ang gantimpala ni Allah (swt) ay ginawang dalawang beses sa sinumang naniwala sa Islam mula sa Angkan ng Kasulatan na mula sa mga Hudyo at mga Kristiyano.	29
12. Pag-ingat ng Islam sa mga karapatan ng Tao at Pagpaparangal sa kanya.....	32
13. Ang Digmaan at Pakikipaglaban sa Islam ay hindi isang mithiin at hangarin.	35

14. Ang Relihiyong Islam ay kumakausap sa Pag-iisip at nag-aanyaya sa Pakikipagtalakayan at Debate sa magandang pamamaraan. 38
15. Ang Islam ay nag-aanyaya tungo sa Kaalaman, sa Pag-aaral at sa Pang-unawa..... 40
16. Nag-uutos ang Islam ng hustisya at nagbabawal ng Pag-aapi. 44
17. Nag-uutos ang Islam sa Pag-aanyaya tungo sa Allah (swt) at Pagpapaabot ng Relihiyong ito..... 46
18. Ang Islam ay ang Relihiyon ng Dalisay na Kalikasan. 48
19. Ang Islam ay ang relihiyon ng Kapayapaan at Katiwasayan at awa sa sanlibutan at nagbabawal ng Terorista. 51
20. Ang Islam ay ang relihiyong sa pagitan ng mga Materyal at Espiritwal at sa gitna ng pagsamba kay Allah (swt). 54
21. Ang Islam ay nag-aanyaya sa Konsultasyon sa pagitan ng mga Muslim at pagbabahagi ng Opinyon..... 58
22. Ang Islam ay relihiyon ng grupo at samahan at hindi paghihiwalay.....60
23. Ang Islam ay nagpapahalaga sa pagbitaw ng salita at nag-uutos na ingatan ang dila..... 62
24. Ang Islam ay relihiyon ng Panglungsod at Sibilisasyon at Pag-unlad at nag-aanyaya na magpatayo ng mga Gusali sa mundo..... 63
25. Ang Islam ay nag-aanyaya sa Pagbalik-loob at Pagbalik sa Allah ang Kataas-taasan..... 67
26. Ang Islam ang pinakamatindi o pinakamahusay na paraan sa Kaayusan at nagtuturo sa kanyang mga tagasunod sa pagmamasid ng Allah (swt). 69
27. Nag-uutos ang Islam ng Katapatan at nagbabawal ng Kasinungalingan. 72
28. Nag-uutos ang Islam ng mga mabubuting asal at nagbabawal ng kasamaan. 73
29. Inayos ng Islam ang relasyon sa pagitan ng Tagahatol at Nasasakdal. 76

30. Ang relihiyon ng Islam dumating para paligayahin ang sarili ng Sangkatauhan..... 78
31. Ang Islam ay nag-aanyaya sa Kasal at pag-ingat sa sarili at Pananatili sa Sistema ng Pang-pamilya..... 80
32. Pinarangalan ng Islam ang mga kababaihan at binigyan ng lahat ng kanyang mga kailangang pang-karapatan. 84
33. Ang Islam ay nag-aanyaya sa Pagkakaisa, Pagmamahalan, Pagkahabag at Pagtutulungan..... 87
34. Nag-aanyaya ang Relihiyon ng Islam sa kapakinabangan ng iba at ang pagmamahal sa ikabubuti para sa kanila. 89
35. Iniuutos ng Allah (swt) ang pag-ugnay sa mga kamag-anak at sa mga malalapit at pangako sa mga nag-uugnay ng maraming gantimpala. 91
36. Tinuturuan ng Islam ang mga tagasunod nito sa paghawak ng mga responsibilidad at alamin ang kanilang mga katayuan at tungkulin sa buhay. 93
37. Pinapahalagahan ng Islam ang Importansiyang Panahon at iginagalang at itinataas..... 94
38. Ang Islam ay nag-uutos ng pagiging Masigasig at Katatagan sa lahat ng bagay kasama ang paghintulot sa Pag-aliw sa sarili..... 95
39. Ipinahintulot ng Islam ang mga Malilinis at ipinagbabawal ang mga Marurumi at nagbabawal sa pag-aaksaya at pagmamalabis. 98
40. Nag-aanyaya ang Islam sa Pagnenegosyo at Trabaho at Paghahanap-buhay at ipinapahintulot ang Pagbebenta at ipinagbawal ang Pagpapatubo. 99
41. Ang Relihiyong Islam ay gumawa ng espesyal na sistema sa Pagmamana. 102
42. Pinapahalagahan ng Islam ang mga Mahihirap at Dukha at ginawa ang Zakah na isa sa mga haligi ng Islam..... 104
43. Ang Islam ay relihiyon ng Pagmamahal at Pag-ibig. 107
44. Ang Pagsamba sa Islam ay napakarami at iba't ibang uri. 110

45.	Nag-aanyaya ang Islam sa Pagtupad ng mga Kasunduan at Pangako at ang ipinagkatiwala.	111
46.	Ang Islam ay nag-aanyaya sa pagtupad at pagsagot ng maganda at pagpapasalamat.	112
47.	Ang Islam ay nag-aanyaya sa Kalinisan at ginawa ito bilang pagsamba.	114
48.	Ang Islam ay nag-aanyaya sa Patakaran at Pagsunod sa pundasyon at mga haligi ng Kapayapaan.	115
49.	Ang Islam ay nag-aanyaya sa Kabutihan sa mga Hayop at maging maawain sa kanila.	116
50.	Ang Islam ay nagpapahalaga sa kalusungan ng pisikal at mental at sa gamot para sa pangkalahatan.	118
	REPERENSIYANG MGA AKLAT	121